# Manlilikha

Tomo III, 2024




MGA EDITOR
Elyrah L. Salanga-Torralba
U Z. Eliserio

# Manlilikha

Tomo III, 2024

Literary Folio ng mga mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas

MGA EDITOR

**Elyrah L. Salanga-Torralba**
**U Z. Eliserio**

DISENYO NG PABALAT AT MGA LARAWAN SA AKLAT

**Erik Guzman Pingol**

DISENYO NG AKLAT

**Jordan T. Ignacio**

Karapatang-ari © 2024 Mga Awtor at UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi sa alinmang paraan—grapiko, elektroniko, o mekanikal—nang walang pahintulot mula sa mga mayhawak ng karapatang-ari.

Ang Manlilikha ay literary folio ng mga mag-aaral ng malikhaing pagsulat ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas. Ito ay isang publikasyon na inilalathala isang beses kada taon ng DFPP, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas. Ito ay monolingguwal sa Filipino; maaaring maglathala sa rehiyonal na wika sa Pilipinas ngunit may lakip na salin sa pambansang wika. Layunin ng publikasyon ng ito na magsilbing dagdag na plataporma ng mga mag-aaral ng malikhaing pagsulat para sa publikasyon ng kanilang mga malikhaing akda.

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT PANITIKAN NG PILIPINAS
KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
LUNGSOD QUEZON 1101 PILIPINAS
TELEPONO (+63.2) 981.8500 LOCAL 2123

# Nilalaman


1 **Introduksiyon**
*Elyrah L. Salanga-Torralba at U Z. Eliserio*

8 **Walang Tinik ang Rosas na Pitimini; Bakit ang Aming Eskinita, Mayroon?**
*Kaian Isaac Duran*

32 **Ang Pinakamalakas na Gatas**
*Marvin B. Perillo*

45 **Dugo-dugo Gang**
*Joy Argote*

65 **Baston at iba pang mga tula**
*Gerome Nicolas Dela Peña*

74 **Limang Piling Aporismo ni Kumander Sardam**
*Rene Boy Abiva*

81 **Ang Mga Kandilang Sinisindihan ni Kuya Lumin-el**
*Arnold Tristan L. Buenaflor*

119 **Piraso ng Nakaraan**
*G. Jobert dela Cruz Pillas*

138 **Santong Lugar**
*G. Jobert dela Cruz Pillas*

162 **Lupasay**
*Adelle Chua*

176 **Ang Paghatid kay Ni-Siak**
*Arnold Tristan L. Buenaflor*

191 **Ang Dalawang Domeng**
*Erik Guzman Pingol*

222 **Ang mga Awtor**

# Introduksiyon

*Elyrah L. Salanga-Torralba at U Z. Eliserio*

Narito ang pinakabagong tomo ng *Manlilikha*, journal ng mga mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat, sariwang parang bagong katay na baboy. Ano ang pinag-aatupag ng mga kabataang manunulat?

Walang sinasanto ang mga piyesa rito. Ang mga tradisyonal na imahen sa panitikan at kulturang Filipino ay tinutuya, pinaglalaruan, tila ba hindi basura kundi pagsusulat ang intindi ng mga kontributor nang mabasa ang apelang "reduce, reuse, recycle." Sa personal na sanaysay na "Santong Lugar," halimbawa, ni Jobert Pillas, iba ang nailalantad ng liwanag: "Nang puntahan ko ang sinasabing kapilya ng mga matanda ay nagtirik

ako ng kandila. Nilibot ko ang paligid. Kinuhaan ng litrato ang iba't ibang poon na nasa loob. Nandoon ang iba't ibang imahen ni Kristo at sa gitna naroon ang Birhen ng Mulawin. Habang tinitirik ko ang kandila ay nakita ko ang isang imaheng nagpagimbal sa akin. Isang poon na walang ulo. Si Hesus pala!"

Ang imahen din ng kandila ay kinalikot ni Trist'n Buenaflor sa kanyang dulang *Ang mga Kandilang Sinisindihan ni Kuya Lumin-el*. Basahin natin ang antropomorpismo ng Binatang Adamos: "Kandila. Ang ilaw ng mahihirap. Ang rilim sa likod ng bagyo. Ang walong silahis ng mga rebolusyonaryo. Ang Espiritu Santo tuwing Pista ng Pestecostes. Ang hudyat ng buhay. Ang simbolo ng pagpanaw. Marami na akong nasindihang kandila sa aking buhay. Panigurado, hindi ako nag-iisa sa pagsaksi sa pagsayaw ng mga apoy sa maninipis na kandilang sinisindihan. Pumipiglas kaya sila? Alam kaya nilang panandalian lamang ang kanilang pagliwanag?"

May pedahogikal na atake ang dula, na maaari nating isakonteksto bilang reaksyon sa dominasyon, sa isang banda, ng espektakulo (*Rak of Aegis*, *Ang Huling El Bimbo*), at, sa ibang banda, ng tahimik (*Fermata*, *Suor Clara*).

Ang mga ordinaryong bagay ay natatanggal sa karaniwang lugar nila, at dito nagsisimula ang gulo. Sa maikling kuwentong "Walang Tinik ang Rosas na Pitimini," dislokasyong dulot ng matinong serbisyong pampubliko ang tutulak sa banghay: "Sa loob ng isang linggo, tatlong beses nawawalan ng

kuryente ang kalye ng Pitimini. Para tuloy langaw na nagtitipon-tipon sa pinagsasaluhang dumi ang mga tao sa labas ng bahay tuwing blackout. Ang pinagkaiba, tsismis ang pinapapak ng mga ito. Pinag-uusapan nila ang dahilan ng pagputol ng mga pulis at tauhan ng Meralco sa mga kableng ilegal na nakakabit sa poste—ang mga "jumper.""

Samantala, bilang haharap nang buo sa mga magiging epekto nito, malay na malay ang mga batang manunulat sa krisis sa klima. Pakinggan natin si Erik Pingol, sa maikling kuwento niyang "Ang Dalawang Domeng," tungkol muli sa dislokasyon: "Lumikas ang mga tao patungo sa gymnasium ng paaralan nila Bee. Gamit ang kakaunting rescue equipment ng barangay, gaya ng rubber boat at ilang life vest, ay sinagip nila ang ilang residenteng naiwang trapped sa kanilang mga bahay, kanilang mga bubong. Isa si Bee sa mga sumagip ng tao lulan ng rubber boat."

Sa unang basa'y, aakalain mong nais lamang magpatawa o magbigay sa atin ng palaisipan si Marvin Perillo sa akda niyang "Ang Pinakamalakas na Gatas." Lunan ng akda ang kuwento ng mga merchandiser ng gatas na hindi ipinapaalam sa publiko. Agawan sa espasyo, pangamba sa non-renewal, at pagmanman sa bawat ikinikilos ang araw-araw na pakikipagsapalaran ng mga manggagawa sa isang espasyong ipinagkakait ang kanilang karapatang pantao. Kung hindi lang masaklap at kahabag-habag ang kanilang kalagayan, ay maaari kang matawa sa inis

o pagkasiphayo dahil ang mga tauhan ay ipinakita na walang pagkakaiba sa kanilang ibinebenta't iniingatang produkto ng gatas. Walang mga pangalan kundi ang pagkakakilanlan lamang batay sa mga produktong kanilang binabantayan. Iisipin mong brand war ng mga gatas ang nangyayari sa kuwento (o libreng promosyon ng mga produkto) pero ang totoo, ang gatas, gaano man kahaba ang listahan ng nutrisyon o bitaminang nagpapalakas sa mga ito, ay karaniwang gatas lamang na kailangang paghirapan ng ordinaryong taong bilhin habang kumakalam ang sikmura. Sabi nga sa kuwento, "wala pa ring tatalo sa Alaska" pero mas kahindik-hindik pa ring isipin na wala pa ring tatalo sa pagiging gahaman ng mga naglalakihang korporasyon na patuloy na pinagsasamantalahan ang karaniwang taong nagsusumikap lamang mabuhay nang marangal at may dangal sa buhay.

Mapangahas ang sanaysay na "Dugo-dugo Gang" ni Joy Argote sapagkat isinalaysay ng persona ang katotohanan sa likod ng mga nagiging biktima ng mga modus ng mga sindikato—na tinatanggalan tayo ng katinuan dahil sa ating bulnerabilidad sa sitwasyon. Heto ang isang akdang masasabing nagpapakatotoo lamang. Kung ilalarawan rin sa Ingles, raw. Maaaring basahin na isang magaspang na aspekto ito ng akda ngunit sa pamamagitan ng rawness na ito at ang pagiging totoo ng akda naikikintal ang halaga ng buhay at ugnayan ng pamilya sa pamamagitan ng pagmamahal ng isang anak na handang isugal ang lahat-lahat para lamang sa kaligtasan ng mga mahal niya sa buhay. Hindi nga ba't ganito tayo kung magmahal? Walang katwiran kung minsan

ngunit nauunawaan pa rin kung bakit natin kailangang gawin ang nararapat at ang sa tingin natin ay tama anuman ang sabihin ng iba.

Sa tulang “Salamin” ni Gerome Nicolas Dela Peña, naitanong ng persona ito: “Ano ang nakikita sa hindi nakikita?” Ang kaniyang koleksiyon na “Baston At Iba Pang Tula” ay isang pag-aaral sa pandama at pakiramdam. Tinuturuan ang mambabasang kumilates sa “hindi nakikita” habang binabagtas ang “estrangherong daan” bilang bulag at masahista. Ano ang sukatan ng pagkatao? Naroon ba sa halaga’t serbisyong kaya nitong ipaubaya o tiisin? O naroon sa pagtatalunton sa kawalan at kairalan na maaaring ituring na “tila paghahagis ng barya sa balon ng pag-iisa.” Sa bandang huli, mayroon palang “nakikita sa hindi nakikita.”

Mapaglaro naman ang akdang “Limang Piling Aporismo ni Kumander Sardam” ni RB Abiva. Sa isang banda, ginagamit nito ang anyo na, sa Kanluran, ang pinakasikat sigurong practioner ay ang maka-kanang si Nietzsche. Sa ibang banda, hindi naman maikakaila ang pagkiling ni Abiva sa mga api: “Huwag mamaliitin ang taong gutom,” sabi niya sa isa. Sa isa pa: “Huwag kayong mamanginoon.” Babala naman ang isa pa: “Matagumpay mo ngang naibilanggo” pero sila ang may dala ng sulo na “sa iyo’y ilalatigo.” Kasama ng mga bersiyong Filipino ang salin ni Abiva sa sariling akda sa Ilocano at Ingles. Marahil sa panahong ito ng social media, pagsusugal sa cellphone, at

krisis sa klima, pinakaepektibong sandata pa rin ang panitikan para sa pagbabagong panlipunan. Ibigay natin, kung gayon, ang huling salita sa ika-5 aporisimo ni Abiva: "Ang taong palabasa'y nailalayo/ Sa madalas na pasyadong palso/ Lalo na kung gagamitan ng talas ulo/ Ay tiyak ligtas sa kalaboso."

Isang pagsasalaysay sa naratibo ng pagkimkim at kamuwangan ang makikita sa akdang "Lupasay" ni Adelle Chua. Ibinabalik ang mambabasa sa dekada 80 nang naglulupasay ang persona dahil tumanggi ang nanay nitong isama siya sa disco. Paglalaro ito sa pagbabalanse sa pag-unawa sa kaselanan ng buhay mula sa mata ng isang bata. Sa pamamagitan ng pagmamasid sa "bahay na hollow block," napagtanto ng bata ang sikreto ng kaniyang nanay at ang kaniyang kinakasamang si Rudy. Nang sabihin ng persona na "Ang malinaw lang sa akin, noong gabing iyon -- noong napagod ako sa kakaiyak at nagdesisyong tumigil na dahil wala rin namang nangyari sa paglulupasay ko -- pagbangon ko, hindi na ako bata," hindi lamang pala ito simpleng pagkukuwento lang ng danas ng buhay, kuwento rin pala ito ng kamalayan.

May kung anong lugod at pangamba sa t'wing tayo'y nagbabiyahe. Lalo na kung ang biyahe ay hindi danas ng pag-iisa kundi danas rin ninyo bilang magkatuwang sa buhay. Simple lamang ang kuwento ni Arnold Tristan L. Buenaflor sa kaniyang akdang "Ang Paghatid kay Ni-Siak." Umiikot ang kuwento sa pagbagtas ng magkasintahang queer sa MRT. May

psycho-social disability si Danel habang unang beses pa lamang nakasakay ng MRT si Ni-Siak na isa ring Igorot. Mayroong nagsasalabid na dinamika ang pagbagtas ng magkasintahan sa MRT. Nagmimistulang tahimik at ordinaryo lamang ito ngunit naroon ang pagdaplis sa relasyon ng kapangyarihan at kasarian. Sino sa kanila ang tunay na nakarating sa kanilang paroroonan?

Ano ang pinag-aatupag ng mga kabataang manunulat? Taong 2024 na. Mamahalin pa rin ang mga cellphone. Marami na ang online apps at online services. Nag-aaway na ang mga henerasyon kung sino ang mas malupit o astig. Pero narito pa rin ang mga kabataang manunulat. Patuloy na nagsusulat para sa pagbabago't paglikha ng realidad na katanggap-tanggap para sa lahat.

# Walang Tinik ang Rosas na Pitimini; Bakit ang Aming Eskinita, Mayroon?

*Kaian Isaac Duran*

Sa loob ng isang linggo, tatlong beses nawawalan ng kuryente ang kalye ng Pitimini. Para tuloy langaw na nagtitipon-tipon sa pinagsasaluhang dumi ang mga tao sa labas ng bahay tuwing blackout. Ang pinagkaiba, tsismis ang pinapapak ng mga ito. Pinag-uusapan nila ang dahilan ng pagputol ng mga pulis at tauhan ng Meralco sa mga kableng ilegal na nakakabit sa poste—ang mga "jumper." Sa bawat hanging ibinubuga ng kanilang pamaypay, at bawat taong nakikiisa sa kumpulan, sari-saring tsismis ang nasasagap ko.

"Ayan kasing si Ate Bebe, jumper na nga, may aircon pa."

"Nako! Makakapal talaga mukha ng mga tao dito. May pang-rebond pero di kayang magpakabit ng kuryente."

"Si Risa nga akala mo mayaman. May pa-SM-SM pa, wala namang pambayad ng ilaw."

Bago lang kami ni Mama rito sa Pitimini. Kalilipat lang namin galing sa bayan ng St. Martha sa Bocaue, Bulacan. Do'n kami dinala ng pamahalaan para sa programa nilang pabahay noong magiba ang tinitirhan namin sa Radial Road 10. Ang kaso, malayo ang bayan sa lahat, maging sa kinabukasan. Kakailanganin pang sumakay ng dalawang tricycle upang makarating sa talipapa't sa Mababang Paaralan ng Batia. Isang dyip pa para sa simbahan, isang bus pa para sa hospital. Wala ring regular na suplay ng tubig kaya't parating mahaba ang pila sa nag-iisang poso ng St. Martha. Mabuti't bukiran ang likod-bahay namin—presko, mainam na tambayan para maging sunod-sunuran sa ugoy ng duyan, at masarap ding paglaruan ang mga nakatumpok na dayami sa gitna ng sakahan. Pero kasabay ng paglisan namin pababang Maynila, ang pag-ugong ng balitang gagawin ding lupa para sa pagpaparami ng pabahay ang bukid. Sa madaling sabi, magiging kamukha na rin ng bahay namin ang aming likuran—mainit, maaligasgas, walang suplay ng tubig, at dahil wala ring kasiglahan ang bayan, baka pati pagkain ay mawalan ng suplay.

Kaya't napagpasiyahan ni Mama na bumalik na lamang sa Tondo dahil malapit din rito ang pribadong paaralan kung saan siya namamasukan bilang dyanitres, at ang paaralang pinapasukan ko bilang estudyante sa hayskul (Grade 10).

Nilibot namin ang kahabaan ng Kagitingan. Dito, pagkatapos ng highway, may isang serye ng mga eskinita na ang mga pangalan ay hango sa mga bulaklak—Doña Aurora, Esmeralda, Bougainvillea, Sunflower, at Carnation. Pero sa Pitimini kami sinuwerteng makahanap ng paupahang bahay na mura at may sariling kubeta't kusina, at ang pinaka-jackpot sa lahat, may sarili akong kuwarto. Legal na rin ang linya ng kuryente at metro ng tubig, hindi tulad ng sa mga kapitbahay namin. Kaya't sa tuwing daraan ang mga trabahador ng Meralco at Maynilad, o kahit pa mga pulis, hindi kami dapat kabahan.

Mag-iisang buwan pa lamang kaming nangungupahan. Nangangapa-ngapa pa sa aming mga kapitbahay. Hindi pa rin kami sanay na araw-araw naming kailangang pagtiisan ang nilalakaran naming lupa na puno ng putik at basura. Subalit sanay na kami sa nakaririnding ingay ng Tondo. Manhid na ang mga tainga namin sa bangayan ng mag-asawang sa umaga ay mahal ang isa't isa, sa gabi nama'y nag-aaway dahil ang lalaki'y lasing na naman. Pero kahit na gano'n, nagpapantig pa rin ang pandinig ko, bumabaligtad ang sikmura, at sumisikip ang aking dibdib sa tuwing nakaririnig ng kalabog mula sa magkasintahang nagbubungangaan at nagpapalitan ng mura. Tumatagos sa

dingding namin, tumatama sa akin, at ako mismo ang umaaray sa masasakit na lagapak ng paghampas ng kamay ng lalaki sa kaniyang kinakasama.

Upang matakasan ang gano'ng tagpo, nilalakasan na lang ni Mama ang TV namin at itinututok ang mga sarili sa panonood ng *Encantadia*. Di bale nang mainis sa pagsusulsol ni Gurna kay Pirena, di bale nang manggigil sa pagiging tuta ni Agane kay Hagorn, at di bale nang mayamot sa katangahan ng mga tauhang kung nakinig lamang sa isinisigaw kong nasa likod nila ang kalaban, hindi sana sila mapapaslang, okey lang, kaysa mabingi kami ni Mama sa pag-aaway ng dalawa.

Naging pamilyar na ako kahit papaano sa mga iilang tao rito sa Pitimini. Ang katapat mismo ng bahay namin ay tahanan ni Toto, na ayon sa mga naririnig ko, ang abala sa pagkakabit ng mga "jumper" sa eskinita. Nang unang linggo namin dito, nagsisigawan ang mga tao sa kaniyang pinto. "Toto! Toto! Brownout! May Meralco kanina, 'yong ilaw! Toto!"

"Tang ina ninyo! Alam ko!" sagot niya.

Mag-isa lang si Toto sa bahay nila. Kapag uuwi ako galing eskuwelahan, lagi ko siyang nakikita sa bintana niya na naghahasa ng mga kutsilyo, nag-aayos ng mga payong, o di kaya nama'y nananahi ng mga suwelas ng sapatos at tsinelas. Sa katawan niyang halos mabali na ang buto sa pagkakasampay ng kaniyang balat, nagagawa pa rin niyang umakyat sa bubungan

tuwing gabi, at tugunan ang pangangailangan sa kuryente ng eskinita, sa ilegal na paraan man.

Sa kanan ng bahay ni Toto, matatagpuan ang sari-saring tindahan ni Nay Edang, isang retiradong guro. Kahit na ang interaksyon lamang namin ay ang pagbili ko ng yelo't ice cream, napakagaan agad ng loob ko sa kaniya. Simula nang umapak ang aking mga paa sa Pitimini, palagi niya akong nginingitian na waring minsan niya akong inalagaan at hinele sa kaniyang mga bisig. Napakagaan tuloy ng loob ko kay Nay Edang. Hindi na rin maalis sa isip ko ang sinabi niya nang ako'y aabutan niya ng sukli. "Hija, pareho kayo ng apo kong bading, ang gaganda ninyo." Ngiti lamang ang naisagot ko. "Kaso wala siya rito, e. Nag-aaral pa." Saka kinuha niya ang palad ko at sinalat ang mga nakaguhit na linya rito. "Magiging maganda ang kinabukasan mo, hija. Napakaganda ng palad mo. Mag-aral kang mabuti at mahalin mo parati ang iyong magulang." At tuluyan nang inabot sa akin ang mga barya.

Abandonado na ang sumunod na bahay sa kaliwa ni Toto pero nakita ko siyang lumalabas-pasok sa pinto nito at may dalang lighter. Sayang tatlo pa naman ang palapag ng bahay at magandang gawing paupahan para sana'y maging produktibo. Linisan lamang ito nang maigi, pinturahan ulit, at palitan ang nabulok nang yero. Pero hayaan na, di na para pakielaman pa ito lalo't di naman ito sa akin. Masyado na akong nagiging tsismosa.

Sa kanto ng Pitimini, may halamanan si Ate Irene. Marami siyang paso na niresiklo mula sa galon ng tubig na may mga tanim na halaman. Nadatnan ko pa siyang nagtatanim ng mga buto ng sunflower at dinidiligan ang mga halaman niya. Sinilip ko sa gilid ng mga mata ko kung may tanim siyang pitimini. Pero wala ako nakitang rosas na maliit ang mga talulot, berdeng-berde ang dahon, at may tangkay na walang tinik. Bukod do'n, hindi rin lumulutang ang natatanging halimuyak ng pitimini, at kung sakaling mayroon, matatabunan din ang amoy nito ng baho dulot ng dumi ng batang hinahayaan lang dumumi sa kung saang bukas na imburnal.

Nakahihiyang dumaan kila Ate Irene. Sa tuwing pupunta ako ng covered court ng Brgy. 39 para manood ng Volleyball, pakiwari ko'y nakatitig ang lahat sa 'kin. Nararamdaman ko ang init ng kanilang mga paningin sa aking balat—waring nanghuhusga, waring kinikilala kung sino ba 'ko. Pero si Jayrene, anak ni Ate Irene, nakipagkaibigan sa 'kin. Inaya niya akong mag-Volleyball minsan pero tumanggi ako dahil sa hiya at nakikiramdam pa. Si Jayrene na rin ang naging tulay ko upang maging kaibigan ko rin sina Weswes at Argel. Magagaling maglaro ng Volleyball ang tatlong ito. Hangang-hanga ako sa liksi ng kanilang mga katawan. Kahit maliliit, kaya nilang tumagal sa ere nang higit sa tatlong segundo at saka papaluin ang bola sa ibabaw ng mga naglalakihang blocker.

Wala namang nagbago sa siklo ng buhay namin ni Mama. Gano'n pa rin kung paano kami nabubuhay dati sa Road 10 at sa Bulacan. Si Mama ang nakatokang magluluto ng pang-agahan namin, sa paaralan na ako magtatanghalian, at kaming dalawa ang mamamalengke para sa aming hapunan. Ngayon, sinigang na baboy ang napag-isipang lutuin ni Mama. Ako nang bahala sa paghuhugas at paghihiwa ng mga gulay, si Mama na ang bahala para sa pagpapakulo, pagtitimpla, pagpapaaasim, at pagpapasarap ng sinigang. At habang pinalalambot niya nang maigi ang baboy, nalalanghap ko na rin ang asim at halimuyak ng sabaw. "Ma, matagal pa po ba?" tanong ko sa kaniya.

"Isang kulo pa, anak. Konti na lang, lalagay ko na ang mga dahon," sagot ni Mama. "Gutom ka na ba?"

"Opo, Ma. Nagutom ako sa amoy."

Nang tikman ni Mama ang niluluto niya't napapapikit pa sa asim, umalingawngaw ang hiyaw ng mga natataranta kong kapitbahay. Nakatitiyak akong may paparating na naman na mga pulis. Magpuputol na naman marahil ng kuryente, maiinis, at magagalit muli dahil "matitigas ang ulo ng mga tao sa Pitimini."

Dali-dali kong inakyat ang balkonahe upang makita ang buong pangyayari. Tumambad sa akin ang nakahelerang kapulisan sa tapat ng abandonadong bahay ng eskinita. Wala silang dalang mga hagdan. Wala ring nakabuntot sa kanila na mga tauhan ng Meralco. Natakot din ako dahil nakaangat ang

kanilang mga baril, at hindi pa mga naka-uniporme ang lahat. Nagsitayuan ang aking mga balahibo. Isang kalabit lamang sa gatilyo ng baril, may masisira, may mawawala, at may magluluksa.

Maya-maya pa, marahas at buong-lakas na sinipa ng nasa unahang pulis ang gutay-gutay nang pinto ng nangungulilang tahanan. Buhat ang mga baril sa itaas ng balikat, hinalughog nila ang kaawa-awang bahay, pinagbabaklas ang mga halos humiwalay nang dingding, at itinaob ang kisame nito paibaba dahil ayon sa kanilang imbestigasyon, pinagpupugaran ito ng mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot. Subalit wala silang nakita—ni isang ebidensya, wala silang natagpuan.

Nakapanlulumo ang sinapit ng haligi't bubungan ng iniwanang bahay. Ilang araw na pala itong minamanmanan ng pulis. Kaya't paroo't parito ang pagputol nila ng mga kable ng kuryente, para puntiryahin din ang droga at ang mga "adik" na nais puksain ng pangulo. Pero bigo silang matunton ang mga gumagamit at nagtutulak.

Kumalma na ang Pitimini nang umalis ang mga pulis. Bagaman panatag na ang kalooban ko't hindi narinig ang putok ng baril, naiwan pa rin ang pangamba't takot sa akin. *Pa'no kung mangyari 'to ulit?* Bababa na ako dahil sumigaw na si Mama na luto na ang ulam. Mabuti't makakakain na kami. Lalo akong ginutom ng mga naganap kanina. Pinagod nito ang aking mata at katawan. Kailangan kong makahigop ng mainit at kumukulo pang sabaw.

Nang isasarado ko na ang pinto ng balkonahe, nakarinig ako ng kalampag ng mga paang humahakbang sa kinakalawang nang mga yero. Marahan ang bawat paghakbang nito—tila nag-iingat sa mga taong makaririnig. Tumingala ako't nakita si Toto na lumilinga-linga habang tumatawid sa bubungan ng abandonadong bahay patungo sa kaniyang bubungan. Iniluwal ng butas nito ang anino ni Toto, at tumambay siya sa kaniyang bintana habang hinahabol ang kaniyang hininga. Sumilip siya sa ibaba, sa kaniyang likuran at mga gilid, kinuha ang lighter, at sinindihan ang yosing nakaipit sa kaniyang tainga.

Kitang-kita ko ang mga mata niya—nanlalaki, naluluha, namumugto, at namumula. Nabuhay muli ang kaba sa aking dibdib, na lalo pang bumulusok nang mabaling ang tingin niya sa 'kin at mapako. Tinititigan niya akong tila may nais na sabihin, na hindi ko mawari kung ano, pero mukhang malalim. Nang maibuga niya na ang usok ng yosi at maibuka ang bibig, sa wakas, nakapagsalita na siya. Ang kaso, nangasim bigla ang aking mukha nang tanungin niya ako. "May sinigang pa kayo? Penge ako."

Kumaripas ako ng takbo pababa kay Mama sa kusina. Hindi ko na inintindi pa ang malalaking agwat ng mga baitang ng hagdan. Diniretso ko ang kusina't dire-diretso ring nilagok ang isang basong tubig. Halos maubusan ako ng hangin sa katawan dahil sa pinaghalo-halong hingal, kaba, at takot. *Bakit kaya nanghihingi ng ulam si Toto? Di kaya'y nagugutom siya?*

“Ano’ng nangyari sa ‘yo, anak?” tanong sa ‘kin ni Mama.

“Wala, Ma. Si Toto, ‘yong sa harap natin, nanghihingi po ng sinigang.”

“O, ano naman? Ano’ng nakakahingal do’n?” tanong niya muli sa ‘kin. “Baka nagugutom din ‘yon, kawawa naman. Bigyan mo muna siya doon sa mangkok natin bago tayo kumain.”

Sinandukan ko ng sinigang si Toto. Dalawang laman ng hiniwa sa maliliit na kasim, iilang piraso ng mga gulay, at nag-uumapaw na umuusok pang sabaw ang binigay ko. Kahit may kaunting panginginig pa sa aking katawan, lumabas ako sa bahay gaya ng utos ni Mama, at tiningala si Toto sa kaniyang bintana. Tapos na siyang humithit ng yosi. Wala na ring sigarilyo pa sa kaniyang tainga. Nilalaro na lamang niya ang lighter, pinapatay-sindi ang apoy nito. Sumenyas na akong bitbit ko na ang hinihingi niyang ulam. Agad naman siyang bumaba.

Nagpasalamat muna si Toto at isinalin ang sinigang sa mangkok do’n sa loob ng kaniyang bahay. Kitang-kita ko mula sa nakatiwang-tiwang niyang pinto ang magulong kalagayan ng kaniyang tinitirhan. Kinakalawang na ang refrigerator niya, hindi na nga rin ako sigurado kung gumagana pa. Nagkalat ang mga sira-sirang payong sa sahig. Ang ibabaw ng kaniyang mesa’y pinamumugaran din ng mga sirang tsinelas, habang ang ilalim naman nito’y punong-puno ng karton. Kung sa’n-sa’n na lamang din nakasampay ang di ko malaman kung marumi ba o malinis

na damit. Ang plastik niyang sofa ay malapit nang mawarak at maging sibak. Hindi na matukoy ng aking sarili kung sa'n ba rito ang kusina, ang sala, at kung sa'n din ang palikuran dahil nakakita ako ng kalderong nakapatong sa inodoro.

Pagbalik ni Toto, tagaktak na naman ang pawis niya sa noo. Nakahigop na siguro ng sabaw. Dala-dala ang mangkok ni Mama, nagpasalamat siya sa akin at nanghingi ng tawad dahil hindi na nahugasan pa ang pinaglagyan ng sinigang. Sabi ko ay okey lang, ako na lamang ang maghuhugas. Kaso, napaatras na naman ang aking ulo, at umangat ang mga kilay nang tanungin niya na naman ako. "May kanin din ba kayo?"

Hindi ko na pinansin pa si Toto. Hinayaan ko na lamang siyang nakatayo sa kaniyang pinto. Pagbalik ko sa bahay, habang kumakain ng hapunan, tinanong ako ni Mama kung nasaksihan ko ba ang paggalugad ng mga pulis sa kabilang bahay kanina. "Opo, Ma. Natakot nga ako do'n kasi may dala pa silang mga baril," sagot ko.

"Mauulit kaya 'yon, anak?"

Hindi ako tumugon pabalik. Dahil maging sa sarili ko mismo, hindi ko alam ang sagot. Gayon man, dama ko ang takot sa mga salita ng aking Mama. Siya rin ay kinilabutan sa mga armadong awtoridad na naghahanap ng mga nagtutulak at gumagamit ng ipinagbabawal na gamot. *Sino ba namang hindi?*

Sa kasarapan ng aming kain, tumaob ang kaldero ng aming kanin at halos sebo na lamang ang natira sa plastik na lalagyan namin ng ulam. Pareho ata kami ni Mama na nalipasan na ng gutom. Nang inihihiwalay ko na ang mga mumung natira sa mga pinggan, tinanong ulit ako ni Mama. "Lipat kaya tayo uli ng bahay, Anak? Ano sa palagay mo?"

"Saan naman po tayo makahahanap ng ganitong paupahan, Ma?

Matagal na katahimikan ang namutawi sa bahay. Ang kalansing ng mga kutsara't tinidor lamang ang maririnig. Nilagay ko na lamang muna ang mga pinggan sa lababo at pinunasan ng basahan ang mesa.

Mahirap maglipat ng bahay—nakapapagod sa pisikal at mental na pangangatawan. Mabuti sana kung bubong lamang at mga sementadong haligi ang maiiwan namin sa aming paglilipat, ayos lang. Ang problema, may alaala ring malilipasan na naman ng panahon. May alaala na namang mabuburo sa sisidlan ng tubig at asin, hahayaang mabulok, at saka lamang kakainin kung sakaling mangulila sa gunita ng nakaraan.

Hanggang ngayong nasa Pitimini na kami, miss na miss ko pa rin 'yong mga araw ng aking pagkabata, na binuo namin ng mga kaibigan ko noon sa kalye ng Mabuhay, at ipinagpatuloy namin sa Bulacan dahil sabay-sabay na giniba ang mga bahay namin.

Sariwa pa sa aking isipan nang maglaro kami ng tago-taguan sa Bulacan. Ang kaibigan kong taya no'n, si Marvin, ay ilang oras na nawala. Imbes na siya ang maghahanap sa amin, siya tuloy ang hinanap namin kasama ng kaniyang nanay dahil naligaw si Marvin sa talipapa. Sabi pa niya no'n, "Magaling akong mag-memorize ng lugar. Kabisado ko na nga to'ng Bulacan kaya kahit sa'n kayo magtago, makikita ko pa rin kayo."

Pagbilang ni Marvin ng sampu, nagtago kami sa isang bahay na wala pang nakatira. Nang makita namin siya na papalapit na sa kung nasa'n kami, tahimik kaming lumipat sa likod-bahay na may isang malaking punong nakatirik at tiyak na mainam na pagtaguan. Sa ilang minuto naming pagtatago kay Marvin, ni isang yabag ng mga paa niya, hindi namin naramdaman. Nagtatawanan pa kaming parang napagtagumpayan ang hamong napakahirap lagpasan dahil sa oras na mahuli ni Marvin ang isa sa amin, ito ang tiyak na mababalagoong. Subalit ang hindi namin alam, diniretso pala ni Marvin ang isang eskinita kung sa'n nakaparada ang TODA ng St. Martha. Bawat sulok ng mga bahay, maigi nitong tiningnan. Bawat puwang na matatagpuan, inasahan ni Marvin na naroon ang kahit na isa sa amin. Pero wala siyang nakita. Kaya't diniretso pa niya ang kalyeng karugtong ng eskinitang pinasukan, hanggang sa makapunta siya sa talipapa, na sa mga oras noon ay pasara na.

Dahil isang oras na ang nakalipas, napagpasiyahan na namin ng mga kaibigan kong lumabas na sa aming

pinaglulunggaan dahil baka nawala na nang tuluyan si Marvin, kawawa naman. Hinanap namin ang kaibigan kasama ng kaniyang nag-aalala at mangiyak-ngiyak na nanay. At do'n nga namin nakita si Marvin sa talipapa, malapit sa tindahan ng mga balde't palanggana, sa tabi ng tindahan ng mga patuka ng manok.

Kahit na gusto naming humalakhak kay Marvin dahil "memorize" niya na nga raw ang Bulacan, mas nauna ang awa namin sa kaibigang muntik nang mawala. Sabay-sabay na lang namin siyang niyakap at hinatid sa kanilang bahay. Buti na lang din ay hindi na siya (at kami rin) pinagalitan ng kaniyang nanay at kinabukasan, pinayagan pang makipaglaro muli sa amin, hindi na nga lang ng tago-taguan.

Iyon ang isang tagpo na sa garapon ng ibinuro kong alala na lamang mababalikan. At ayoko nang magburo ng marami pa, lalo't ang kaibahan kapag gunita ang ibinuro, habang tumatagal, higit itong pumapait.

Natapos na akong maghugas ng pinggan. Hindi na nasundan pa ang pag-uusap namin ni Mama tungkol sa aming paglilipat. Sigurado akong dahil sa nangyari, nag-iisip na si Mama kung sa'n pa ba kami makahahanap ng paupahang katulad ng natagpuan namin sa Pitimini. *Pa'no kung umalis na lang kami sa Tondo? Sa'n naman kami pupunta? Pa'no naman 'yong pag-aaral ko? 'Yong trabaho ni mama? Maayos din kaya 'yong lilipatan namin? Di namin alam. Di kami sigurado.*

Isang linggong tahimik ang eskinita. Hindi na naulit ang paghahanap ng mga pulis sa mga taong tulak at gumagamit ng droga sa Pitimini. Wala nang awtoridad na bumibisita sa eskinita bukod sa mga kagawad at chairman ng Barangay 38. Pero patuloy pa rin sa pagpuputol ng "jumper" ang mga taga-Meralco, at mas humigpit pa nga ang mga ito. Kahit na tanghaling tapat at tirik na tirik na ang araw, sigi sila sa pagtugis ng mga ilegal na kableng pursigido namang binabalik ni Toto sa poste, mabigyan lamang ng liwanag ang Pitimini.

Madaling araw nang gisingin ako ni Mama dahil maaga akong papasok sa paaralan. Umuunat pa ako't kinukusot ang mga mata, nakita ko na naman si Toto na naglalakad sa bubungan ng abandonadong bahay na may dalang plais at maikling kable ng kuryente. Galing siya do'n sa kanto nina Ate Irene, kung sa'n nakatirik ang posteng inaakyat ng mga taga-Meralco sa tuwing sila'y magpuputol ng "jumper." Sinabi sa 'kin ni Mama, buong gabing walang kuryente ang Pitimini. Binalaan na raw ang eskinita na magbabayad ang mga kapitbahay ng higit sa isang daang libo, sakaling mahuhuli muli ang ilegal na mga kable ng kuryente sa poste.

Di pa rin natinag si Toto. Hindi kasi makatulog ang mga tao sa eskinita sa init at lagkit ng katawan dahil sa kawalan ng suplay ng kuryente kahit para sa electric fan man lang. *Mahirap din namang magpaypay lang sa magdamag, nakangangalay sa kamay*. Pagbaba ni Toto sa bubungan, ngumiti lamang siya sa 'kin at

pumasok na sa loob ng kaniyang kuwarto. Himala! Hindi na siya tumambay pa sa kaniyang bintana.

Paglabas namin ni Mama ng bahay, nakita namin si Toto na nakaupo sa de-tiklop niyang higaang gawa sa kahoy. Hayahay siyang nagkakape at kumakain ng pandesal. Saktong nagtama na naman ang mga paningin naming dalawa, at muli kong nasilayan ang mga mata niyang nanlalaki, naluluha, namumugto, at namumula.

Tinanguan lamang ako ni Toto bilang bati at pagtapos niyang higupin ang umuusok pang kape, tinanong niya ako. "Ano'ng ulam natin mamaya?" saka tumawang waring nagbibiro.

Bahagya rin kaming napangiti ni Mama. "Parang pamilya na rin po natin siya, Ma. Hahaha!"

"Oo nga, e! Pero hayaan mo na, anak, kawawa naman 'yon, mag-isa lang din."

"Kaya nga po, Ma. Bigyan na lang po natin siya mamaya ng ulam."

Umoo lang si Mama at naghiwalay na kami para pumunta sa kani-kaniyang paaralan. Sumakay ako ng tricycle, siya naman ay naglakad pa papunta sa terminal ng mga dyip, na ang pila ay mananalo sa palarong pahabaan ng linyang malilikha mula sa mga gamit sa katawan.

Habang nagtuturo ang guro ko, iniisip ko na agad kung ano'ng masarap na ulam para sa aming hapunan. *Kung adobong baboy kasi, kaka-sinigang na baboy lang namin. Kung nilaga naman, baboy na naman, at mahal ang mga rekado. E, kung paksiw na bangus kaya? Masiyadong matinik. Kung kalderetang baka naman, maraming masasayang dahil dadalawa lang kaming kakain ni Mama, at kaunti lang din ang ibibigay kay Toto. Ano na lang?*

Nag-isip pa ako nang nag-isip sa klase hanggang sa umilaw na ang bombilya ng aking utak. *Tama! Galunggong at ginisang sayote!*

Pag-uwi, gaya ng nakagawian, hinintay ko si Mama sa may refilling station ng mineral water ng Wagas Wet and Dry Market, na tapat lamang din ng laundry shop, kung sa'n kami minsan nagpapalaba ng kobre-kama at mga kumot.

"Anak, ano'ng gusto mong ulam?" tanong sa 'kin ni Mama pagkadating na pagkadating niya.

"Galunggong po kaya, Ma, tapos ginisang sayote? Gusto mo rin ba 'yon?"

"Tara, anak! Do'n na tayo bumili ng galunggong sa looban para malapit lang sa mga nagtitinda ng gulay."

Kalahating kilo ang binili naming isda, halagang 100 piso lamang. Pitong pirasong mahahabang galunggong na lalaki raw dahil sa hugis nito. Dalawang sayote lang din ang kinuha

namin, isang sibuyas, isang bawang, limang pisong pamintang durog, at sinabay na ang rin namin ang pagpapagiling ng 50 pisong kasim ng baboy para malaman, habang ang ibang mga sangkap na gagamitin ay meron na sa aming kusina.

Mabilis lang kaming naglakad pauwi sa Pitimini. Gano'n lang din kami kabilis mamalengke, lalo't pang-isang gabi lang naman. Pinaalalahanan ako ni Mama na magsaing na agad bago bihisan ang uniporme kong suot dahil nagugutom na raw siya't wala pa siyang tanghalian.

Pagdating namin sa kanto ng eskinita, natatanaw na namin sa malayo pa lang ang maraming taong nagkukumpulan sa tapat ng aming bahay, at sa pinto mismo ng bahay ni Toto. *Mukhang nagkahulihan na naman ng jumper.* Pero malabong nagtanggal na naman ang mga taga-Meralco ng "jumper" dahil bukas ang ilaw ng mga bahay ng Pitimini.

"Ano'ng meron, anak?" tanong sa 'kin ni Mama na huminto pa para pagmasdang maiigi ang mga nangyayari.

"Hindi ko rin po alam, Ma, e," sagot ko.

"Baka may Meralco na namang dumating."

"Tingnan natin do'n, Ma."

Dala-dala ang mga supot ng pinamalengke naming hapunan, mabilis kong tinungo ang kumpol ng mga taong nakaharang sa harap ng aming bahay. Binalaan pa ako ng

Mama na huwag magmadali at makialam pero hindi ko siya pinakinggan. Higit pa nga akong nagmadali sa paglalakad upang malaman kung ano'ng meron at bakit sila nagtitipon sa pinto ni Toto. Subalit nang ako'y makarating, sari-saring balita ang nasagap ko mula sa bulungan ng mga kapitbahay.

"Ubo nang ubo si Toto."

"Sumuka na nga raw ng dugo."

"Nako! Dalhin na siya dapat sa hospital."

"Di na niya kinaya 'yong sakit niya."

"I-confine na siya, Diyos ko, kawawa naman."

Hindi ko alam kung ano ang aking mararamdaman. Kanina'y nagtanong lamang si Toto kung ano'ng ulam namin ngayong hapon—mukhang okey pa, mukhang malakas pa't nakaakyat pa nga ng bubungan. Ngayon, buhat-buhat na siya ng mga tanod ng barangay palabas ng kaniyang tinitirhan—punong-puno ng mantsa ng dugo ang kaniyang katawan, nanghihina, lupaypay, at wala nang lakas upang idilat pa ang kaniyang mga mata. Ang nakapanlulumo rin, nilabas siya ng mga tanod sa pinto na para lamang posporong inalis sa kahong sisidlan nito, saka isinakay sa tricycle, at kumaripas ng andar papuntang ospital.

Nang mawala ang kumpolan ng mga tao, pumasok na rin ako't nagsaing, naghugas ng isda't giniling na baboy, at hiniwa ang mga sayote sa maliliit. Tahimik naming niluto ni

Mama ang aming hapunan gaya ng katahimikang namumutawi ngayon sa Pitimini. Nakakapanibago ang eskinita—walang mga nagtsitsismisan sa labas, walang nag-aaway na mag-asawa, walang nag-iinuman at kantahan sa videoke.

"Ma, mukhang tahimik po ang Pitimini ngayon, a."

"Oo nga, nak, e. Kawawa naman kasi si Toto."

"Totoo nga po, e. Sumuka na raw siya ng dugo kanina."

"May kanser kasi 'yon sa baga, anak, sabi ni Nay Edang kanina."

"Tapos naninigarilyo pa po siya?"

"Oo, hindi niya siguro mahinto. Nakaraang taon lang, isang litro raw ng tubig ang nakuha sa baga niya. Bumuti naman daw 'yong kalagayan kaso panandalian lang dahil nga nagyoyosi pa rin."

"Kawawa naman siya, Ma. Mag-isa nga lang siya do'n sa bahay niya."

"Gano'n talaga, anak. Sana nga lang ay mabilis siyang gumaling at lumakas. Sinobrahan ko pa naman to'ng galunggong para mabigyan natin siya."

"Di bale na, kain na po tayo, Ma."

Habang naghahain ako sa aming mesa, nanumbalik muli ang ingay ng Pitimini. Nabasag ang kaninang katahimikan ng eskinita nang dumating na naman, sa hindi mabilang na pagkakataon, ang mga tauhan ng Meralco para putulin ang "jumper" na kanina lang ay kinabit pa ni Toto bago siya masugod sa ospital.

"Makukulit talaga ang mga tao rito," sabi ng isang tauhan.

"Hindi na nagtanda talaga, paulit-ulit na lang," dugtong ng kasamahan niya.

"Pagmultahin na ba natin?" tanong ng isa pa nilang kasama.

Hindi na tinagalan ng mga taga-Meralco ang pagtatanggal ng mga ilegal na kable ng kuryente. Pagkalapag na pagkalapag sa eskinita, inaakyat na nila ang poste kila Ate Irene at ginawa ang trabahong iniatas sa kanila. Mabuti't hindi na nila pinagbayad pa ng multa ang mga kapitbahay kong nakiki-"jumper" din. Huwag na lamang daw nilang uulitin. Ang kaso, saan na sila ngayon kukuha ng suplay ng kuryente, gayong ang abala sa pag-akyat-panaaog sa poste ay nakaratay sa ospital, nakikipaglaban sa kaniyang sakit?

Tapos na kaming maghapunan ni Mama. Ang mga natirang galunggong ay itinabi na lamang namin bilang baon bukas sa trabaho't paaralan. Nagpatuloy ang katahimikan sa

Pitimini subalit kitang-kita ko sa bintana namin ang mga nanay na pinapaypayan ang kanilang mga sanggol habang hinihele sa mga bisig nito. Kitang-kita ko rin ang iba pa naming kapitbahay na sa labas ng eskinita pinlanong palipasin ang gabing walang kuryente, walang ilaw, walang hangin.

Ilang hapunan na ang nagdaan. Nakapag-ulam na kami ni Mama ng adobo, nilaga, paksiw, kalderetang baka, bistek, maling, itlog, hotdog, at nakapagsinigang na ulit pero hindi pa nakababalik si Toto sa kaniyang bahay. Nananatiling bakante ang kaniyang tirahan, gaya ng katabing abandonadong bahay—ulila, tahimik, nag-iisa. Ang masklap pa, wala pa ring kuryente ang Pitimini. Ilang gabi nang sa labas natutulog ang mga kapitbahay, at ngalay na ang mga kamay ng mga nanay sa pagpapaypay.

Maaga akong ginising ni Mama, 3:30 pa lang ng madaling-araw. Salamat at Biyernes na, huling araw na para sa linggo ng pagpasok ko sa paaralan. Sana nga'y magpa-laundry na lamang kami bukas ng mga labahan para di na ko mapagod magbanlaw at magsampay ng mga labahin namin ng buong linggo. Bahagya kong sinilip ang labas sa bintana. Mula no'ng huling magputol ng "jumper" ang mga tauhan ng Meralco, 24 oras na bukas ang tindahan ni Nay Edang upang magbigay ng ilaw sa eskinita. Palagi niya nang tinatapat ang bentilador sa mga nanay na nagpapatulog ng kanilang mga sanggol. Minsan, kung kakayanin ng katawan, siya na mismo ang naghehele sa mga bata, sa sandaling magpahinga ang mga magulang nito. Gayon man,

madilim pa rin ang Pitimini. Hindi sapat ang ilaw ni Nay Edang at ilaw namin upang bigyan ng liwanag at buhay ang eskinita.

Bumaba na ako kay Mama na nagluluto na ng almusal. Naligo muna ako, nagbihis, at kumain na ng sinangag at itlog sa mesa. Pero habang nagkakape ako, umalingawngaw ang ingay ng aking mga kapitbahay. 'Yong ingay na mag-iisang buwan nang hindi ko naririnig sa Pitimini. Nagtaka ako kung bakit, kung ano'ng meron sa labas dahil alas kuwatro pa lang ng umaga. *May mga pulis bang nanghuhuli na naman? Dahil imposible namang mga tauhan ito ng Meralco dahil ano pa'ng puputulin nila? Wala na.*

Kaya't dali-dali kong inakyat ang balkonahe't hindi muna sinuot ang polo kong uniporme. Tumambad sa 'kin ang liwanag ng eskinita na ang tagal nang napundi. Bumungad sa akin ang mga kapitbahay kong naghihiyawan sa tuwa dahil ang ilaw ng kanilang mga bahay ay nanumbalik na. Ang kuryente ng Pitimini, nanumbalik na! Rinig na rinig ko, bumabanda sa aking mga tainga ang kanilang mga masasayang sigaw.

Sinipat ko si Nay Edang sa ibaba, do'n sa kaniyang tindahan, nagtatatalon din at may hawak-hawak pang sanggol. Si Ate Irene at Jayrene, nakita kong nakiisa sa hiyawan ng aming mga kapitbahay, kasama sina Argel at Weswes na pumapalakpak pa. Habang ang mga magulang na kababalik lamang sa tulog, ay waring naalimpungatan pero agad ding namutawi ang ngiti sa kanilang mga bagong gising na mukha nang sila'y masilaw sa liwanag ng eskinita.

*Sa wakas, may kuryente na!* Tinawag na ako ni Mama upang bumaba na't magbihis dahil aalis na kami. Maging ako mismo ay natutuwa dahil sumigla muli ang Pitimini. Nang isasara ko na ang pinto ng balkonahe, nakarinig ako ng kalampag ng mga paang humahakbang sa kinakalawang nang mga yero. Marahan ang bawat paghakbang nito—tila nag-iingat sa mga taong makaririnig. Tumingala ako't nakita ang isang pamilyar na lalaking buto't balat ang pangangatawan, at lumilinga-linga habang tumatawid sa bubungan ng abandonadong bahay patungo sa bubungan ng isang pang "abandonado" nang bahay. Iniluwal ng butas nito ang lalaki, at nakuha pang tumambay sa bintana habang iniinom ang baon na tubig. Sumilip ang lalaki sa ibaba, sa likuran, at sa kaniyang gilid, at saka siya humarap sa akin. Kitang-kita ko ang mga mata niya—nanlalaki, naluluha, namumugto, at namumula. At tuluyang napako ang tingin ko sa kaniya nang tanungin niya ako. "May almusal pa kayo? Penge ako.

# Ang Pinakamalakas na Gatas

*Marvin B. Perillo*

Alas singko pa lang ng umaga nasa employees entrance na kami. Mauunang magbukas ang paparating na manadyer o ang katuwang nito sa store bago makapasok sa locker. Habang ang guwardiya'y nagbantay magdamag at siyang naghihintay sa tapat ng pinto. Pagkapasok, patakbo at unahan sa biometrics. Magsusuot muna kami ng vest na brown para sa tulad naming mga merchandiser, kami rin ang mga vendor ng tindahan o mga deployed ng kani-kanilang agency. Green na vest sa mga direct

hired at dilaw naman sa mga bisor. May tahi ng berdeng sinulid ang mga pang-ilalim at pang-ibabaw na suot. Gel kung gel ang buhok sa lalaki at pusod kung pusod naman sa babae. Dahil wala akong gel maya-maya manghihingi na lang.

Bago magbukas nang tuluyan ang supermarket kinakailangan maghakot sa bodega pang-refill sa selling area. Kanya-kanyang kuha ng push-cart para paglagyan ng mga kahon. Paunahan naman makakuha ng hagdan pang-selling area para imbakan ang taas ng gondola. Kung walang pang-refill o walang deliver mula sa mga kumpanyang aming pinagsisilbihan, aba'y siksikin paharap ang mga paninda, tawag namin dito'y forward- forward lang.

"Calling the attention of Alaska merchandiser, Alaska merchandiser please proceed to receiving area, receiving area please."

"Pre, may deliver ka narinig mo ba ang customer service (CS)?" pagpapaalala sa akin ng kumpare ko sa panganay kong anak. Ang matandang Abbot naKapampangan, sunog ang kulay ng balat at naka alsa ang mga ugat sa bisig habang pilit binabalik ang hugis ng mga yuping latang Ensure milk.

Nagtungo at tinanggap ko ang invoice receipt mula sa bisor ng bodega. Tinanggap ang mga naglalakihang kahong mayroong laman na 2.5kg, 1700k, 300g, at 33g. Depende pa sa laman ng kahon nito. Wala na dapat sayanging oras, kamada kung

kamada na. Mag-unload na rin sa selling area para makapag-display.

“O, tinatanghali nang pagdi-display Alaska! Babagal-bagal ka na. Iba na tumatanda. Baka kailangan mo nang magpahinga!” ang pangungutya sa akin nang nakadilaw na vest at basang basang buhok ng bisor sa food selling area.

“Hindi naman po, malakas pa naman ako, saka kararating lang ng delivery ko kaya medyo tinanghali.”

“Bilis bilisan mo kasi kumilos, Alaska baka naman ‘di ka na ma-renew!”

Ito na ata ang pinaka nakatatakot na pwedeng mangyari sa amin. Ang hindi ma-renew. Mabigat ito lalo singkuwenta’y sais na ko. Mahirap magbuno ulit ng mga requirements, sa bagay kada-renew requirements ulit, sa medical baka pumalya kaya kailangan magpalakas pa rin. Nagbebenta nga kami ng gatas ni hindi ako nakainom nito. Kung mabigyan ng kumpanya namin tuwing pasko pa, tapos pa-expire pa. Lumapit si Procter & Gamble (P&G) galing ng nonfood selling area, hila-hila ang sako ng Tide detergent powder. Halos gumuhit sa sahig ang mga tirang powder patungo sa amin.

“Punyeta P&G, ung mga sabon mo kumakalat na sa sahig ko.”

"So-sorry boss, lampasuhan ko bago tuluyang magbukas po ang tindahan" payapos-yapos sa balikat ng bisor at pag-aayos ng kuwelyo nito.

Sabay iniaabot ang gate pass na pinapipirmahan sa bisor ni P&G para mag-break na rin. Kung ano utos ng mga direct hired ng kumpanya nasunod lang kami. Lalo't pag malapit na ma-endo, pakitang gilas ang bawat isa sa amin. Katulad nitong si P&G, diumano sumisipsip, siya rin madalas kasama ng mga bisor, sidekick ng bisor ng food. Ito rin nagbubulong ng mga anumalya sa selling area daig pa ang makapili.

Pagkaalis ng bisor na inakbayan ni P&G, nagsilapit naman ang mga katrabaho ko. Nag- umpukan na kami sa milk section ng gondola.

"Animal talaga yang bondat na yan ano alaska? Hindi na pinahalagahan ang tagal mo rito" sambit sa'kin ni MeadJohnson (MJ).

"Kaya nga, palibhasa bago lang dito sa'tin 'yan." sawsaw rin ni Fonterra (Anchor Milk).

"Hayaan nyo na. Baka di pa ko ma-renew kapag sasagot sagot pa."

"Iba talaga si Alaska, wala pa ring tatalo sa Alaskaaaa!" ang pakantang tugon ni Abbott.

Mag-aalas nuwebe na nagbukas ang supermarket kasunod nito ang pagpaparinig ng customer service (CS) ng recorded na panalangin at Lupang Hinirang. Pero nagkukumpulan pa rin sa milk section. Walang bisor na sumisita. May CCTV naman pero ni wala ring anunsyo para magbawal sa kumpol na diser, salamat naman kahit papano may pahinga sa konting kwentuhan. Sa likod ng CCTV, sa mga monitor nito, may mga matang nanlilisik, hayok sa pagpuna ng mga maling kinikilos ng mga empleyado. Diumano ang nasabing mga camera ay para sa mga shoplifter. Totoo naman, ito rin ang isa sa tinalakay nang orientation namin. Pinag-iingat na mapasukan ng mga magnanakaw, lalo na sa milk section. Pero mas madalas mga kapwa empleyado ang minamatyagan. Kita lahat ang galaw, limitado ang kilos mo.

"Pre, coffee break na muna tayo, alas diyes na rin" pag-aaya ni Abbott. "Maya-maya pre, naghihilot pa ko sa espasyo nitong shelves."

Hindi naglaon kumilos na rin sya. Mukhang kanina pa rin nag-iikot si Abbott sa selling area para magpapirma ng gate pass niya. Kung walang pirma 'di ka makalalabas. Madalas mangyaring nawawala ang mga bisor pag-break, lalo't pag-uwian na. Tila sinasadya na nito. Malamang kinatatakutan nila ang mawalan ng diser kapag dumami ang customer. Hindi nagtagal 'di na rin bumalik si Abbott, baka natagpuan na ang bisor. Ang ibang kasama sa milk section ay nag-coffee break na rin. Naiwan

kami ni MJ at ang nakikitambay na si Monde. Hindi pwedeng sabay-sabay mag- break, may mga insidenteng nananakawan kami ng mamahaling gatas.

“Gondola 4, over!” ang sabi sa radyo ng paparating na guwardiya, niradyo siguro mula sa nakabantay ng monitor ng CCTV.

“Hoy! Hoy! Hoy! Maghiwahiwalay kayo. Kaya tayo nananakawan. Ikaw Alaska magpagupit ka na mahaba na yang buhok mo!” ang sumitang guwardiyang parang laging puno ng laman ang bibig.

“Wala lang po akong gel pa. ‘Di pa po nakabili, maghihingi ako mamaya pagka-break at maglalagay na rin.”

“Saka ‘yang poloshirt mo tahian mo rin ng initial name mo a.” “Opo” tugon ko.

“Tas ‘kaw Monde andito ka nanaman, pumunta ka daw sa admin opis, utusan kang mag survey sa kabilang tindahan” kasabay nang tapik ng guwardiya sa likod ni Monde.

Ang tagal na rin ginagawa ni Monde ang survey, ang pagkuha ng presyo sa shelves ng ibang tindahan, ung price tag mismo. Masuwerte kung may pinadalang pera sa kanya para bilhin ang mga items, mas madalas wala. Pero hanggang ngayon hindi pa rin sinasabi ng kumpanya kung para saan ito. Akala siguro nila tanga ang mga inuutusang diser. Halatang pagkukumpara

sa presyo ng pinakamalalapit na multinational company dito sa ating bansa. Aba'y syempre kung mababa ang presyo sa kabilang tindihan, papantayan ito ng tindahan namin. Anu mapapala ni Monde? O ng diser na mauutusan? Malungkot man isipin pero alang-alang sa renewal ng kontrata sa tindahan para manilbihan.

Gumawa na ko ng pansamantalang tugon sa guwardiya para di na muna masita. Ilang hakbang lang sa fresh area ng mga karne, nagbukas ng gripo at binasa ko nang husto ang buhok, naramdaman ang lamig ng tubig at aircon ng tindahan, at pinaghalong pawis at tubig ng gripo ang siyang nagpakintab ng noo at pagtuwid ng buhok. Konting hawi lang maayos na ulit.

Nag-atubili na akong bumalik, binalikan si MJ, para habang naghihilot ako ng espasyo sa shelves ay may nakakausap man lang. Hinila ko na rin ang hagdang may gulong. Umakyat para maabot ang gawing taas ng shelves. Kinakabig pakanan ang mga gatas ng Nido fortified, pipisa-pisain ng kaunti ang mga naka-foil pack para umimpis. Isusuksuk ang 330g Alaska powdered milk na nakakahon ko para sumakto ang dating bilang ng espasyo nito.

"Alaska, anu na naman iyan?" pagtatanong ni MJ sa ginagawa ko.

"Nagkulang kasi ko ng dalawang space. Itong powder milk ko sa taas, 'yung 330g ko na siksik na."

"Matandang gawain talaga 'yan." Nakakiling na ulo ni MJ.

"Hindi naman. Binabalik ko lang 'yung akin, tutal wala naman akong binawasan sa ibang kasama natin."

"Baka 'yung roving ng Sunny Boy milk ang may gawa n'yan," pagbibintang ni MJ.

Iniisip ko baka nga ang mga roving ang nangunguha ng espasyo. Ito 'yung mga roving na maraming tindahan ang pinagsisilbihan. Kadalasan din sila ang mga may kumpanyang mahina kumita kaya wala silang stationary diser sa store. Mahirap din gawain nila. Magastos sa pamasahe. Ang mga roving galing sa biyahe ay kadalasan tupok sa init, pagpasok sa tindahan pinatutuyo naman ang pawis mula sa lamig ng aircon, mga tatlong oras lang sila doon, pagkatapos sa kabilang tindahan naman. Maaaring malapit lang ang bawat pinagsisilbihang mga tindahan ng roving, malas nila kung magkakalayo ito. Masuwerte kung bayad ng agency ang cash transpo. Dapat handa rin ang bulsa mo para sapat panggamot kapag nagka-tuberculosis. Baka ito na rin ang paraan ng mga roving na magpabango sa kanilang coordinator, maka-quota man lang sa nauumit na espasyo na kadalasan may kapalit na pabuyang pera mula rin mismo sa kanilang agency.

Pababa na ko ng hagdan mula sa pag-aayos ng mga display ko sa gawing taas ng shelves, siyang paparating at

naglalakihang hakbang nitong team leader diser (TLD) ng Nestle at kasunod pa ang dalawa pa niyang partners. Pawisan na dala at halos iwasiwas ang printed copy nitong spacing program ng aming shelves, ang Kunstitusyon umano ng mga diser para sa milk section.

"Pambihira ka naman, kuha nang kuha ng mga space dyan. Ako naman malalagot sa coordinator ko!" pasigaw na pagigiit ni TLD.

"Inayos ko lang."

"Bastusan na talaga ito alaska e 'nu!" tugon naman ng isa pang partner ni TLD, habang ang isa ay binabaklas ang display ko sa taas. Akmang aawatin ko sana nang biglang hinawi ako ni TLD.

"Binabalik ko lang ung nawalang space sa 'kin."

Sa espasyong kadalasan rin ay pinagtatalunan, marahil kakagalitan nga sila ng kani- kanilang mga coor, ang iba naman ay may quota, may incentive, dagdag kita nga naman. Dahil nakilala ang brand na Nido at iba pang produkto ng Nestle, dahil ito'y madalas sa mga commercial at bumubuhay sa mga teleserye at iba pa ng television channels sa Pilipinas. Na parang mga artista ng gatas at gusto mo magpa-autograph, pagkainum ng mga bata ang signature nito ay makikita sa pagdumi.

Sa aking lagay, baka ako naman ang mawalan ng trabaho kung itutuloy ni TLD ang ginigiit nya. Kaya't di na ko nakatiis, itinulak ko s'ya at pilit ko binabalik ang espasyong dapat sa'kin.

"Tangna ka! Matigas din bungo mo tanda! Ito ang print, ito ang patunay kung ilan ka lang sa space" kasabay ng pagduldol ng papel at pagsakal sa'kin, halos di na maabot ng paa ko ang sahig, hindi ako makahinga. Nasusukol na ko. Ang hirap, napakahirap.

Nakita ni Abbott ang ginagawa sa'kin ng tatlo. Patakbong papunta siya sa amin. Hinampas ng kamay ang naglalakihang daliri ni Abbott ang mukha ni TLD, suntok sa sikmura at panga sa dalawang partners nito. Duguan ang ilong ni TLD.

"Naano ka na Nestle! Space lang 'yan. Di ka yayaman dyan," pagdipensa at siyang pagtayo sa'kin ni Abbott.

"Pero magnanakaw si Alaska."

"Magnanakaw? Matagal na tayong magkakasama. Nagpapakamatay ka sa space mo. 'di ka na ba nakuntento isa na kayo sa multinational company."

"Bayad ang spacing ng Nestle kaya malalaki ito" tugon ni TLD habang nagpupunas ng duguang ilong, iniwasan din nya na makita ng mga guard at baka masibak kaming lahat.

"Ang gago mo talaga! Hindi mo ba napapansin, pinag-aaway tayo ng mga kumpanyang iyan. Sila ang yumayaman,

karamihan pa sa mga 'yan ay hindi Pilipino, kung Pilipino man, haft haft half half lang. Sila ang nakikinabang sa atin, ang laki ng kita nila. Tayo walang makitang pag-asa sa buhay ng maginhawa. Tayo-tayo pa ang nag-aaway" ang panduduro ni Abbott.

Habang nagbabalitaktakan sila, napaisip din ako sa sinabi ni Abbott. Pero kung tutuusin magkakalaban kami ng kumpanya, hindi kami mismo. Sa loob ng selling area parang battle arena ito sa mga vendors ng mga multinational companies. Pero ang mismong tindahan ay relax na relax na kumikita sa mga upa. Nangungupahan lang ang mga vendors. Lahat ng espasyo ng tindahan ay binabayaran. Mas malaking kumpanya mas maraming pambayad, mas maperang kumpanya ay mas may puang sa mga estante at shelves ng tindahan. Mga hari ng mga hari ang mga mas mapeperang kapitalista. Parang ang espayong pinagtatalunan ay espasyo din naming manggagawa sa lugar ng mga kapitalista. Tila namumulot kami ng natatapong mumu ng espasyo. Kami kami nagtatalo. Pagtatalo para sa espasyo ng gatas. O baka naman hindi talaga espasyo lang ng gatas ang hangad namin. Baka nga talaga ang iginigiit na espasyo namin ay sa lipunan, ayun nga lang ang espayong ito ay talo.

"Tumigil na kayoooooo! Walang kwenta 'tong pinagtatalunan natin" napalakas ang sigaw ko at nagtinginan ang customers at empleyado ng store. Lumapit na rin ang security guard at internal guard (IS).

"Anu ba kayo, the best pa rin ang gatas ng ina! Mas masustansya kaysa sa mga nakadisplay d'yan," pasigaw ko ulit. Napatawa ang mga kasama pati lahat ng miron. Nakalusot kami sa gusot. Sa hindi pagkakaintindihan. Mukhang lusot na rin sa suspinde o mas malala ay matanggal dahil sa pangyayaring ito.

Tawan -tawa rin si Abbott sabay sabing "Wala pa ring tatalo kay Alaskaaa!"

"Tara inum na lang tayo dyan kay Aling Bebang mamaya pag-out, nagpatira ako ng sisig pulutan, basta Alaska sagot mo na isang mucho ng redhorse" ang pag- aaya ni TLD na tila parang walang nangyari.

"Oo na, basta dagdagan mo na lang ako ng space sa gawing kanan."

Nagkangitian na lang kami, parang mga batang nag-aaway sa iisang laruan. Parang kilalang kilala na ang bawat isa. Nagkasundo na lang sa simple kasunduan na 'di matumbasan ng pera. Nakakagutom na rin ang pagtatalo. Dumating na rin ang kumalam na tiyan ko, ang hudyat na humihingi nang katarungan punan na ito. Ibinalik ang hagdan pakaladkad nang bodega at iniwan na sila, 'di na kaya ng sikmura. Bago tuluyan nakalabas ay naglibot-libot ako ng selling area, sa food, sa nonfood, sa fresh, at sa bodega. Tila ako na ang taya sa taguanpung sa ilalim ng 'di bilog ang buwan kundi sa maliliwang na ilaw ng kisame ng

tindahan. Sa gutom, bahagharing liwanag na nakikita ko, nasan na ba ang bisor? Papapirma sana ko ng gate pass.

# Dugo-dugo Gang

*Joy Argote*

**‘Dugo-dugo’ gang dupes teenage girl**

March 13, 2018, 05:02 AM

**Minor scammed by ‘dugo-dugo’ gang out of P9.5-million worth of parents’ cash, jewelry**

February 13, 2022, 10:54 PM

**‘Dugo-dugo’ gang swindles 15-year-old in Dasmariñas, Cavite**

September 28, 2021, 00:15 AM

**JUNE 16, 2017, Pook Amorsolo, Quezon City**

1:00 PM - Kakakain lang ni Papa ng pananghalian at umalis rin agad dahil kailangan magtime-in sa opisina. Sinara ko na ang gate at dumiretso sa labahan dahil tumpok na ang labada. Hiniwalay ko ang mga de-color sa puti. Tiningnan ko rin ang bulsa sa mga pantalon kung may naiwan ba sina Mama at Papa na papel, resibo, o barya.

1:03 PM - Nakarinig ako ng tawag sa telepono. Nang sagutin ko, parang sirang plaka na may halong masakit na tinis sa tainga. Parang nasa labas ang tumatawag. Hula ko ay phone booth.

1:05 PM - Paulit-ulit akong nakakarinig ng tawag. Hindi ko naman marinig o maintindihan ang sinasabi. Hello ako nang hello pero walang sumasagot. Sino at ano ba talaga ang hinahanap nito?

1:05:30 PM - Heto na naman. Tawag nang tawag. Naririndi na ako sa ring ng telepono. Gusto ko nang balikan ang mga naiwang labada.

1:07 PM - Kapag itong tawag na 'to e hindi pa maayos, iha-hang ko na ang telepono.

**Caller:** *Hello? Hello! Joy? Jen? Hello?*

O ayan, narinig ko na nang maayos. Ilang beses na rin akong pabalik-balik sa telepono.

**Caller:** *Sino ang kausap ko? Joy? Jen?*

Sinagot ko naman nang maayos at sinabing ako nga si Joy. Tinanong ko kung ano ba ang kailangan o anong pakay ng caller. Ang kaso, masyadong iritable dahil ilang beses na raw siyang tumatawag at hindi kami maayos kausap.

**Caller:** *Kanina pa ako tawag nang tawag walang sumasagot. Hindi bali, heto nga, Joy, ano? Ka-trabaho ako ng mama mo sa ISSI.*

O ka-trabaho pala ni Mama. Baka may pakisuyo lang sa bahay.

**Caller:** *Nandiyan ka pa ba? Hello? Oo, Joy ganito ano, si Ma'am Ivy, ako, pati ang kasama naming driver e nandito sa may Caloocan, bandang Monumento. Joy, nandiyan ka pa ba? Hello?*

Nakikinig naman ako nang maayos, sumasagot rin ako ng "opo" tuwing nagtatanong, puro naman "nakikinig ka ba?" ang tanong. Hindi pa diretsuhin kung ano ang kailangan. Madali akong napaniwala sa tawag. Taong 2017, nagtatrabaho pa si Mama sa ISSI. Madalas lumalabas sila para sa mga trainings

at seminars. Akala ko e may kailangan sa bahay o hindi kaya ipapadaan mula sa driver.

**Caller:** *Joy, nakikinig ka ba? Naririnig mo ba ako? Importante itong mga sasabihin ko at inutusan lang ako ni Ma'am Ivy. Bali yung driver na kasama namin e nakabundol ng bata. Nandito kami ngayon sa Police Station ng Caloocan.*

Ha? Ano? Teka, teka, teka! Nakabundol? Tapos kasama si Mama? Nasa Caloocan? Tila nawala ang irita at inis ko nang marinig ang sabi ng caller, nasa Caloocan Police Station daw sila.

Bigla rin nawala sa isip ko ang tumpok ng labada. Kumuha ako ng ballpen at papel sa gilid ng telepono. Isusulat ko sana ang mga detalyeng sinasabi ng caller. Naisip ko na agad na baka may iutos si mama at nagkaproblema siya.

1:10 PM - Mas nagpanic ako nang makarinig ng sigawan. Parang may nag-aaway at may umaawat sa kanila. Inakala ko naman ay mga mamang pulis.

**Caller:** *Joy, si Mama mo naaksidente kasi sa harap nakaupo. Kinuha ng mga pulis ang cellphones namin. Kaya kung may tumatawag, ang bilin sa amin, 'wag sasagutin. Mga pulis 'yan. Baka madawit kayo sa kaso. May medic na huma-handle kay Ma'am Ivy. Kaya ako muna ang pinapakausap ni Ma'am.*

Gusto kong sumigaw, gusto ko ora mismo puntahan si Mama. Halos murahin ko na sa ulo ang driver at nabundol na bata. Bakit naman kasi hindi nag-iingat. Bugso na rin ng damdamin kaya nag-panic at hindi na ako mapakali. Si Mama naaksidente!

**Caller:** *Nang makalabas ako ng van nakita ko si Ma'am Ivy, duguan ang mukha. Ang sabi ng medic, mukhang nabasag ang mga buto sa pisngi ni Ma'am.*

Nanginig na sa takot ang kalamnan ko. Halos pudpod na rin ang mga kuko ko para pakalmahin ang sarili. Hindi na ako naghintay ng ilang minuto at hiningi ko na sa linya si Mama. Paulit-ulit kong hiningi sa linya. Paulit-ulit.

**Caller:** *Joy, basag nga ang pisngi ng Mama mo. Pagpahingahin mo muna. Kalma lang, may medic naman. Tumatagas pa ang dugo sa mukha niya.*

Ah, lintek! Bakit ba ayaw mo ipakausap sa'kin? Ibibigay mo lang naman ang telepono. Gusto ko lang naman marinig si Mama! Sinigaw-sigawan ko na ang caller hanggang sa makumbinsi ko ito. Kilala ko si Mama, ano man ang iniindang sakit, magsasabi agad 'yan. Kakausapin kami. Nakahalata na ang kapatid ko na may problema sa telepono kaya lumabas na rin siya ng kuwarto. Ang sabi ko, kaya ko na kausapin. Bumalik na

siya sa kuwarto. Sakto naman binigay na ng caller ang linya para makausap ko si Mama.

**Caller:** *Ma'am Ivy, si Joy po. (Kausap si Mama) Kakausapin niyo po? Sige po, heto po ang phone. Dahan-dahan lang po, may bandage kayo ma'am.*

*Mama (Nanghihina at hirap magsalita): Bu-Joy, si Mama ito. Anak, naaksidente kami. Hirap magsalita si Mama.*

Napaluhod na ako sa sahig nang marinig ko ang boses ni Mama. Halos hindi ko na maigalaw ang binti ko sa takot at pag-aalala. Hindi ko na rin napigilang humagulgol at pinagsusuntok ko na ang pader dahil sa mga narinig ko. Pucha! Totoo ngang nanay ko ang nasa linya. Palayaw ko pa sa bahay ang ginamit kaya imposibleng nagpapanggap na nanay ko ito.

**Mama:** *Anak, ako na ang magsasabi sa Papa mo. Heto munang officemate ko ang kakausap sa'yo. Magiging okay rin si Mama.*

Higit pa ang iniyak ko sa lahat ng naiyak ko kay Mama. Damang dama ko ang pangangailangan niya. Tumagos hanggang kalamnan ang kirot at sakit sa mga sugat na natamo niya sa aksidente.

**Mama:** *Tahan na. Basta ako na ang magsasabi kay Papa ah. 'Wag ka na umiyak, tulungan mo kami ng officemates ko ah. Anak, sorry.*

Hindi ako nagbibiro kapag sinabi kong boses nga ni Mama ang narinig ko. Alam ko ang tono at bigkas ng pananalita niya. Siya 'yun. Siyang siya 'yun. Impossible namang magagaya 'yun. Sa mga oras na iyon, inakala kong gagawa na ng paraan si Mama para makausap si Papa kaya hindi ko na naisipang kumpirmahin muna ang mga ito.

**Caller:** *Ma'am okay na po kayo? Hello, Joy? Ako na uli 'to. Nagkausap na rin kami ng Attorney na hahawak ng kaso. Ang abiso, ingat na wala munang pagsasabihan, marami na kasing media dito sa labas ng presinto. Nakikipagtulungan na rin ang mga pulis sa atin. Tahan na, Joy.*

Kailangan ko pakalmahin ang sarili. Hindi ako puwede maging mahina sa mga oras na 'yun.

**Caller:** *Malaki ang damage at critical ang condition ng nabundol namin na bata. Aabot raw ng one hundred thousand pesos ang kailangan kasi ooperahan mamaya ang bata.*

One Hundred Thousand? Oo, One Hundred Thousand! Saan ako kukuha ng ganoon kalaking pera? Kanino ako uutang? Kanino ako lalapit? Inalala ko pa ang buhay na

nakasalalay kapag walang nailabas na pambayad sa ospital. Ni-hindi pa nga tanggap ng kaluluwa ko na naaksidente si Mama, tapos ngayon one hundred thousand ang kailangan ilabas. Hindi ko alam kung kanino at saan ako kukuha ng ganoon kalaki. Wala akong personal na pera. At alam ko rin na wala kaming pera sa mga oras na iyon dahil nagbayad kami ng mga gastusin sa bahay.

**Caller:** *Joy, kakausapin ka raw uli. (Kausap si Mama) Ay ma'am gusto niyo po isulat na lang? Babasahin ko na lang po. Sige po, ma'am. Bali Joy isusulat raw ni Ma'am Ivy tapos babasahin ko.*

*Sir (pulis), may ballpen at papel po kayo? Okay na po ito. (Kausap ang pulis) (Background ng call) O baka may pinagsasabihan na 'yang kausap mo ah. (Kausap ang pulis) Wala ho. Wala, sir.*

*Joy, hello? Nandiyan ka pa 'no? O 'wag ka umiyak tutulungan natin si mama mo.*

*Caller (Mabagal na tono; hinihintay ang bawat salitang isusulat ni Mama): Joy, sa drawer ng cabinet natin. May pera ako doon. Paki-check.*

Hindi na ako nag-abang ng mga susunod pang sasabihin. Hinalungkat ko na ang laman ng sinasabing cabinet ni Mama. Tumatakbo ang oras. Bali wala na para sa akin ang mga

bagay sa paligid. Muntik ko nang masira ang hawakan sa sobrang pagmamadali ko. Binalikan ko ang caller at nagbabakasakaling may iba pang instructions si Mama.

**Caller:** *Nasa ilalim raw ng drawer, check mo.*

Wala akong mahanap na pera. Walang nakatago maski isang libo.

**Caller:** *Teka, Joy kakausapin raw ni Attorney si Ma'am Ivy. Tulungan muna kita. (Kausap si Mama) Yes po, opo. Sige po, Ma'am. Check mo nga uli, Joy. Sabi kasi ni Ma'am mayroon daw.*

Ano ba ang sinasabi ni Mama? Saan ba? Halos magmukhang binabagyo na ang kuwarto nila. May mga papel at kung ano-anong gamit na ang nakapatong sa kama nila. Nasaan ba kasi? Hindi ko naman masisi si Mama na hindi gaanong malinaw ang instructions. In-shock pa siya. At baka masakit pa ang mga sugat sa mukha. Ang nakatatak lang sa isip ko, may batang nakasalalay sa one hundred thousand at kailangan ma-settle ang kaso kundi baka kung ano pa ang mangyari sa kanila.

**Caller:** *Joy, bilisan mo. Lahat na ng cabinet check mo. Baka sa mga orocan sa ilalim ng kama mayroon. Joy, bilis, nakikita ko na si Ma'am na hawak ng isang pulis.*

Oo, sandali lang. Gumagawa naman ako ng paraan. Napansin na naman ng kapatid ko na aligaga sa kuwarto nina Mama.

**Jen:** *Ate, ano ba 'yan. Ang kalat. Ano ba kasing hinahanap mo? Ate!*

Hindi ko maibuka ang bibig ko. Hindi ko masabi sa kapatid ko na nasa presinto si Mama at naaksidente rin ito. Pinipigilan ko ang sarili dahil sa takot. Binalikan ko ang caller at sinabing wala na talaga. Walang-wala kami noon.

**Caller:** *Joy, sa selda muna si Ma'am Ivy kasama ang Driver namin. Temporary lang daw muna ito hangga't hindi pa settled ang kaso.*

Selda? Teka lang, kanina kausap ko pa si Mama. Tapos ngayon kulong na? Ano ba? Akala ko ba may Attorney? Ang gulo, ang daming gumagambala sa akin. Nihindi ako makapag-chat sa mga tita ko para umutang ng pera. Hindi ko matawagan ang mga kaibigan ko. Maski sarili kong kapatid e hindi ko masabihan kung ano ba ang nangyayari.

Kailangan ko makahanap ng pera! Kailangan ko mailabas si Mama. Kailangan ko gawin ang lahat para mabayaran ang 100k. Kailangan ako ni Mama! Kailangan ako ng batang nabundol. Gusto ko balikan at marinig kung ano ang sitwasyon ni Mama. Hindi ko alam kung ano ang unang aatupagin. Hindi

ko na alam ang uunahin. Hindi ako makahinga. Hindi ako makapag-isip nang maayos. Wala nang iba pang tumatakbo sa akin kundi ang mga narinig ko.

**Caller:** *Joy, nakakuha ka na ba? May nakuha ka ba? Habang wala ka, ang sabi ni Attorney puwede raw ang alahas tapos ipapasanla natin.*

Alahas? Oo, mayroon kami. Hindi ko na hinintay ang mga sumunod pang sinabi sa akin. Kinuha ko na ang mga alahas sa cabinet. Bracelet, hikaw, kwintas, maski singsing. Maiintindihan ni Mama bakit ko kinuha ang mga ito.

**Caller:** *Nakakuha ka na? Okay, ganito ano. Ang sabi ni Attorney isusulat ko raw kung ano ang type ng alahas tapos ipapasanla. Wala pang kasiguraduhan kung magkano ang aabutin ah.*

Binigkas ko nang mabuti ang bawat detalye ng mga alahas ni Mama. Maski ang pinakatatago niyang bracelet ay nahalungkat ko sa cabinet. Sa lahat ng iyon, kulang pa raw ito. Maski hikaw ko na sa tiyangge ko lang nabili ay sinama ko na rin. Nagpanggap na lang akong ginto iyon. Nagbabakasakaling maidadagdag. Hindi naman siguro nila malalaman.

**Caller:** *Joy, ang estimate raw e thirty thousand lang ito. Kulang pa. Check mo kung mayroon pa diyan. Mayroon pa 'yan. Wala pa dito*

*sa listahan yung diamond necklace na nakikita ko kay Ma'am kapag pumapasok siya. Hanapin mo, Joy.*

Halos itapon ko na sa sahig ang mga damit nina mama. Maski ako ay nagagalit na sa sarili dahil wala akong mahanap na alahas, pera, o bagay na puwede pa isanla.

Tinatanong ako ng kapatid ko kung ano ba ang nangyayari. Halos sigaw-sigawan ko na siya na huwag mangialam sa ginagawa ko. Gustong-gusto ko na talagang sabihin sa kaniya na naaksidente si Mama, kailangan ni Mama ng tulong, may nabundol na bata, at kailangan ng 100k. Kaso ang kabilin-bilinan ay huwag akong magsasabi kahit kanino. Nakikita ko nang umiiyak ang kapatid ko sa isang gilid dahil sa takot nang masigawan ko. Hindi ko mapigilang maawa dahil wala siyang alam sa nangyayari ngunit gusto lang naman niya malaman. Kaya kahit alam kong bawal, sinabi ko. Sinabi ko nang diretsahan. Nagbabakasakali akong matulungan ni Jen dahil para nga kay Mama ang ginagawa ko.

Pareho na kaming umiiyak habang naghahanap ng maisasanla o perang mabubunot sa kasulok-sulukan ng kuwarto. Talagang wala. Naimpis na. Magulo na ang kuwarto. Makalat at kung saan-saan na nakalagay ang mga gamit nina mama at papa.

**Caller:** *May pandagdag ka pa ba? Sa mga bag, check mo. Kayo ba, may mga alahas ka pa na nakatago o sa alkansya baka may pera. Sige na para sa Mama niyo.*

Wala na talaga. Walang wala na. Nasimot ko na. Sinabi ko rin na nagbayad kami ng mga kailangan sa bahay. Inamin kong magulo na ang bahay kakahanap sa mga wala naman. Nagmamakaawa na akong itigil na ang paghahanap dahil gusto ko nang makita si Mama. Baka kung ano ang mayroon kami e puwede na muna iyon.

**Caller:** *Baka naman kasi hindi ka naghahanap nang maayos. Ano ba, tulungan mo kami. May pamilya rin kami, Joy. May anak ako, hindi ako puwedeng makulong.*

Mas lumala ang takot ko nang marinig ko ring nagmamakaawa na ang caller. Trese anyos pa lang ho ako. 'Wag po kayo gaanong magalit sa akin, ginagawa ko lang rin po kung ano ang makakaya ko.

**Jen:** *Ate, may eight thousand akong nakita. Dito sa maliit na pouch ni Papa.*

Agad kong sinabihan ang caller na may walong libo kaming nakuha. Pandagdag sa napakalaking kailangang punuan na pera. Nang dahil rin sa takot, maski ang kapatid ko ay kinuha

na ang mga hindi gamit na turnilyo sa lagayan ng gamit ni papa. Nagbabakasakali na puwede raw ibenta para pandagdag. Hindi e. Hindi puwedeng ibenta ‘yon. Imposibleng tatanggapin ito.

Halos hindi ko na makilala ang sarili ko sa rurok ng damdamin. Sinigawan at muntik ko nang masaktan ang kapatid ko!

Pinapatahan ko nang mabilis ang kapatid ko. Hindi kami puwedeng mag-away. May nanay kaming humihingi ng tulong. Binalikan ko na naman ang caller. Wala na talaga. Binagyo na ang bahay na namin at kakapiranggot na alahas at 8 libong piso lang ang nakuha namin.

**Caller:** *Pakilagay sa malinis na plastic tapos lagyan ng label. Ibalot rin daw sa tape para kapag prinesent sa pulis alam agad na para sa kaso namin nina mama mo.*

**Caller:** *May mabibilhan ka ba ng sim?*

Oo, kay Ate Emily. Sa labas ng bahay may maliit na tindahan doon. Pinakalma ko lang ang sarili at lumabas na agad ako para bumili ng sim. Hindi ko pa alam kung para saan pero sinunod ko na lang.

**Caller:** *Binigay ni Attorney yung cellphone niya, dito lang raw kita matatawagan. Ito number ni Attorney, 09— Nakuha mo? Save mo tapos register mo sa cellphone mo. Tapos tawagan mo yung number. Ibababa ko na 'to.*

Hindi ako makapag-type nang maayos. Nanginginig ang daliri ko sa bawat numerong ida-dial. Naka-save na sa bagong sim card ang number. Ginamit ko pa ang cellphone ng kapatid ko dahil mas mabilis ito at hindi nagha-hang. Nang naka-set na ito, tinawagan ko na ang caller. Hindi na ako naghintay ng ilan pang minuto.

**Caller:** *Ang tagal mo naman bago ako matawagan. Kanina pa tayo hinihintay ni Attorney. Puntahan mo kami.*

Oo na agad ang sinagot ko. Habang kausap ko sila, nagbibihis na ako. Naghihintay sa mga susunod na sasabihin. Hindi pa rin mapigilan ng kapatid ko maging emosyonal. Pero pinapatahan ko na. Kailangan namin maging matibay. Kaming dalawa lang ang nasa bahay nun.

**Caller:** *Ganito ano, sakay ka ng taxi papuntang Monumento. Sabihin mo sa taxi driver na ibaba ka sa tapat ng Savemore.*

2:10 PM - Nagmamadali na ako. Kumuha lang ako ng malalagyan ng alahas at pera. Bago ako umalis, binaba ko muna ang tawag sa cellphone.

Ayaw ko marinig nilang nagsabi ako sa kapatid ko. Kabilinbilinan ko rin na 'wag na 'wag tatawag kahit kanino. Huwag sasagot kung sakaling may tawag sa bahay. Isarado nang maayos ang pinto. Huwag lalabas. Hindi ko sinabi kung saan ako pupunta. Ang alam lang ng kapatid ko, aalis ako.

Nang makalabas ako sa bahay, tumatawag na naman si Caller.

**Caller:** *Bakit mo binaba? Nakalabas ka na ba? May taxi ka na? Text mo sa number na 'to yung plate number ng taxi. Tapos kapag nakasakay ka na, off mo cellphone mo. Text mo rin kung ano kulay ng suot mo. Kikitain ka ng assistant ni Attorney. Hintayin mo ang tawag niya at sumama ka sa kaniya kapag nasa Monumento ka na.*

Umalis na ako. Pumara lang din ako ng taxi at sinunod ang mga inutos sa akin. Binawasan ko ng 500 pesos ang dalang pera para may pambayad ako. Kung sakali naman, magagawan agad ng solusyon ang pamalit dito.

Halos tatlumpung minuto rin ang biyahe namin. Pagkababa ko, tinawagan ko uli ang number ng sinasabing Attorney.

**Caller:** *Nasa monumento ka na? Joy, huwag mo ibibigay kahit kanino ang alahas at pera. Binigay ko na ang number mo sa assistant ni Attorney. Hintayin mo ang tawag niya.*

Nakinig ako sa utos na abangan ang tawag at sa assistant ko lang daw dapat ibibigay ang mga alahas at pera. Pumasok muna ako ng Savemore para hindi makahalata ang mga tao. Bumili rin muna ako ng kaunting makakain at tubig. Nang makarating ako sa cashier, nakakuha na ako ng tawag at sinagot ko agad. Nasa footbridge na raw ang assistant. Dali-dali akong lumabas at naghanap ng pinakamalapit na makikitang footbridge. Kaliwa o kanan? Tinawagan ko ang assistant. Pinagmamadali ako. Sa footbridge raw malapit sa isang restaurant. Sa kanan muna ako, o wala akong makitang restaurant. Nagmadali akong umikot papunta sa kaliwang bahagi ng Savemore. Ayun, may restaurant nga. May babae ring nakatayo sa may paanan ng footbridge.

Tinawag na ako ng assistant at umakyat na kami sa footbridge. Inutusan akong ibigay na raw sa kaniya ang hinihingi ni Attorney. May ibang tumatawag sa cellphone ko pero wala akong pakialam at hindi ko tinitingnan ang cellphone. Wala sa akin na niloloko kami ng dugo-dugo gang.

Nang maibigay ko na, naghiwalay na rin kami ng assistant at bumalik ako sa Savemore. Maghintay lang daw uli ako ng tawag. Bawal raw ang mga bata o kamag-anak sa mga

ganoong kaso sa presinto sabi ni Attorney. Kaya sumunod na lang raw ako.

Tatlong oras akong nakatayo sa Foodcourt ng Savemore. Nahihiya na ako sa mga nagtitinda roon dahil wala akong binibili maski inumin. Tinitipid ko kasi ang sukli sa limang daang piso na kinuha ko.

Ilang oras pa, sinubukan kong tawagan ang number. Sumasagot pa. Sinubukan ko humingi ng update. Wala pa rin daw. Pinapasangla pa ang alahas.

5:40 PM - Nakita kong nagri-ring ang cellphone sa pamilyar na mobile number. Number ito ni Mama. Baka papapuntahin na ako sa presinto para sunduin siya.

Nang sagutin ko, laking gulat ko na buhay na buhay ang boses ni Mama. Maayos ang pananalita niya. Walang bahid ng kahit na anumang sakit. Kakauwi lang ni Mama at binalita ni Jen na umalis nga ako.

**Mama:** *Anak, Joy, hindi ako umalis ng Office. Hindi ako naaksidente. Okay ako. Papa: Nasaan ka? Pupuntahan ka namin. 'Wag ka aalis diyan.*

**Jen:** *Ate, uwi ka na. Binigay ko yung number ng sim galing sa card holder.*

6:00 PM - Nasa tapat na ng Savemore sina Mama. Tumakbo na ako.

**Joy:** *Papa, Mama, Uwi na tayo.*

Pitong taon na ang lumipas ng mangyari ito sa aming pamilya. Aaminin ko, hindi ito ang paborito kong drama sa buhay, masyado akong emosyonal sa tuwing ginugunita ko ang mga nangyayari, pero ito ang kuwentong nagpamulat sa akin sa mga sitwasyon labas sa kinasanayan ko.

Sa pang araw-araw na pakikisalamuha ko sa mga tao, patuloy ko pa ring hinahanap ang daan para makausad. Para maka-move-on, kung tawagin ng marami. Nagbabakasakali ako na kapag natapos ko itong maisulat ay matutuhan ko nang mapatawad ang mga may sala sa amin. Para mai-let go ko na, ika nga. At para tuluyan ko nang matapos ang kabanatang matagal ng tapos.

Hindi ko itatago na hanggang ngayon ay may iniwang sugat pa rin ang nangyari. Hindi ko alam kung saan na napunta ang mga pamanang alahas at pera. Hindi ko rin alam kung ano na nga ba ang buhay na tinatahak ng mga may sala sa akin. Madaling makuha ang mga materyal na bagay, pero para sa akin, mas naging mahalaga na walang nasawi o napunta sa hindi

maayos na kalagayan sa pamilya ko. Okay na rin ito. Mas mabuti naman ito.

Ang pangyayaring ito ay isa na ring aral. Para mas maging maingat at maging mapanuri sa paligid. Dahil ang mga nambubudol ay nandiyan lang sa paligid at paligoy-ligoy lang sila.

# Baston at iba pang mga tula

*Gerome Nicolas Dela Peña*

# BASTON

Taliwas sa alam ng marami, nguso
at hindi ko mga paa ang dulo ng aking patpating
katawang tumutunton sa bawat bitak, gaspang,
sangsang ng kalsada ng daang araw-araw
binabaybay tungong home service massage.

Sa totoo lang, awa na lang. Wala nang
ibang dahilan kung bakit ko
hinahayaang kalagin sa pagkakatupi
nitong manong na sanggol pa lang,
ninakawan na ng liwanag.
Binubuksan pa lamang niya ang bag
kung saan ko gabi-gabing pinalilipas
ang magdamag, kumakati at nagsusugat
na sa isip ang kaawa-awang mga labì.
Sa kaba'y nagsisipagtuklapan ang mga langib.
Subalit mananatili akong nagpaparaya—

salamin sa matang suot kahit sa kawalang paningin;
botelya ng langis sa kahuli-hulihang patak;
mensahe sa teks ng isang dating inibig;
lumang retrato sa pitakang ni minsa'y di nasilayan.
May bago kaming kostomer, ramdam ko
'pagkat estranghero na itong daang hinahagkan ko.

# SALAMIN

*Ano ang nakikita sa hindi nakikita?*
Dapat araw-araw suot upang
madaling kumpirmahin ang kaibahan.
*Bakit itinatanong ang kulay?*
Upang sabihang astig sa porma.
Mata rin ang mga tainga.
*Paano kung makaligtaan?*
Pakiramdam ng bulag, siya'y hubad.
Kakaladkarin ang baston pauwi ng tahanan.
*Sino ang makikinabang?*
Ang unang paang papasok sa klinik.
Mag-iinat matapos basagin sa likod ang lamíg.
*Kailan mawawalang silbi?*

Kapag hindi na kailangang magtanong sa kulay.
Kapag hindi na naiiba sa ibang búhay.

# LANGIS

Hindi ako mainit. Walang ngipin sa balat ng ginang.
Kaya madalas tanggihan itong Panginoon ko
ng asawa ng ginang na balat-kalabaw.
Kulang na lang ay humalinghing sa t'wing
inihahagod na iyong kapwa ko langis
sa kaniyang leeg, likod, balakang
habang sinasakmal ng alab at anghang.
Ang tanging maipagmamalaki ko lang,
regalo akong buhat pa sa souvenir shop ng mga debotong
nagsihingi ng tawad sa isang bundok sa Batangas.
Kinatas pa mula Pietrelcina:
nakapagpapagaling ng anumang iniinda
ng kasu-kasuan, puso, o kaluluwa.

Biyaya raw ang pasensiya sa puso ng isang tapat
na mananampalataya, kaya heto't bumabalik ang ginang.
Wala ang mister kaya kagyat, ako ang hinanap.
May pilay raw na di maipaliwanag.
Iba ang ngiti ng santong nasa aking bálot.

Isinusuot nang muli ng aking Panginoon ang salamin.
Huling patak na milagrong isasalin sa munting piging.

# SELPON

san na u nalipat
d ka ba makakadalaw?
duty ka din d2 Tagig
sa Market
wag puro Ayala-
Ligaya,
d tau magkikita
he he he
Ay min, di q na dinig boses u.
D n kita mayakp.
me pinadala q diyan sa gayd
bantay niu sa klinik
langis na nbili q, milagroso dw.
if mahal mo pa q, skin u gamitin.
Miz q n init kmay u.
cge ikot ko na, d2 na kostomer q
sbi gayd nmin
txtbak pls
pkinggan q mya

# PITAKA

Gaya nang pagkabisa sa puwesto
ng mga titik, tunog, simbolo sa selpon
ang paggagap ng manong
**s**a bawat kong himaymay.
Tila nananalangin sa bawat pagbuklat.
Sa pinakalikod, ang wantawsan.
Iyong payb handred, sa ikalawang suson-
suksukan; di man tulad ng puwestuhan
ng lilibuhin na may nakangingilong siper,
ito ang madaling hugutin pambayad
sa gayd na buong maghapong umalalay;
nag-alay ng balikat-kapitan para kami makaalis
at makarating muli ng tahanan; ligtas
sa anumang amba't banta ng malilikot
na mga kamay na walang pinatatawad
kahit pa may kapansanan.
Iyong tigwa-wan handred, sa kaliwang
pisngi ko isinisiksik. Apat na tupi para
pamasahe, pambili ng tubig, krakers,

tanghalian, yosi. Ang sukling pipti at bente,
sa kanang pisngi. May kung anong halina
ang kilalanin nang ganito—kaibigang matalik
o katalik sa panahon man ng kawalan.
Iyong mga barya, ihuhulog sa loob ng madulas
na plastik kung saan naroon ang lumang
retrato ng dating nagmamay-ari sa puso
ng manong. Piso, lima, sampu. Iba-iba
ng laki at gaspang sa gilid. Maging
'yong bagong tigbebenteng sensilyo
na isinusukli ng konduktor.
Umabot man sa panahong kakalansing na rin
pati pipti o wan handred, batid kong doon
at doon pa rin isisiksik ni manong
ang mga barya. Sa mukha ng di kailanman
masisilayang musa.
Tila paghahagis ng barya sa balon ng pag-iisa.

# Limang Piling Aporismo ni Kumander Sardam

*Rene Boy Abiva*

**I**

Huwag mamaliitin ang taong gutom

Yaong ang kanyang alimuom

Kapag nabigkis ay gaya sa alipugpog

Na di aatras hanggat di ka nadudurog.

*4 ng Abril 2020*

*Bayan ng Magbubukid*

---

Saan a tagibassiten ti tao a mabisin

Ta ti alingasawna

No mareppet ket arigna ti alipugpog

A di pumanaw agingga a saanka a maburbor.

*14 ti Hulio 2020*

*Ili dagiti Mannalon*

---

Do not belittle the hungry one

Whose rising vapors

Once entwined will be like a tornado

That will not retreat until you are crushed.

*4th of April 2020*

*Nation of Peasants*

---

**II**

Matagumpay mo ngang naibilanggo

Ang di mabilang na labuyo

Subalit tandaang di sila mulala’t gago

At baka nga sa karsel pa nila mapagtanto

Na ang dala nilang sulo

Ay bugkos ng alipato

Na sa iyo’y ilalatigo.

*4 ng Abril 2020*

*Bayan ng Magbubukid*

---

Pudno a nagballigika a nangibalud

Iti di mabilang nga atap

Ngem lagipem a saanda a mauyong wenno laglag

Ket amangan no iti uneg pay ti pagbaludan

A naamirisda a ti iggemda a silaw

Ket ungkay ti segged

Nga iyablatda kenka.

*14 ti Hulio 2020*

*Ili dagiti Mannalon*

---

You may have triumphed in incarcerating

The uncountable wild natives

But remember they are neither ignorant nor dumb

And perhaps in detention they'll realize
That the torch they bear
Is a bundle of flying embers
To whip you with.

*4th of April 2020*

*Nation of Peasants*

**III**

Huwag kayong mamanginoon

Lalo yaong maitim ang layon

Tandaang gaya ito ng panahon

Na wala ring tiyak na muhon.

*4 ng Abril 2020*

*Bayan ng Magbubukid*

---

Saanyo a didiosen

Nangruna dagiti addaan nangisit a panagem

Laglagipen a kaarigna ti panawen

Nga awanan umisu a pakailasinan.

*14 ti Hulio 2020*

*Ili dagiti Mannalon*

---

Do not worship as master

More so those with evil intent

Remember this is like seasons

With boundaries unknown.

*4th of April 2020*

*Nation of Peasants*

---

## IV

Ingat-ingat ka't ang bayang api
Ay waring sa kinatatakutang tapuy at basi
Na kung sa tiyan napunta'y tumba ang kalabaw
Na kung sa ulo napunta'y tumba ang halimaw.

*5 ng Abril 2020*

*Bayan ng Magbubukid*

---

Agannadka ta ti ili a maidaddadanes
Ket kas iti pagam-amkan a tapuy ken basi
A no tian ti papananna, mabaldat ti nuang
A no ulo ti papananna, madalupo ti burangen.

*14 ti Hulio 2020*

*Ili dagiti Mannalon*

---

Be cautious as an oppressed nation
Is not unlike the feared *tapuy* and *basi*
If it goes to the stomach, it knocks out the carabao
If it goes to the head, it knocks out the monster.

*5th of April 2020*

*Nation of Peasants*

---

**V**

Ang taong palabasa'y nailalayo
Sa madalas na pasyang palso
Lalo na kung gagamitan ng talas ulo
Ay tiyak ligtas sa kalaboso.

*5 ng Abril 2020*

*Bayan ng Magbubukid*

---

Ti tao a managbasa, mayadayo
Iti panagpampanunot a killo
Nakarkaron no usaren tadem ti ulo
Maisalakan a pudno iti kinaloko.

*14 ti Hulio 2020*

*Ili dagiti Mannalon*

---

A person who loves to read is distanced
From frequent unwise decisions
More so if he'll use his head
Shall certainly be spared from trouble.

*5th of April 2020*

*Nation of Peasants*

---

# Ang Mga Kandilang Sinisindihan ni Kuya Lumin-el

*Arnold Tristan L. Buenaflor*

**SINOPSIS**: Ang dula ay iikot sa mga eksena kung saan ilalahad ang kandilang nagmulat sa magkapatid na sina Adamos at Lumin-el. Ang kasalukuyang binatang bersyon ni Adamos ang gagabay sa pagbaybay ng mga eksena. Magbibigay muna siya ng buod na paglalagom tungkol sa ano ang nangyari sa taon na yun sa buhay nilang magkuya.

Ang mga sitwasyon at kandilang sisindihan ay sumasalamim sa tema ng aktibismo, pagkamulat, pakikibaka, pagkamartir, pagtanggap, pagkatao at pagkabuhay.

**Mga Tauhan:**

**Binatang Ada**mos: 22 taong gulang. Kulot. Matangkad. Payat. Maamo ang mukha.

**Ondoy Adamos:** 8 taong gulang. Naka sando at shorts.

**Ondoy Lumin-el:** 13 taong gulang. Voltes 5 na t-shirt/sando at shorts ang suot. Makisig at matipuno. Bakla.

**Kaarawang Adamos**: 13 taong gulang. Naka-public highschool uniform Grade 8.

**Kaarawang Lumin-el:** 18 taong gulang. Naka-rainbow na t-shirt, UP Jacket, at pantalon. Makisig at matipuno. Bakla.

**Laude Adamos:** 13 taong gulang. Naka-itim na polo at shorts.

**Laude Lumin-e**l: 18 taong gulang. Naka-itim na long sleeves at pantalon at sapatos.

**Kian Adamos**- 16 taong gulang. Naka-itim na t-shirt at maong.

**Kian Lumin-el:** 21 taong gulang. Naka-pulang t-shirt na may panawagang "STOP EJK" "Justice for Kian De los Santos!"

**Pandemic Adamos:** 19 taong gulang. Sobrang tangkad na at mas mahaba na ang kulot. Naka itim na long sleeves at maong.

**Pandemic Lumin-el:** 24 taong gulang. Malinis ang gupit. Rebolusyonaryo. Mas lumaki ang katawan at nagkabigote.

**Aktibista 1:** Lesbiana. Pula ang suot.

**Aktibista 2:** Trans na lalake. Pula ang suot.

**Aktibista 3:** Trans na babae. Pula ang suot.

**Tagpuan:** Isang madilim na stage kung saan susi ang paggamit sa spotlight.

**PASAKALYE**

(Papasok si Binatang Adamos sa entablado nang patay pa ang ilaw sa stage. Bitbit niya ang ilang kandila na iba-iba ang hugis, kulay, haba, at lapad. )

(Bubukas ang spotlight sa stage at siya'y magsisimula.)

**BINATANG ADAMOS:** Kandila. Ang ilaw ng mga mahihirap. Ang rilim sa likod ng bagyo. Ang walong silahis ng mga rebolusyonaryo. Ang Espiritu Santo tuwing Pista ng Pentecostes. Ang hudyat ng buhay. Ang simbolo ng pagpanaw. Marami na akong nasindihang kandila sa aking buhay. Panigurado, hindi ako nag-iisa sa pagsaksi sa pagsayaw ng mga apoy sa maninipis na kandilang sinisindihan. Pumipiglas

kaya sila? Alam kaya nilang panandalian lamang ang kanilang pagliwanag?

(Pinagmasdan at itataas ang mga kandilang hawak)

Ito ang mga kandilang nagbago sa aking buhay. Mga kandilang naging sanhi ng aking pagkamulat, pagkabuhay, at pagkalumbay. Ngunit, hindi lang ito tungkol sa mga kandilang yumakap sa akin tuwing mag-isa; hindi lang ito tungkol sa mga kandilang naging saksi sa aking pag-unlad bilang tao.

(Ngingiti nang mahina sa entablado, para bang pinipigilan maluha)

Ito rin ay…ito rin ay patungkol sa aking Kuya Lumin-el na matapang at masipag na sinindihan ang mga ito para sa akin. Para sa aking lumaking takot sa apoy noong una.

(Kukunin ang unang kandila. Ang 2009 kandila. Maliit at mataba ito)

Interesante para sa akin kung paanong ang maliit na kandila na ito na hindi naman tumatagal ng isang buong araw ang liwanag, ay siksik sa kasaysayan na may higit 5,000 taon ang halaga.

Biruin niyo iyon, LIMANG LIBONG TAON NA NASA LOOB NG NAPAKAHINA AT NATUTUNAW NA TANGLAW NA ITO! Sa Pilipinas, pwede nating sanggunian at paniwalaan ang ating kasaysayan sa pagsabing nagsimula ang

negosyo, ang sining, ng paghubog sa mga kandila sa pagdating ng mga Kastila. Natuto ang mga buwayang Kastila hubugin ang ating mga pagkit na mula sa buko at mga bubuyog upang gumawa ng kandila. Kadalasan, sa mga panahong iyon, ang mitsa naman ay gawa sa manipis na hinabing tangkay ng akasya o bayabas.

Iba-ibang uri ng tao at lugar rin ang pinaggagawaan ng mga kandila: dumadaan ito minsan sa kamay ng mga madre sa kumbento, sa mga semenarista sa parokya, sa magagaspang na kamay ng manggagawa sa pabrika, o madalas, sa loob ng mga kulungan gawa-gawa ng kamay ng mga bilanggong naghahanap-buhay.

Pero ako, lumaki ako'ng inaakala na sa Kuya Lumin-el ko nagmumula ang mga kandila. Una ko 'tong naisip noong taong 2009, sa huling mga araw ni Ondoy sa aming bahay sa Bacoor, Cavite.

(Mananatili ang Binatang Adamos sa likod-gitna ng stage. Papaling sa kaliwa ng stage ang spotlight kung saan papasok sina Ondoy Adamos at Ondoy Lumin-el. Basang-basa ang kanilang buhok at damit. Karga-karga ni Ondoy Lumin-el ang umiiyak na si Ondoy Adamos.)

**ONDOY Lumin-el:** (Bitbit-bitbit at pinapatahan ang kapatid. Pupunta sa gitna ng stage at iuupo ang sarili at si Ondoy

Adamos.) Adamos, tahan na. Dito tayo, (tumingin sa baba at sa paligid) dito na tayo ngayon sa bubong oh. Hindi tayo makukuha ng baha!

**ONDOY ADAMOS:** (Umiiyak pa rin at humihinto-hinto sa pagsasalita upang suminghot) Kuya Lumin, sina tatay at nanay, nakita mo bang nakatakbo sa kabilang bahay?

**ONDOY Lumin-el:** Oo naman! Si mama at papa pa ba? Sadyang nahiwalay lang tayo sa kanila nang biglang rumagasa ang ilog. Pero tingnan mo oh, hindi na umuulan--

**ONDOY ADAMOS:** Pero ang taas pa rin po ng tubig. Paano po tayo kakain at maliligo niyan?

**ONDOY Lumin-el:** (Ngingiti at mapapatawa) (Ituturo ang paligid) Pagligo ba kamo? Punong-puno ng tubig sa paligid oh. Buong paligid natin ay banyo! Pwedeng-pwede tayo maghilamos dito.

**ONDOY ADAMOS:** (Mapapatawa rin) Yaaaak. Kuya naman eh.

**ONDOY Lumin-el:** (May mapapansin sa entablado, ngingiti, tatayo, at kakaway) Hello!! Adamos, tingnan mo oh, ang dami nating kapitbahay na nasa mga bubong din nila! Hello! Dinig niyo ba kami? Thumbs up kung dinig? O, uto-uto!

**ONDOY ADAMOS:** (Mapapatawa nang husto at kakaway din sa mga kapitbahay sa entablado)

**ONDOY Lumin-el:** Oh tingnan mo na, nakangiti na rin ang mga tao kahit may baha pa. Alam kasi nila na tapos na ang pinakahagupit ni Ondoy.

**ONDOY ADAMOS:** Kuya, malapit na maggabi, paano pag nilamig tayo? May susundo po ba sa atin talaga?

**ONDOY Lumin-el:** (Mawawala ang masiglang ngiti,mapapalitan ng malumbay na bersyon at mapapahinga nang malalim)

**BINATANG ADAMOS:** (Lalapit sa Ondoy eksena, ibibigay kay ONDOY Lumin-el ang unang kandila at posporo. Matapos itong gawin, babalik na siya sa likod ng stage)

**ONDOY Lumin-el:** (Ihaharap kay ONDOY ADAMOS ang maliit na kandila at posporo) Mayroon tayo nito. Tinago ko nang mabuti ito upang hindi mabasά. Sisindihan natin ito kung nilalamig tayo.

**ONDOY ADAMOS:** (Mapapakamot ng ulo) Eh, Kuya. Ang liit naman niyan eh, mabilis matutunaw ‘yan. Hindi po ba?

**ONDOY Lumin-el:** Wow, parang ang tangkad natin ah! (Guguluhin ang buhok ng kapatid) Papatay-patayin natin ang kandila para hindi agad maubos.

**ONDOY ADAMOS:** Kayo po ba gagawa non? Baka po kasi makatulog lang ako.

**ONDOY Lumin-el:** (Yayakapin ang kapatid palapit sa kanya. Sisindihan ang kandila at itatapat sa kanilang dalawa) Hayaan mo Adamos, ako ang magbabantay sa kandila. Ako ang magbabantay sa'yo. Tulog ka lang, magiging maayos din ang lahat.

(Mamamatay nang limang segundo ang spotlight. Aalis sa stage si ONDOY ADAMOS AT Lumin-el. Pupunta ang spotlight kay Binatang Adamos.)

**BINATANG ADAMOS:** (Lalapit sa iniwang ONDOY kandila at uupo rito. Ngingiti siya.)

Huwag kayo mag-alala wala namang nahulog sa amin sa bubong habang natutulog. Nilamok kami, oo, sobrang dami naming kagat noon. Buti nga hindi kami nagkadengue. Pero tunay ang pangako ni Kuya, hindi ako nilamig. Binalot niya ako sa yakap buong gabi hanggang sa dumating ang bangka ng barangay bandang mga ala-5 ng madaling araw. Pagkagising ko, may maliit na maliit na lang na parte ng kandila ang natitira. Sabi ng mga nagligtas sa amin, buti at hindi namatay ang

kandila bago kami makita. (Hinipan niya ang Ondoy kandila pasara. Kinuha ito muli at tumayo at pumunta sa gitna ng stage)

Taong 2014 naman, dalawang kandila ang magbabago sa aking pagtingin kay Kuya Lumin-el. Kakapasok ko pa lamang ng hayskul sa Science High at si Kuya, huling taon na sa hayskul. Sa mga panahong ito, nagkaroon ng sariling grupong sinasamahan si Kuya. Umonti na ang mga panahong bumubuntot ako sa kanya sa lahat ng mga pinupuntahan. Buti nga at nakapasok din ako sa kanyang paaralan! Hindi kami kahit kailan nag-iba ng paaralang pinasukan ni Kuya Lumin-el. Siguro ay ganoon talaga kami kalapit.

Noong nasa ika-lima, hanggang anim na baitang ako, doon ko lang napansin na hindi na kami laging magkasama ni Kuya sa kanyang mga gala. Natatandaan ko, ang laki ng ikinatampo ko sa kanya noong hindi siya umuwi nang maaga noong bisperas ng kanyang kaarawan tulad nang nakagawian namin.

(Pupunta sa gitnang likod si BINATANG ADAMOS at uupo)

(Pupunta ang spotlight sa kaliwa ng stage kung saan papasok si KAARAWAN

ADAMOS. Naka-uniporme siya ng pang-elementarya. Umupo siyang padabog, iniharap niya ang kanyang bag at yayakapin ito.)

**KAARAWANG ADAMOS:** (Padabog na bubuksan ang bag at ilalabas ang isang cupcake. Pagmamasdan ito nang painis.) Hindi ka naman pala uuwi nang maaga! Hinintay-hintay pa kita sa school! Sabi mo susunduin mo ako!

**KAARAWANG Lumin-el:** (Dahan-dahang papasok sa stage. Malungkot at kinakabahan na baka galit sa kanya ang kapatid. Wala itong sasabihin. Tatapikin lang sa ulo si Kaarawang Adamos at uupo sa kanyang gilid.)

**KAARAWANG ADAMOS:** (Tumagilid. Ayaw makaharap ang Kuya. Tumutulo na ang luha.)

**KAARAWANG Lumin-el:** Uy, Adamos. Sorry na. Nandito naman na ako.

**KAARAWANG ADAMOS:** (Hindi sasagot. Pinaglalaruan ang cupcake na hawak.)

**KAARAWANG Lumin-el:** Yieeee, cupcake ba 'yan? Para sa birthday ko? Asus ang sweet sweet naman ng kapatid ko. (Pabirong yayakapin at kukulitin si Adamos.)

**KAARAWANG ADAMOS:** (Tuluyang bumuhos ang luha.)

**KAARAWANG Lumin-el:** (Mapapatigil sa pangungulit at maawa) Adamos! Ala ba't ka umiiyak?

**KAARAWANG ADAMOS:** (Patuloy lamang sa pag-iyak at pagsinghot.)

**KAARAWANG Lumin-el:** (Lumapit lalo sa kapatid at pinunasan ang uhog at luha nito.) Adamos, bakit? Akala mo ba nakalimutan ko surpresa mo ngayong gabi? Eh alam ko naman na taon-taon, gusto mo'ng ikaw ang unang babati sa akin.

**KAARAWANG ADAMOS:** Kuya, bakit ayaw mo na sa akin?

**KAARAWANG Lumin-el:** (Magugulat sa tanong) Ha? Adamos, ano ka ba! San mo naman nakuha yan?

**KAARAWANG ADAMOS:** (Mapapatingin sa baba. Patuloy na paglalaruan ang cupcake na hawak.) Lagi mo na kasi ako'ng pinapauna umuwi. Hindi mo na rin ako madalas imbitahin sa kwarto mo. Kapag may ikukwento ako, lagi mo akong pinagmamadali. Tapos nasisigawan mo na rin ako palagi. (Bubuhos ang iyak).

**KAARAWANG Lumin-el:** (Namumuo ang mga luha sa mata. Kinakain ng konsensya. Lumapit ito ng upo kay Adamos.) Adamos, makinig ka. Hindi ako galit sa'yo.

**KAARAWANG ADAMOS:** (Titingin nang direkta sa Kuya) Eh di, ba't ka laging lumalayo sa akin?

**KAARAWANG Lumin-el**: Hindi ako galit sa'yo. Naiinis ako sa maraming bagay. Sa mga akala ko'ng kaibigan ko. Kina mama at papa natin. Sa churchmates natin. Naiinis ako sa sarili ko. Pero, alam mo Adamos, sa'yo lang ako hindi naiinis. Alam mo kung bakit?

**KAARAWANG ADAMOS**:(Hindi sumagot. Pinupunasan na ang mga sariling luha.)

**KAARAWANG Lumin-el:** Kasi ikaw ang paborito kong tao sa mundo, Adamos. Tunay mo ako'ng nakikita. Ikaw nga lang sumusubok batiin ako sa aking kaarawan at nag-aatubuling bilhan ako ng cupcake lagi kahit alam ko'ng kaunti lang baon mo araw-araw.

**KAARAWANG ADAMOS:** Kuya, ano ibig mo'ng sabihin sa nakikita kita nang tunay?

**KAARAWANG Lumin-el:** (Agad-agad na magtatanong) Adamos, alam mo ba na bakla ako?

**KAARAWANG ADAMOS:** (Agad-agad na sasagot) Opo.

**KAARAWANG Lumin-el:** (Ngingiti nang malaki) Oh di ba, di ko naman sinasabi sa'yo pero alam mo.

**KAARAWANG ADAMOS:** Ba-bakla po kayo, Kuya?

**KAARAWANG Lumin-el:** Pansekswal talaga pero, okay na muna ang bakla sa ngayon. Ayos lang ba? Na nagkakagusto ako sa mga lalake rin?

**KAARAWANG ADAMOS:** (Mapapaisip saglit) Ibig sabihin po ba no'n may kahati na ako sa pogs at Pokemon cards natin?

**KAARAWANG Lumin-el:** (Mapapatawa) Hindi. Walang makikihati sa atin. Laro nating dalawa yun eh. OK lang ba?

**KAARAWANG ADAMOS:** (Ngingiti at tatango) Opo naman! Astig nga eh. (Ibibigay ang cupcake sa Kuya) Hindi ko po mahanap kung nasaan ang kandila pero may kandila po akong nabili eh.

**KAARAWANG Lumin-el AT ADAMOS:** (Hahanapin at kakapain ang stage para sa nawawalang kandila.)

**BINATANG ADAMOS:** (Lalapit at ibibigay kay KAARAWANG Lumin-el ang isang maliit na kandilang may puti at pulang stripes. Pagkabigay, maglalaho ito sa anino ng likod ng stage.)

**KAARAWANG Lumin-el:** Ito, Adamos! Nahanap ko na.

**KAARAWANG ADAMOS:** (Kukunin itoi at ibabaon sa ibabaw ng cupcake) Kaso wala po ako'ng pos--

**KAARAWANG Lumin-el:** (Maglalabas at magsisindi ng posporo) Ops. Boy Scout tayong dalawa! (Sisindihan ang kandila)

**KAARAWANG ADAMOS:** Maligayang kaarawan, Kuya. Matanda at maasim ka na pero mahal pa rin kita.

**KAARAWANG Lumin-el:** (Yayakapin nang mahigpit si Adamos) Mahal na mahal din kita, Adamos! (Ipipikit ang mata at ihihipan ang kandila).

(Dahan-dahang babalik ang spotlight kay BINATANG ADAMOS. Lalabas sina KAARAWANG Lumin-el AT ADAMOS. Tatayo mula sa pagka-upo si Binatang Adamos)

**BINATANG ADAMOS:** (Ngingiti) Mas naging malapit kami ni Kuya matapos nun. Ang pag-amin niya rin siguro ang nagmarka ng bagong yugto ng aming relasyon. Dahil ako lang ang napagsasabihan ni Kuya tungkol sa kanyang mga crush, at ilang mga naging boyfriend, bumalik ang aming pagiging matalik na magkaibigan, labas pa sa pagiging magkapatid namin.

Nasa edad at panahon din ang paglago ng relasyon. Noong bata ako, akala ko simpleng pag-iwas lang ang pagtrato sa akin ni Kuya. May mga bagay pa lang hindi basta-basta nakikita sa ilalim ng ilaw ng isang kandila.

(Itataas ang isang limang pulgadang puting kandila sa entablado)

Ito. Itong kandila na ito noong Ika-11 ng Oktubre ng parehong taon na iyon ang nagbago sa aking Kuya. Ito ang kandilang sinindihan niya na hindi na nagbago sa kanyang pagkatao. Dito ko natutunan na pwede pa lang sindihan ng kandila ang mga taong hindi natin kakilala.

(Lalapit sa bandang harap si BINATANG ADAMOS ng stage. Sisindihan ang LAUDE kandila at ilalapag ito. Pagkalapag, babalik siya sa pag-upo sa gitnang likod ng stage at ang spotlight ay pupunta sa kaliwang bahagi upang ilawan ang pagpasok ni LAUDE Lumin-el)

**LAUDE Lumin-el**: (May bitbit-bitbit na mga rosas at santan. May buhat din na litratro ni Jennifer Laude. Ang trans woman na pinaslang ng Amerkanong sundalo na si Pemberton. Lalapit siya sa kandila sa stage. Aayusin ang mga bulaklak at itatayo ang litrato ni Jennifer Laude na nakaharap sa entablado bago siya umupo sa gilid nito at pinipigilang wag maiyak.)

**LAUDE ADAMOS**: (Papasok mula sa entrada sa kaliwa ng stage. May bitbit na sampaguita. Dahan-dahan siyang lumapit at umupo sa tabi ng Kuya) Ku-Kuya, pwede rin po ba ako mag-alay ng bulaklak?

**LAUDE Lumin-el:** Oo naman! Sige ipatong mo lang diyan sa tabi ng mga bulaklak ko.

**LAUDE ADAMOS:** (Isasabit sa litrato ni Jennifer Laude) Kuya, kilala mo po ba siya?

**LAUDE Lumin-el:** (Hihinde ang ulo) Pero, parte siya ng komunidad. Isang trans na babaeng pinaslang ng Amerika.

**LAUDE ADAMOS:** (Kukunot ang mga kilay) Ng Amerika po? Yung buong bansa? 'Di ba po, isang sundalo lang ang pum--(Hindi kumportableng sabihin ang salita) kumuha ng buhay niya po?

**LAUDE Lumin-el:** Bakit sa tingin mo nandito si Pemberton?

**LAUDE ADAMOS:** (Mas kumunot ang noo at nagdikit ang kilay) Ah, kasi-kasi po may parang bahay po sila dito sa atin?

**LAUDE Lumin-el:** Kampo. May kampo sila rito. Military bases sa ating kapuluan.

**LAUDE ADAMOS:** Pwe-pwede po yun? Ang astig naman!

**LAUDE Lumin-el:** (Malumbay na titingin sa kapatid at i-aalog ang ulo) Hindi astig, Adamos. Nakakagalit. Nakakasuklam. Nakakainis. Pinapayagan sila rito ng ating gobyerno. Ang tawag

doon ay imperyo. Imperyalismo. Alam mo ba 'yun, natuturo ba ito sa inyo?

**LAUDE ADAMOS:** Ang sabi lang po sa AP tungkol dito ay, kapag may malaking bansa na sasakop ng maliit na bansa, imperyalismo po ito.

**LAUDE Lumin-el:** Gano'n lang pinaliwanag ng guro niyo? Napakababaw naman.

**LAUDE ADAMOS:** Ibig sabihin po, bumabalik ang Amerika para sakupin tayo?

**LAUDE Lumin-el**: Hindi naman sila kahit kailan umalis, Adamos. Pinapayagan silang manatili ng mga lokal na puppet nila dito dahil marami silang nakukuhang personal na benepisyo. Samantalang tayo, tayo nina Jennifer Laude, humaharap sa hagupit na dala ng pananatili nila dito sa ating bansa.

**LAUDE ADAMOS:** (Tatahimik at titingin pataas at baba, sinusubukan intindihin ang sinasabi ng Kuya) Kuya, pasensya hindi ko pa po masyadong maintindihan ang lahat. Bale, hindi lang po ito simpleng hate crime?

**LAUDE Lumin-el:** Hinde, Adamos. Kailangan lagi nating sinusuri ang ugat ng mga bagay-bagay. Parang kandila, ang makikita mo lang madalas ay ang wax niya pero kung tutunawin

ang makapal na panlabas, makikita mo ang mitsa sa loob. Ganoon matututo ah?

**LAUDE ADAMOS**: Opo, Kuya. Sana maging ganiyang katalino rin po ako habang estudyante pa lang.

**LAUDE Lumin-el:** Hindi ba, nakwento ko sa iyo na sumali ako sa organisasyon sa school natin? Ang dami naming pag-aaral lagi. Sumama ka minsan sa mga educational discussion namin! Para naman may kasama ako umuwi. Hindi mo naman kailangan maging miyembro, makinig ka lang. Mag-aral tayo nang sabay.

**LAUDE ADAMOS:** (Masayang pinagmamasdan ang Kuya) Sige po. Opo naman.

**LAUDE Lumin-el:** (Mapapangiti) Isa pa, wag mo na kaya ako i-Kuya at mag po at opo? Lalo na ang baba na ng boses mo at malapit ka na maging mas matangkad sa akin ang sagwa na. At saka, para pantay tayo sa respeto.

**LAUDE ADAMOS:** Bukas po ba pwede na ako magsimulang sumama sa inyo, Kuya?

**LAUDE Lumin-el:** (Mapapaisip at mapapahinto) Huwag muna siguro bukas, Adamos. May pupuntahan ako bukas. Makikiisa ako sa protesta para kay Jennifer Laude. Rally yun at alam mo naman pagtingin nina mama tungkol dun. (Pabulong)

**LAUDE ADAMOS:** (Nag-aalala ang ekspresyon)  Rally? Yo'ng mga nagmamartsa po sa labas? At may hawak na mga illustration board?

**LAUDE Lumin-el:** Placard. (Ngingiti) At sa mga pinaglumaang carton madalas gawa ito, hindi illustration board. Masyadong mahal.

**LAUDE ADAMOS**: (Mapapaisip) Kuya, madadagdagan nanaman mga lihim mo kina mama…

**LAUDE Lumin-el:** (Malulungkot din at mapapatingin sa sahig) Hindi pa nila nabubuo ang kapasyahan upang makinig. Ako naman, nakahanda ako palagi na sumagot at magpaliwanag, ngunit sila hindi pa handa makinig.

**LAUDE ADAMOS:** (Mapapatingin sa litrato ni Jennifer Laude nang ilang segundo bago mabaling ang tingin sa kanyang Kuya.)

(Mapupunta muli ang spotlight kay BINATANG ADAMOS. Aalis ng stage sina LAUDE Lumin-el at LAUDE ADAMOS, iiwanan lamang ang Lude Kandila).

**BINATANG ADAMOS:** (Susundan ng spotlight habang palakad sa nakasinding Laude Kandila) Alam ko'ng habang-buhay na ang piniling landas ng aking Kuya Lumin-el nang umalis siya kinabukasan upang sumama sa mobilisasyon para

kay Jennifer Laude. Gusto ko man sumama no'n, kinausap ako ni Kuya na manatili dahil kailangan niya ng sasalo sa paliwanag kina mama at papa.

(Mapapatawa)

Ako ang sumasalo sa mga galit ni mama at papa. "Ba't mo naman hindi sinabi agad to, Adamos?" naalala ko'ng sigaw nila mama sa akin. Buti na lang at masisipag na estudyante kami ni Kuya, wala naman silang masasabi sa mga grades namin.

Noon SHS, nag-humanidades ako. Gusto ko kasi maging manunulat, nahubog din ako ng mga kwento ni Kuya tungkol sa mga nararanasan niya at ng mga kasama niya sa pakikibaka. Nakakatawa nga minsan eh, naiiwan ni Kuya ang flag ng org niya, minsan nakikita daw nila si Atom Araullo, napipigtal sandals niya, minsan nauutal daw siya mag mass lead, hahahaha, hays. Sana nakikita ko siya minsan, sana nandoon ako noong unang mga araw na naging masang aktibista siya. Bilib na bilib ako sa aking Kuya! Talagang binago siya ng mga nangyayari sa bansa, pinili niyang gawing personal ang lahat ng atake sa lansangan. Kinilala niya ito, at sinamahan din.

(Hihipanin at kukunin ang Laude kandila.)

Akala ko, wala nang ikamumulat at ililiwanag ang mga kandilang sinisinidhan ni Kuya, hanggang sa dumating ang Agosto 2017.

(Babalik at uupo sa gitnang likod ng stage si Binatang Adamos at papasok sina EJK Lumin-el at EJK ADAMOS. Bago pumunta sa harap, dadaanan ni EJK Lumin-el ang dalawang itim at manipis na kandila mula kay Binatang Adamos. Matapos nito, pupunta sila ni EJK ADAMOS sa tapat ng stage. May bitbit silang easel kung saan nakapatong ang litrato ni Kian De Los Santos. Aayusin nila ito sa stage bago magsimula muli ang eksena).

**EJK ADAMOS**: (Titingin sa palagid, nasa simbahan sila) (Pabulong) Ang daming tao, Kuya. Lahat to mga kaibigan at kakilala ng mga pamilya ni Kian?

**EJK Lumin-el:** Hindi. Pero, lahat tayo rito kilala si Kian. Salamat, Adamos ah. Sumama ka.

**EJK ADAMOS**: Pinag-uusapan din namin to ngayon sa student government namin , plano namin maglunsad din ng candle lighting ceremony. Ay at saka, ako magli-lead ng prayer bilang SSG president. Hehe, maging proud ka naman.

**EJK Lumin-el:** (Pabirong sisikuhin ang kapatid) Manang-mana sa akin ah. Mabuti yan. (Malulungkot at titingin sa litrato ni Kian), halos kasing-edad mo lang siya, Adamos. Napakabata pa ni Kian. Hindi mawala sa isip ko ang mukha mo tuwing makikita sa balita ang sinapit niya.

**EJK ADAMOS:** (Ipapatong ang kamay sa likod ng kanyang Kuya) (Hindi magsasalita).

**EJK Lumin-el**: Palala nang palala itong si Duterte, Adamos. Naglulunsad siya ng gera laban sa mamamayan. Naglulunsad ng gera laban sa mga mahihirap.

(Kukunin ang itim na kandila at iaabot ang isa kay Adamos)

**EJK ADAMOS:** Ano nga ba ulit sabihin ng itim na kandila? Di po ba, iba-iba pwedeng bilin na kulay dito sa candle room?

**EJK Lumin-el**: (Itataas ang kandila) Ito oh may nakasulat. "Itim na kandila para sa proteksyon laban sa masasamang tao na nais manakit ng kanilang kapwa" Ito pinili ko dahil, Adamos, malaki ang suri namin na hindi hihinto ang mga pagpaslang na ganito. Kakaupo niya pa lamang sa pwesto pero halos pantayan niya na si Marcos sa bilang ng mga na-EJK niya.

**EJK ADAMOS**: Isang taon na lang Kuya, magkokolehiyo na rin po ako. Pag sakaling pumasa ako sa UP o kahit anong SUC sa Manila, magdodorm ako. Malalayo ako sa atin, mas masasamahan pa kita. (Nananabik na binubulong niya)

**EJK Lumin-el:** (Malungkot na tatapat sa kapatid) May sasabihin ako sa'yo, Adamos…

**EJK ADAMOS:** (Hindi nagugustuhan ang malungkot na tono ng Kuya kaya, nagpatawa na lamang) Ano? Na bakla ka? Oo alam ko na 'yun!

**EJK Lumin-el:** Aalis na ako, Adamos.

(Magugulat ang magkapatid. Magugulat sa kung paano kasimple at kaikli ang pagbanggit ng pag-alis.)

**EJK ADAMOS:** (Mapapahakbang patalikod) Alis? Ba-bakasyon ba? Ka-kailan? Pwe-pwede ba ako sumama?

**EJK Lumin-el:** (Tumitingin sa paligid, sinisigurong walang nakakadinig. Lalapit kay Adamos) Adam, alam mo kung ano ang itinutukoy ko.

**EJK ADAMOS:** (Magsisimulang huminga nang mabilis at malalim. Naiiyak sa binabanggit ng Kuya) Ang bastos mo naman. Bakit ngayon mo pa 'yan sinasabi?

**EJK Lumin-el:** (Ipapatong ang kamay sa balikat ng kapatid) Adamos--

**EJK ADAMOS:** (Aalisin padabog ang nakapatong na kamay ng Kuya) (Ilalabas ang posporo at sisinidhan ang kanyang kandila. Matapos nito, ipapatong niya ang kandila sa tapat ng easel ni Kian at aalis na)

**EJK Lumin-el:** (Hihinga ng malalim. Panonoorin ang kapatid umalis) (Malungkot na sisindihan din ang kanyang kandilang hawak gamit ang kandila ng kapatid. Ilalapit niya ang kanyang kandila sa kandila ng kapatid.)

(Spotlight ay pupunta kay BINATANG ADAMOS. Tatayo ito at maglalakad paharap habang paalis si EJK Lumin-el SA STAGE bitbit ang litrato't easel ni Kian at ititira ang dalawang kandilang itim)

**BINATANG ADAMOS:** Matagal muli bago kami nakapagkita ni Kuya Lumin-el matapos sindihan ang itim na kandila na iyon.

Totoo nga ang kanyang ibinulong sa akin, nasindihan nga sa kanyang loob ang kapasyahang gampanan ang pinakamataas na uri ng pakikibaka sa kanayunan. Mahirap na tinanggap ng mga magulang namin ito. Iniyakan nina mama at papa ang desisyon ni Kuya nang matagal na panahon. Pero ang hindi ko inaasahan ay ang aking naging reaksyon: hindi ako lumuha. Hindi lungkot lang ang aking naramdaman. Poot din. Galit din. Panggigigil. Pagkasuklam. Ang duga-duga ni Kuya. Napakamakasarili! Hindi ko maintindihan bakit niyang nagawang iwanan ako. Ako na sinabi niyang paboritong tao niya sa mundo, ganon-ganon niya lang iniwan. Wala ako'ng pakielam kung para sa bayan o kung para sa kalayaan man.

Gusto ko kasama ang aking Kuya. Napakahirap ba no'n?

Naiintindihan ko naman na nadinig ni Kuya ang tawag ng lansangan at tumugon lamang siya rito. Pero sana bingi ang aking Kuya, sana hindi niya ito narinig-- ganito ang namuong galit ko sa kanya sa mga taong nagdaan matapos namin sindihan ang itim na kandila noong 2017.

Lilipas ang tatlong taon bago kami muling magkita ni Kuya Lumin-el. Lumala ang buhay sa ilalim ni Duterte, ginawa niya ang lahat ng uri ng gera laban sa mamamayan tulad ng unang banggit ng aking Kuya sa akin: ang all-out-war approach niya kung saan lahat ng kawani ng gobyerno ay may pinaglalaanang program patungkol sa mapanlinlang na 'anti-subersyon', ang Drug war na gera kontra mahihirap talaga, at ang Martial law sa Mindanao.

Kahit na wala si Kuya, nakakita ako ng pagsindi ng napakaraming kandila sa panahon ni Duterte. At wala nang mas dadami pa nang dumating ang COVID-19 na pandemiko noong 2020. Arawan ang pagkita ko sa pagsindi sa mga kandila at sa mga luhang hindi pinapayagang lumabas ng bahay.

Isa ang aming nanay sa tinamaan ng pandemya. Noong una, hindi man lamang namin siya mabigyan ng isang respetadong libing. Buti na lang at malakas ang karisma ni tatay sa barangay, napapayag niya na ilibing si mama sa baryo na malapit sa amin.

Nagpadala ako ng sulat kay Kuya sa kanyang kasama at agad naman siyang tumugon na bibisita siya sa puntod ng aming nanay. Nakiusap din siya na magkita raw kami doon.

(Babalik sa gitnang likod si Binatang Adamos. Pupunta sa kaliwa ng stage ang spotlight kung saan papasok si PANDEMYA ADAMOS na may bitbit na puntod na props. Aayusin ito sa gitna ng stage at tahimik na tatayo lamang)

**PANDEMYA Lumin-el:** (Papasok sa kaliwa ng stage at dahan-dahang pupuntahan si Pandemya Adamos) (Ilang segundo rin siyang nanatiling nakatayo, inaayos ang sarili, ang damit na suot, at ang puting kandila at mga santan na hawak.) Ehem. Adamos, hel--

**PANDEMYA ADAMOS:** (Hawak-hawak ang puting kandilang sisindihan para sa kanilang nanay. Agad na mabibitawan ito nang marinig ang Kuya. Mahuhulog at gugulong ang kandila palabas ng stage.) (Inis na inis na susugurin ang Kuya).

(Madadapa at magrarambulan ang dawa. Sinapak nang sinapak ni Adamos ang kanyang Kuya. Hindi gumaganti si Lumin-el, sinusubukan niya lamang itulak palayo si Adamos. Mas malakas pa rin siya kay Adamos.)

**PANDEMYA ADAMOS:** (Pilit na kumakawala sa yakap ng Kuya, Nagsimulang umiyak at sumigaw) AHHHHHHHHH

HHHHHHHHHHHHHHHHHHHHHH !!! INIWAN MO KAMI, Kuya! INIWAN MO KAMI!!!!

**PANDEMYA Lumin-el:** (Hihigpitan ang yakap sa kapatid hindi magsasalita. Magsisimulang maiyak din)

**PANDEMYA ADAMOS**: (Pahina nang pahina ang pagpadyak at pag-aklas sa yakap ng Kuya hanggang sa iyak na lang ang matitira) Wala na si mama Kuya, wala na si mama, WALA NA SI MAMA, Kuya. WALA NA SI MAMA.

**PANDEMYA Lumin-el:** (Ibabaon lamang ang ulo sa buhok ng kapatid. Dadamayan siya sa pag-iyak)

(Hihinto lamang sila sa pag-iyak kapag umalis na ang spotlight sa kanila at sa pananatili nito kay BINATANG ADAMOS)

**BINATANG ADAMOS** : (Tatayo at pupulutin ang rumolyong kandila sa labas ng stage. Kapag nahanap na ito, tatabi siya sa naka-freeze na PANDEMYA ADAMOS AT Lumin-el.) Isa ito sa mga kandilang naghintay. Naghintay sa aking pagkalma. Naghintay sa pagbaba ni Kuya, naghintay sa aming paghinahon.

(Sisindihan ang PANDEMYA kandila at ilalapag sa harap ng nitso ng mama nila)

(Pagkasindi, tatayo at aalis na sina PANDEMYA ADAMOS AT Lumin-el SA STAGE. Bitbit nila ang nitso

ng nanay.. Titingnan sila ni BINATANG ADAMOS habang umaalis ng stage.)

Minsan, napangungunahan talaga tayo ng emosyon. Maraming nawawala na mga tunay na sentimento kapag nagsasalita ang galit. Unang sapak ko kay Kuya, agad ko ito'ng pinagsisihan.

Para akong siya noong nag-usap kami na bakla siya: galit ako sa mundo. Galit ako sa pandemya, galit ako sa kriminal na kapabayaan, sa tugon ng estado na solusyong militar. Mulat naman ako sa reyalidad, hindi naman na ako musmos. Pero, nakalimutan ko ang kamulatan na iyon nang marinig ang pagdating ni Kuya Lumin-el. Sumabog ang lahat ng nabarang emosyon ko sa loob. Inatake ko siya at agad ko itong pinagsisihan. Doon lang ako nakaramdam kung paano kapitan ng isang poot na hindi ko alam saan ididirekta.

Nasaktan ko si Kuya. Nasaktan ko siya.

(Uupo at ihihipan ang PANDEMYA KANDILA. Kukunin ito at hahawakan.)

**PANDEMYA ADAMOS:** Nang humupa ang huling usok ng mitsa, nagkabati rin kami ng aking Kuya. Bumalik siya sa taas at nagpatuloy ang aking kandila, lumago at lumawak nang lumawak ang kamulatan. Sa unang mga taon sa kolehiyo noong pandemya, naging parte ako ng kilusang kabataan sa aking eskwela. Mabilis na naging lider ng kinabibilangang kolektib

dahil na rin sigurong swabe itong dumating sa akin, salamat na rin sa aking Kuya Lumin-el.

Ang unang kandilang sinindihan ko mag-isa, bilang isang sariling tao na hindi na sinasamahan ng Kuya, bilang isang bagong-silang na aktibista, ay hindi para sa isang tao kung 'di sa isang pangyayari. Pwede rin pala na hindi tao ang ating pinagsisindihan ng kandila.

(Papasok ang sampong tao na nakaitim. Bitbit-bit ang mga panawagan para sa ABS-CBN, ang hindi pagshut-down dito, mga panawagang "DEFEND PRESS FREEDOM", "11,000 NA MANGGAGAWA, ALALAHANIN!", mga bandila ng College Editors Guild of the Philippines, National Union Of Journalists in the Philippines, mga placard na witty sa paggamit ng mga title card ng mga ABS-CBN shows para irehistro ang kanilang pagkundina sa pagshutdown. Lilinya lahat sila sa likod ni Binatang Adamos)

**BINATANG ADAMOS:** Ito ang unang beses na napasa ako sa mobilisasyon ng ako lang. Importanteng yugto ito ng aking pagkatao. Alam ko na ang paninindigan ng aking Kuya ay paninindigan ko rin, hindi dahil kasama ko siya lagi, pero dahil ito ang tamang suri sa lipunan. Ito ang tamang parte ng kasaysayan. Isa sa mga minulat ng pag-alis ng aking Kuya ay ito: kinilala at sinuri ko nang sarili ang mga pinaniniwalaan ko, ang

aking mga dasal, ang aking mga desisyon. Lahat ng mga ito ay dito sa lansangan ako dinala.

(Mangunguna sa paghakabang paharap si Binatang Adamos. Ilalabas ang isang kandilang may ribbon ng pula, asul, at berde. Sisindihan ito at ilalapag sa gitna. Kapag ito ay nakatayo na, aayusin ng mga aktibista at manggagawa ang kanilang mga placard. Uupo at iikot sa gilid ng kandila.)

(Lalawak ang spotlight sa buong bulto)

**AKTIBISTA 1:** NO TO ABS-CBN SHUTDOWN!

**LAHAT:** NO TO ABS-CBN SHUTDOWN!

**AKTIBISTA 2:** DEFEND! DEFEND! DEFEND PRESS FREEDOM!

**LAHAT:** DEFEND! DEFEND! DEFEND PRESS FREEDOM!

(Liliit ang spotlight at kay BINATANG ADAMOS lamang mananatili. Aalis ang lahat ng mga aktibista sa kaliwa ng stage at maiiwan si BINATANG ADAMOS.)

**BINATANG ADAMOS:** (Hihipanin at kukunin ang ABS-CBN kandila) (Ngingiti sa entablado) Nais ko sanang makita ako ni Kuya Lumin-el na kasama sa isang importanteng mobilisasyon. Wala man siya rito, sinisigurado ko na wala

ako'ng detalyeng nakakalimutan sa aking mga pinapadalang liham sa kanya! Lahat kinukwento ko. Mabilis sumagot si Kuya basta ang liham ay mula sa akin. Marami siyang mga pinaalala sa akin:

(Kukunin ang ilang liham sa bulsa ng pantalon na suot. )

"Adamos, 'wag matakot sumailam sa proseso ng pagpuna sa sarili. Umuunlad tayo sa pagpupuna ng mga maling nagawa.",

"Adamos, kailan ka magjojowa? Sana ang mahanap mo'ng jowa ay makakasama mo maglakad sa init ng lansangan at sa hagupit ng dagat."

"Adamos, unti-untiin ang pagpapanibagong hubog. Huwag maging matigas sa sarili, radikal ang maging mabuti tayo sa ating mga kahinaan."

"Adamos, kumain nang tama at pag-aralan lagi nang mulat ang lipunan."

"Adamos, magkikita pa tayo."

**BINATANG ADAMOS:** (Tutupiin ang mga liham at ipapasok sa bulsa)

Ito ang mga kandilang inilawan ni Kuya Lumin-el para sa akin. Marami ako'ng natutunan sa kanyang mga ilaw. Ngayon,

ako naman ang magsisindi ng mga ito kapag kailangan. Ang sinindihan kanina ang huling kandila--

**AKTIBISTA 1**: (Tatakbong nagmamadali papasok ng stage. Puno ng kaba ang mukha) ADAMOS!! May, may liham para sa iyo. Kung hindi mo pa nakikita ang balita online, mas maganda sigurong itong porma na liham sa taas ang iyong basahin… (Tumingin sa baba matapos itong sabihin)

**BINATANG ADAMOS**: (Nakatulala kay AKTIBISTA 1. Nanginginig na kinuha ang liham mula sa kanyang mga kamay at sinimulang magbasa:)

*Kasamang Illio…. Ang…ang iyong Kuya ay bahagi ng……na pupunta dapat pauwi sa inyo sa Cavite……sinalubong sila ng mga…*

(Magsisimulang lumuha si BINATANG ADAMOS. Unti-unting pagtataksilan siya ng kanyang mga tuhod at madadapa)

*Sinalubong sila ng…CIDG…at infantry batallion…apat na araw nang walang ugnay sa command…dinakip….kasama ang iyong Kuya…dinakip ang iyong Kuya… walang bakas na iniwan..liban sa impormasyon na…*

(Hindi na natapos basahin ni Binatang Adamos ang liham. Umiyak lamang ito nang umiyak. Hagulgol sa pagproseso ng balita.)

**LAHAT NG AKTIBISTA:** (Pupunta sa stage at dahan-dahang yayakapin ng kolektibo si Adamos. Mga umiiyak rin)

(Maglalaan ng limang minuto para sa pagluha at hagulgol ni Adamos. Walang salita ang kailangan. Pwede nang ipasok dito nang unang beses ang musika ng dula kung meron.)

(Dahan-dahang papatay nang papatay ang ilaw ng spotlight hanggang sa ito ay tuluyang mawala at dilim lamang ang mananatili sa entablado sa loob ng isang minuto. Matapos ng isang minuto, bubukas ito at papasok sa stage si Binatang Adamos, may bitbit na malaking placard na "Surface Lumin-el WANAG." na may pintura ng mukha ng kanyang Kuya.)

**BINATANG ADAMOS:** (Hihinga muna nang malalim bago tingnan ang entablado. Hindi masaya. Hindi rin naman walang pag-asa. Palaban. Puno nang buhay ang bugtong-hininga. Iiipit niya ang stick ng placard na bitbit sa kilikili upang kumuha ng isang kandila. Ang HULING KANDILA ay halos maubos na, kaunting-kaunti na lamang.)

**BINATANG ADAMOS:** Ang ang kasalukuyang kandilang humabol sa aking buhay.

**LAHAT NG BERSYON NI Lumin-el:** (Lalabas sa stage at bubuo ng semi-circle sa likod ni Adamos. Masaya sila narating kapasyahan at kamulatan ng bunsong kapatid.)

**BINATANG ADAMOS:** (Tatalikod upang tingnan ang lahat ng kanyang Kuya. Magba-bow siya isa-isa sa kanila at haharap pabalik sa entablado.)

(Dadating ang voice-over at snippet ng mash-ups ng mga kasalukuyang isyu sa ilalim ng Marcos-Duterte na administrasyon: ang pagkapanalo nina Bongbong Marcos at Sara Duterte, 100 % foreign ownership. Mga paghuli sa mga aktibista, Northern Luzon 7, at lahat pa ng mga kasalukuyang isyu kung kailan itatanghal ang dulang ito)

**BINATANG ADAMOS:** (Sisindihan ang kandila. Ihahapag niya ito sa pinakaharap ng stage. Sa kanyang pagsindi. Titigil ang mga voice-over).

Hindi. Hindi sa kamatayan. Hindi sa pagkabigo. Hindi ito ang huli. Hindi maagaw ng kahit anong bagyo, pasista, at trahedya ang mitsa na aking hinahawakan para alalahanin ang aking Kuya Lumin-el. Mga kasama, natatakot ako! Natatakot ako sa hinaharap. Natatakot ako sa mga kandilang pwede pang sindihan kahit ito ay gusto kong iwasan.

(Tatapat sa mga Kuya at ngingiti)

Pero ang kandila ay liwanag. Yumayakap ito sa isang batang kararanas lamang ng bagyo, katotohanan ito ng mga nagpapakilala ng tunay na sarili, pag-alala ito sa mga namayapa, selebrasyon ito ng kaarawan.

Hindi. Hindi ako takot! Hindi kami takot! TAMA BA MGA KASAMA?

**LAHAT NG AKTIBISTA at LAHAT NG BERSYON NI ADAMOS:** (Lalabas ng bitbit-bitbit ang lahat ng mga nakalipas na placard. Maglalabas din ng mga tunay na buhay na panawagan at pangalan ng mga desaparesido at mga politikal na bilanggo. Kung kaya imbitahin ang lahat ng mga aktibista, masa, ka-alyado na pumunta sa stage, gawin ito.)

**PANDEMYA Lumin-el:** (Lalakad papunta kay Binatang Adamos at ibibigay sa kanya ang isang megaphone.)

**BINATANG ADAMOS:** (Namumuo ang pag-iyak sa lalamunan. Yayakapin nang mahigpit ang Kuya bago kunin ang megaphone pumunta sa gilid upang kausapin ang parehong entablado at bulto)

MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!

**LAHAT:** MAKIBAKA HUWAG MATAKOT!

**BINATANG ADAMOS:** MAKIBAKA, HUWAG MATAKOT!

**LAHAT:** MAKIBAKA HUWAG MATAKOT!

**BINATANG ADAMOS:** Isang pula at mapagpalayang paglaban sa lahat ng nakakarinig sa aking boses! Kami ang mga mitsa ng pakikibaka, ang makulit na sumasayaw na apoy na bibit-bititing bitbit-bitbit ang alaala at malagong tradisyong ng pakikibaka sa ating bansa. Dumating man ang mga bagong mukha ng mga pasista at berdugo, mananatili ang katingkaran at init ng masang sasalubong sa bawat pag-atakeng gagawin nila!

(Magsisimula na ang musika ng dula)

**LAHAT ng IBANG BERSYON NI ADAMOS**:
(Masasayang lalapit kay Binatang Adamos at mananatili sa kanyang likod.)

**BINATANG ADAMOS**: (Titingin sa kanyang mga Kuya) Ako po ay hinubog ng mga kandilang sinindihan ng aking Kuya Lumin-el. Siya po ay isang mabuting tao, isang butihing anak ng bayan na pinili ang pinakamataas na porma ng pakikibaka!

Tulad ng napakaraming pagkakataon, siya ho ay inagaw sa amin ng pasistang estado na ito! Pero tulad ng kandila sa inyong harap, hindi kami magsasawa sa pagsindi ng mga apoy, sa pagtunog sa mga kampana, sa pag-aral ng lipunan, at paglabas sa lansangan! Walang pasismong nagdaan at nagtagal na hindi nabigo ng mainit at pulang pagmamahalan ng mga

mamamayan. Nandito ho kami, nandito ho ako ngayon dahil ang kalayaan ay hindi hinihintay, ito ay pinapanday!

(Itataas ang placard ng Surface Lumin-el WANAG)

SURFACE Lumin-el WANAG!

**LAHAT:** SURFACE Lumin-el WANAG!

**BINATANG ADAMOS:** SURFACE Lumin-el WANAG!

**LAHAT:** SURFACE Lumin-el WANAG!

**BINATANG ADAMOS:** MAKIBAKA, 'WAG MATAKOT!

**LAHAT:** MAKIBAKA, 'WAG MATAKOT!

**BINATANG ADAMOS:** KALAYAAN!

**LAHAT:** KALAYAAN!

**BINATANG ADAMOS:** LINAWAG!

**LAHAT:** LIWANAG!

**LAHAT:** Iwawagayway ang mga bandila, itaas ang mga placard, magpapalakpakan.

(Ang spotlight ay liliit nang liliit at pupunta ito sa ilaw ng huling kandila hanggang sa tuluyan itong mamatay at ilaw ng kandila na lamang ang matitira.)

-WAKAS-

# Piraso ng Nakaraan

*G. Jobert dela Cruz Pillas*

Payapa ang gabi sa Kalye Maingay habang sandamakmak naman na pupundi-punding mga ilaw ang tumatangan sa bahay nina Mang Boy. Tanging ihip lamang ng hangin ang maririnig sa mga sandaling ito. Mahalumigmig ang singaw ng paligid at tila ba nag-aalab ang sandaling ito sa isang ningas na tumupok sa kaguluhan ng lugar. Sa isang sulok, naroon ang isang matandang salamin na inaagiw na. May bitak na rin ito at anumang oras handa na itong magpira-piraso.

"Ay susmaryosep! Si Pepita ga iyon?!" Usisa ng isa habang umiinom ng kapeng barako sa tapat ng kanilang bahay na gawa sa sawali.

Binasag nito ang katahimikan ng lugar. Walang anumang bangayan ang nangyayari sa daan kumpara noong mga nakaraang buwan. Si Pepita ay nakatira roon sa may bahay ni Mang Boy na isa namang matikas at mailap na matanda. Lagi itong abala dahil sa kanyang trabaho at naghahabol daw ng kanyang "quota." Ngunit, parang karambola ang pagitan ng ugnayan ng pamilyang ito. Nagsasalpukan ang kanya-kanyang mga ihi sa ere na tila ba hindi mga marunong magmaneho ng sarili.

"Balita ko ay nasiraan nga eka ng ulo," sabat naman ng isa pa habang kinukuha ang kanyang mga sampay sa mahabang alambre ng kanilang bakod.

"Dili man ganyan day! Adek si Pepeta de ba?" Paglilinaw naman ng isa habang naglalaba sa posohan. Ipinaliwanag niya dito kung paano nakasalubong ni Pepita ang kamatayan.

"Ay gay-on ba? Anlaa naman!"

Nang mga sandaling iyon, naririnig na sila ni Pablo na nagpipiit lamang na magsalita. Si Pablo ang tanging anak ni Pepita. Ngunit kahit anong punta nito sa manghuhula ay hindi pa rin mahula-hulaan kung sino ang kanyang ama. Gayundin ang kanyang ina na di mapalagay kung sino nga ba talaga ang ama ni Pablo. Pero isa lang ang laging sinasabi niya sa tuwing maitatanong ito, "Huwag kang magtitiwala kahit kanino."

Tikom ang mga palad ni Pablo. Nagmamatigas ang kanyang puso sa kanyang kinasasadlakan ngayon. May kinang

ng tubig sa kanyang kaliwang mata. Anumang oras, handa nang umagos ang baha sa kanyang kayumanggi't pahabang mukha. Tinignan niya ang matandang salamin at maya-maya'y nilamon siya nito sa kanyang gunita.

Isang kahong mga bagahe ang dala-dala ng kanyang pagkabata. Sa edad na labingtatlong taon ay natutuhan niyang kaibiganin ang pawis at libag. Hindi ito bunga ng kanyang kakulitan o ligalig. Hindi rin dahil sa paglalaro. Kundi sa isang gawaing na dapat ama niya ang gumagawa.

Natutuhan niyang magkumpuni ng mga sirang gamit sa kanilang bahay tulad nang minsang nasira ang kanilang pintuan. Para bang ikinulong na siya sa loob ng bahay na ito sa mga sandaling nasira ang kandado. Tila hindi na siya makalalabas pa sa kanyang mga pangarap.

Pangarap din ang nagtulak sa kanya kung bakit pinili niyang pumasada sa lansangan. Pagpapadyak ang nagbibigay sa kanya ng kita. Isang kulay berde at medyo bulok na pedicab ang kanyang ginagamit sa pagpasada. Kinakalawang na ang mga bakal nito at manipis na rin ang mga gulong. Sa bawat pedal niya rito, may pagtatanong na siya sa kanyang isipan kung hanggang kailan niya papasanin ang kanyang pamilya.

Hindi lang tao ang hinahatid niya sa araw-araw. Madalas din siyang nauutusan ng ina na maghatid ng mga pake-paketeng tinda nito sa may ilalim ng tulay ng Kalye Maingay. Pintuan ito

ng langit para sa mga naghahangad ng luwalhati sa sarili. Batid niya ang panganib na dala-dala nito. Ngunit wala naman siyang magagawa dahil tila nakatali na siya sa siklong ito.

"O Pablo pawisan ka na. Magpahinga ka na muna. Tirik ang araw. Baka mapano ka niyan." Paalala ni Mang Boy na ngayon ay nag-aabot na ng tubig sa kanya. Maalinsangan ang paligid. Tila nagbabaga ang espaltong daanan ng Kalye Maingay. Kitang-kita ang anino ni Mang Boy sa sikat ng sinag ng araw.

"Salamat." Tugon ni Pablo na tila ba nagpalamig sa matanda.

May usok sa isang metrong layong namamagitan sa kanila. May nagdadabog sa kanyang dibdib. Alam ni Mang Boy kung ano ang dahilan. Alam niyang hindi ganoon katiwala sa kanya ang binata, ganun din naman si Pepita. Kaya naman iniwan niya na ito gamit ang kanyang motorsiklo bago pa man sumiklab ang apoy sa kaloob-looban ni Pablo. Umaasa ang matanda na makakausap niya ito balang-araw. Kaya tumingin siya sa matandang salamin, iniluwa siya at ang mga pira-pirasong nakaraan upang salaminin ang kasalukuyan.

Araw-araw ay para bang hindi maipinta ang mukha ni Pablo. Malalim ang iniisip niya ng gabing ito. Bakas sa kanyang mukha ang panghihinayang. Batid niyang ayaw ng kanyang ina na iwan niya ito. Subalit mas nangibabaw ang galit sa kanya kaya naman lumayas ito at ngayon na lamang nakauwi sa kanilang

lugar. Sa isip-isip niya, ang pagbabalik niya ay siya namang pag-alis ng kanyang ina. Tila hindi na talaga nagkatagpo ang kanilang landas at kapwa naligaw na sa isa't isa. Mabuti na lang at nandiyan ang matandang salamin. Nilamon siya nitong muli.

"Isa! Gumayak ka na Pablo! Mahuhuli ka na sa biyahe mo. Siguruhin mong kumpleto na ang mga gamit mo." Ito ang sunod-sunod na sermon ni Pepita kay Pablo. Umagahan ng mag-inang ito ang bangayan. Kung hindi magsasagutan, malamang sa malamang naghahabulan sa daan.

"Ito na nga eh! Dami mo namang request," balagbag na sagot ni Pablo habang nagsasalubong ang makapal nitong kilay.

"Aba sumasagot ka pa ah!"

"Malamang kinakausap mo ako."

"Jusmiyo kang bata ka. Lumayas ka na nga dito."

Nang mga oras na iyon kagyat na kumaripas ng pag-alis si Pablo sa kanilang bahay. Hindi naman kalakihan ang bahay nito. Butas-butas ang yero. Bulok na rin ang pinto. Kaya napakapit bigla si Pepita nang idabog ni Pablo ang pinto.

Pinto na rin pala iyon ng pagkakataon upang maghiwalay na ng landas ang mag-ina. Sa ilang beses na pagtatangka ni Pablo na lumayas ay sa wakas maisasakatuparan niya na rin ito. Hindi na ito pinigilan ni Pepita. Kinausap niya ang sarili sa matandang salamin, "malaki ka na, bahala ka na." Katwiran niya, kaya ni

Pablo ang kanyang sarili. Kaya naman na nito na magtiwala sa kanyang pagpapasya.

Bali-balita kasing pabayang ina si Pepita. Bukod sa hindi nito inaalagaan nang maayos ang kanyang anak ay may bisyo pa raw ito. Laman ng 5/11 si Pepita doon sa may ilalim ng tulay. Lugar ito ng mga tulak sa Kalye Maingay. Dito rin nakikipag-hide-and-seek ang mga gumagamit ng shabu. Tago kasi ang lugar na ito. Madilim din. Delikado ang pagpasok dito lalo na't kung hindi ka taga-roon, baka makasalubong mo si Kamatayan.

"Mayroon ka ba diyan, Gelo?" Tanong ni Pepita sa kanyang pamangking tulak din.

"Oo ta. Tara akyat ka rito."

Ito na marahil ang siklo ng bawat araw ni Pepita. Kung hindi siya magshashabu, mag-iinom naman sa puwesto sa may palengke. Pulang kabayo ang gustong-gustong nilalanguyan ng kanyang mga atay. Malakas ang sipa nito. Kaya kapag sinisipa na siya ng pulang kabayo ay nagwawala na siya sa daan. Kapagkaraka namang susugod kay Mang Boy at doon maghahamon ng away. Ngunit tanging anino lamang ni Mang Boy ang humaharap dito dahil sa takot na rin ng matanda. Pagkatapos ay doon tatambay si Pepita sa matandang salamin at kakausapin ang sarili, "Ang kasalanan ko lang naman ay nagtiwala ako sa kanya."

Mapanghamon din naman itong si Pablo. Kapag ito naman ang nagpapakalango sa alak ay bumabalik ito sa kanyang

pagkabata. Iiyak na parang sanggol. Susuka. At sasalampak sa tapat ng bahay nina Gelo at magsisimulang mag-orasyon habang hawak ang salamin.

"Putang-ina mo! Putang-ina mo!"

Ganito ang sistema ng buhay ng mag-inang ito. Parehas basagulero. Parehas may mga bisyo. Parehas nawawalan ng ulirat sa kanilang mga ginagawa. Kaya siguro sinasabihan sila ng mga kapitbahay nila ng "nasisiraan ng ulo."

Sa ulo ni Pablo naglalaro ang mga buhol-buhol na linya ng kanyang nakaraan. Tinitignan niya ang salamin malapit sa kahon na ito. Hindi malinaw ang repleksyon ng salamin dahil sa agiw at alikabok na sumasaplot dito. Ngunit may mga kislap na nagbibigay sa kanya ng liwanag sa mga sandaling ito. Paulit-ulit na naman siyang umusal, "Sana. Sana. Sana."

Sana ay maaga siyang nagkaroon ng kapasidad na maunawaan ang mga bagay. Ito ang sanang siyam na taong gulang na Pablo. Dito una niyang nakilala si Gelo. Itinuring niya itong kuya dahil wala naman siyang kapatid. Siya ang laging kasa-kasama nito sa kanilang bahay. Si Gelo na nga halos ang tumayong ama kay Pablo. Sa katunayan ibinigay pa ni Pepita ang kapares na susi ng bahay kay Gelo nang sa gayon ay masiguro niyang ligtas ang bahay o hindi ito maiiwanan para nakawan ninuman.

"O Pablo, tara na dito, kumain na."

Tumango siya at sumunod. Kaluskos lamang ng hangin, nagdudumaling mga tricyle, at mga nagsisigawan na kapitbahay lamang ang sumagot sa paanyayang iyon.

Isang malansang isda ang inulam niya. Bagaman iginisa na ito sa luya ay hindi pa rin natanggal ang amoy nito. Sinikmura ni Pablo itong lunukin. Kahit ayaw niya ay napilitan siyang hubaran ang isda. Ito kasi ang utos ni Gelo. Kahit ang tinik ay bumabara sa kanyang lalamunan ay walang siyang magawa kundi ang lunukin ito. Ika pa nga ni Gelo, "dahan-dahan baka mabilaukan ka." Pinaglalawa sa sabaw ang kanyang kaluluwa. Mahalumigmig ang paligid. Tumatagak ang pawis ni Gelo mula ulo pababa ng kanyang dibdib na para bang ilog na rumaragasa. Nang matapos iyon ay tila ba pagod na pagod si Gelo sa kanyang kinasasadlakan.

"Sa wakas!" Bulong ni Gelo na ngayon ay nagpupunas ng sarili gamit ang isang nangingitim na tuwalyang may nisnis at burdang kulay pula.

Dumiretso sa kusina si Pablo para maghugas. May hinahanap siya sa mga oras na ito. Para bang hinahanap niya rin ang kanyang sarili. Binuksan niya ang gripo para maghugas. Ngunit kahit anong hugas nito ay hindi mawala-wala ang masangsang na amoy na kumakapit hindi lamang sa kanyang kamay, maging sa sarili niya mismo. Nandidiri siya sa mga oras na ito. Nakasusulasok ang amoy ng pagkabulok ng kaloob-

looban ng isda. Ngunit parang wala lang sa labas. Sa isip-isip niya, mapanlinlang din ang isda.

"Sana hindi ako nagtiwala," bulong ni Pablo habang tinitignan niya ang sarili sa likod ng mga agiw ng salamin.

May mga pagkakataon matapos ang araw na iyon na para bang hindi na magkakilala si Gelo at Pablo. May alingasngas kung saan man sa tuwing sila ay magkakasama. May usok na hindi nakikita ninuman. May ningas na nagbabadyang tumupok ng bahay. Anumang oras ay maaaring maabo ang susing pinakiingatan nila.

Walang pakialam si Pepita rito. Katwiran niya ay baka may problema lang si Gelo kaya umiiwas na muna itong makihalubilo sa kanila. "Pablo, umaayos-ayos ka na nga ng asta mo," sermon niya habang nag-aayos ng mga pinamili niya sa palengke.

"At ako pa nga ang aayos. Ang galing!" natatawang bulong ni Pablo na para bang ginagawa niyang biro ang sinabi ng kanyang ina.

Mahigpit na bilin ni Pepita na huwag daw magtitiwala kahit kanino. At sa puntong iyon, bumalaranda na sa kanyang pag-iral ang mga katagang iyon. Napatunayan niya mismo ang kapangyarihan ng talinghaga mula sa kanyang ina.

Muling niluwa si Pablo ng matandang salamin kasama ang piraso ng panghihinayang. “Ina, bakit tayo umabot sa ganito.” Halos hangin lang ang nakarinig sa sinabi ni Pablo habang nanginginig siya sa kanyang kinauupan. Ito ang unang beses na tinawag niyang “ina” si Pepita. Mahirap nga marahil maharap ang kamatayan dahil ito ang katapusan ng ugnayang hindi na muli mababalikan.

Ang kaninang nasa gilid lang na luha ay ngayo’y umaagos na habang sumisinghap siya sa harap ni Pepita. Nalulunod na ang kanyang mga mata. Habang ang kanyang mga kamay naman ay nananatili pa ring nakatikom. Nakayuko lamang ito na tila ba hindi kayang tunghayan ang kasawian ng kanyang ina. Ngunit, ibinulong din sa kanya ng matandang salamin ang lahat.

Sa harap ng matandang salamin nalaman ni Pepita ang mga nangyari kay Pablo at dahil dito ay mas nasiraan ito ng bait sa sarili. Hindi na lang shabu ang kanyang tinitira. Sumisinghot na rin ito ng isang amoy thinner. Natutuwa rito si Pepita dahil parang bumabalik siya sa kanyang pagkabata. Pinapalitan niya ang alaala ng kanyang pagkabata. Para lang siyang naglalaro ng lobo at tinatangay siya nito sa alapaap. Mas presko. Mas malaya. Malayo sa hatak ng kapalaran na sinapit sa pagputok ng kanyang nakaraan.

Noong nakaraan lamang nahilig si Pepita sa paghahawak ng plastik labo na may kaunting parang tubig sa loob nito. “Sarap naman nito. Hays. Nasaan na ba si Pablo?” Pagtatanong

niya sa sarili habang patuloy na sinisinghot ang solvent sa harap ng matandang salamin. Pinaglalaruan niya ang mga agiw dito at sumusulat sa tinta ng mga alikabok sabay tawa.

"Tama na iyan, ta," suway ni Gelo.

Natigilan si Pepita sa kanyang ginawa. Tinignan lamang niya ito. Matiim niyang hinahawakan ang sandaling iyon.

"Ta, akin na iyan."

Pak.

Lumalagutok na sampal ang inabot ni Gelo sa nag-iinit na palad ni Pepita. Tila nasunog ang kaluluwa ni Gelo sa mga sandaling iyon. "Gago ka pala e. Ikaw ang may kasalanan ng lahat. Kung hindi ko binuksan ang pinto namin sa iyo ay hindi sana ganito ang sitwasyon." Sumbat ni Pepita na ngayon ay wala na sa sarili.

Sunod-sunod na lagutok sa pisngi ang inabot ng binata. Para siyang nakarinig ng pompyang sa kanyang tainga. Hinahabol siya ni Pepita ngayon. At naghahanap ito ng anumang bagay na maaaring maibato o maisaksak kay Gelo. Wala na siyang pakialam dito. Bulag na siya sa kung ano ang tama, gaya ng pagkabulag ni Gelo sa kanyang mga ginawa.

"Ta, patawarin niyo ako. Hindi ko iyon sinasadya." Nagmamakiusap na usal ni Gelo.

“Walang pagpapatawad sa isang huwad. Walang kapatawaran ang hindi marunong kumilala sa hangganan. Lumayas ka dito! Layas!” Kasabay ng paglisan ni Gelo ang mga piraso ng nakaraang sumasalamin sa nanlalabo nilang samahan sa pamilya.

Habang kinakausap ng matandang salamin si Pablo noong mga oras na iyon ay tinitignan lang siya ni Mang Boy. Ngunit ang titig nito ay kakaiba. Magkahalong takot at lungkot ang naramdaman niya para kay Pablo. Naalala niya nang minsan siyang hindi makakota sa trabaho. Kumakalabog ang kanyang puso. Nararamdaman niya ang ritmo nito. Pamilyar ang tunog.

Bang!

Kumalabog ang pintuan ng kanilang bahay. Naglalawa ang dugo mula sa sisidlan ng buhay ni Pepita. Dilat ang mga mata nito. Nakabulagta siya nang maabutan ito ni Gelo.

“Tita! Tulong!”

Naroon si Mang Boy na naka-asul na uniporme ng mga oras na iyon. “Pasensya na at kailangan,” bulong ng matanda sa salamin. Sa pagkakataong ito anino niya ang tumataklob sa bangkay ni Pepita. Tinambangan si Pepita sa kanilang bahay. Karatula at bala ang iniwan ng bumaril sa kanya. Nakalagay sa karatulang ito ang mga katagang, “adik huwag tularan.”

Ayon sa tala ng pamahalaan, simula nang bumaba sa puwesto si dating pangulong Rodrigo Duterte ay tinatayang nasa 6,252 ang namatay sa kanyang kampanya sa ilegal na droga. Ngunit sa datos naman ng International Criminal Court (ICC), umaabot ng 13, 000 ang mga pinatay ng kampanyang ito na tinawa na "extra judicial killings" o EJK.

Nag-ingay ang matandang salamin. Iniluwa niya ang iba pang piraso.

"Kailangan natin mag-usap ina. Putangiina! Bakit ito ginawa sa iyo?! Nasaan ang hustisya?!" Sigaw ng utak ni Pablo. Nabuo sa kanyang isipan na walang proseso ng katarungan para sa mga tulad nilang mahirap. Hindi totoo ang due process. Sa isip-isip niya na ang tanging totoo lang sa mga ito ay nagtiwala ang mga tao sa batas na inakala nilang poproteka sa kanila.

Hahakbang na sana si Mang Boy para lumapit kay Pablo, ngunit napaatras ito at anino lamang ang lumitaw nang bigla sumigaw ang binata. Suot-suot pa naman niya ang unipormeng asul na may sinturon na may iba't ibang lalagyan kapareho ng suot niya nang pinatay si Pepita.

"Ina! Putang-ina nilang lahat."

Ang kaninang mapayapang burol ni Pepita ngayon ay nagising na sa ingay ng pagdadalamhati ni Pablo. Naramdaman niya ang bigat ng mga bagahe ng kanyang ina na minsan niya na ring nadala nang lumayas siya.

"Hindi sana kita iniwan. Putang-ina bakit ba ganito ang buhay?! Bakit hindi kita inisip kahit kailan? Bakit mas nakuha kong iluwa kita at hayaang lumipad ang sarili sa ere? Ina! Tang-ina talaga."

Inulan ng mura ang mga sandaling iyon. Murang bumubugso mula sa pagmamahal ng binata sa ina. Maging ang mga nakikiramay ay hindi natahimik. Patuloy nilang pinag-uusupan kung ano ang pinaghuhugutan ng mga sinasabi ni Pablo. Hindi ito malinaw. Para siyang nagbibigay ng bugtong sa bawat tao roon. Isang bugtong na tanging siya at kanyang ina lamang ang nakaaalam.

Lalayas na sana si Mang Boy sa lamay na iyon nang bigla siyang hinarang ng kanyang konsensiya. Binabaril siya ng konsensiya. Bagay na hindi niya natutuhan mula pa man. Kinulong nito ang pag-iral ni Mang Boy sa mga oras na iyon. Para bang nakagapos ang kanyang mga kamay at paa. Ngunit wala naman siyang anumang busal sa bibig kaya nakapagtataka na bakit nagmistulang bihag siya ng kanyang sariling anino at hindi niya makuhang makapagsalita.

"Pablo."

"Ano pa ang ginagawa niyo dito?" Malamig na tugon ni Pablo habang nakatayo sa puntod ng kanyang ina.

"Mag-usap naman tayo. Gusto kong sabihin ang totoo." Pakiusap ni Mang Boy habang uugod-ugod na papalapit kay Pablo.

"Ano pa ang totoo? E wala namang totoo sa pamilyang ito. Pare-parehas tayong manloloko. Sinungaling!"

Sa mga sandaling iyon, may ideya na si Pablo sa kung ano ang sasabihin ni Mang Boy. Hindi na bata ang isip niya para mapaglaruan ng matatamis na sila ng matanda. Narinig na niya ang mga haka-haka tungkol doon. Kaya naman umigting ang panga nito nang lumapit si Mang Boy.

"Pakiusap, pagbigyan mo naman ako."

"Pagbigyan?! Kailan ka ba natuto magbigay?"

Pinutol ang sandaling iyon nang lumapit si Kaka sa kanila. Iniabot nito ang isang kulay dilaw at pahabang papel. Sulat pala iyon ni Pepita bago mamatay. Matagal niya na itong naisulat simula nang mapagtagni-tagni niya ang mga palaisipan kung paano ang isda ay nahuli sa kanyang bibig.

Binuklat niya ang sulat. Binasa niya ito nang marahan:

"Anak, maaaring wala na ako kapag nakuha mo na ito. Ngunit nais kong humingi ng pagpapatawad sa lahat ng aking pagkukulang. Hindi sapat ang mga katagang ito upang mapunan ko ang mga patlang sa pagitan ng nakaraan. Hindi ako naging mabuting ina sa iyo. Hindi ko nagampanan ang aking tungkulin na hindi ko naman pinangarap kahit kailan. Isa kang biyayang hindi ko nabigyan ng pagpapahalaga, dahil hindi naman ito ang turing ko sa iyo noong isinilang ka. Pero hindi ako nagsisisi na naging anak kita kahit na alam kong ayaw ko. Ni hindi ko nakita sa guhit ng aking mga palad ang abenida ng aking kapalaran. Ni hindi ko sa salamin nakita ang aking kahihinatnan. Nasa pagtitiwala nauukol ang lahat. Kung paano ang bugso ng iisang dugo ang umabuso sa isang paslit na walang kamalayan. Kung paano nang dahil sa paggamit ng bato nawalan ng puso ang isang tao. Hiling ko pa rin sa iyo na makita ang repleksyon ng hangganan at makamit ang mga bagay na ipinagkait sa iyo ng nakaraan.

Katotohanan ang magpapalaya sa bilanggo mong pagkatao. At kung nais mong makilala ang iyong

ama, isipin mong hindi ka dapat magtitiwala kahit kanino. May aninong nagtatago sa liwanag. Makasarili ito. Maaaring ito rin ang kumitil sa aking pag-iral. Pakinggan mo ang iyong puso.

Anak, mahal kita hanggang sa kamatayan,

PEPITA, IYONG INA

Mas lalo pang nagpatianod si Pablo sa bugso ng kanyang damdamin. Naghahalo ang galit at pagsisisi. "Mapalad ang mga aso na kumakahol sa oras ng panganib. Hindi tulad ng tao na takot sa tuwing hinahabol sa oras ng panganib." Dito niya naunawaan ang mga palaisipan, ang mga dahilan, ang mga karanasan na hindi kayang masalaysay gamit ang sariling tinig.

"Pablo, maagang nabanat ang buto ni Pepita." Paliwanag ni Kaka sa nanginginig niyang boses. Hindi mayaman si Pepita. Pero mayaman ito sa mga kaibigan tulad ni Kaka. Siya ang bumuo sa nawawalang mga piraso ng pagkatao ng kaibigan. Kung paano natutuhan din ni Pepitang kaibigan ang pawis at libag. Kung paano niya pinasok ang mundo ng pagtutulak. Ang lahat ng ito ay nag-uugat sa iisang aninong nagtatago sa kanyang sariling uniporme.

"Nakiki-"

Bumulagta si Gelo sa harap ng ataol ni Pepita. Putok ang labi ng binata. Hinila ni Pablo sina Gelo at Mang Boy sa

may sulok kung saan naroon ang matandang salamin. Batid ng dalawa kung ano ang kahahantungan nila. Tinanggap na nila ang kapalaran na tanging sila mismo lamang ang makasisingil ng kanilang kasalanan.

"Pablo, hindi ko naman sinasadya iyon." Sabay na nakiusap ang dalawa habang nakaluhod sa harap ni Pablo sa gilid ng matandang salamin. Para itong mga tuta na nagmamakaawa sa kanyang kapatawaran.

"Putang-ina niyo pala e!" Mas nag-igting ang panga ni Pablo. Ngayon ang ningas ay mas sumiklab mula sa galit ng kanyang puso. Naglalagabgab ang mga tila nagbabagang pangangatwiran ng binata sa mga puntong iyon. Tikom ang kanyang mga palad. Nagtitinginan na ang mga kapitbahay nila. Dumarami ang mga nakikipaglamay, hindi kay Pepita, kundi sa patay na ugnayan ni Pablo, Mang Boy, at Gelo. Tanging anino lamang ng mga ito ang nakikita sa labas ng bahay nila ngunit umaalingawngaw sa buong kalye ang pagputok ng bulkan mula sa kaloob-looban ni Pablo.

"Eka ganto pala magalit si Pablo."

"Adwang-adwa ang batang ire!"

"Ay jusko day! Diri tayo, diri."

Nagkumpulan at nagkakagulo na ang mga tao sa Kalye Maingay. Tinuturo nila ang sulok na kinaroroonan ng tatlo.

Nakataas ang kamay nina Gelo at Mang Boy. Isinuko na nila ang kanilang sarili sa hangganan. Tinutupok na ngayon ng galit ni Pablo ang lugar. Ang kaninang pupundi-punding mga ilaw ay tila ba araw na sumikat sa silangan. Tuluyan na nitong nilamon ang kadiliman ng paligid. Tuluyan nang nabasag ang matandang salamin. Nagpira-piraso na ang mga ito. Nilipad na ng hangin ang agiw na nagtatago sa nakaraan. Kinuha ni Pablo ang isang piraso sa sahig. At dito niya naaninaw ang mukha ng kanyang inang si Pepita.

# Santong Lugar

*G. Jobert dela Cruz Pillas*

"May nagkakantutan sa Santong Lugar?!"

"Di ba doon ka nakipaglaplapan?"

Napa-sign of the cross na lamang ako nang marinig ko ang mga katagang ito nang tinangka kong umakyat ng Santong Lugar. Balak ko kasing magpenitensiya ngayong taon dito dahil sa mga kasalanang isinisisi ko sa aking sarili. Sabi nga tuwing Kuwaresma, pagbabalik-loob. Pagbabalik-loob ng aking sarili.

Sa tingin ko sa Santong Lugar ko lamang masusumpungan ang kapayapaan na ninanais ng aking sarili. Kapayapaan na magbibigay-wakas sa isang bangungot na hindi ko kayang matakasan pa, kaya kumakapit ako sa mapaghimalang

lugar. O baka marahil isa lamang ito pagtatangka ng aking sarili na takasan ang aking buhay sa ibaba ng bundok upang hanapin ang aking sarili, at buuin ang mga palaisipang patuloy na naghahanap ng kasagutan. Nasaan ba ang Santong Lugar?

Ahunan ang tawag sa pagpunta sa Santong Lugar sa munisipalidad ng Jalajala sa lalawigan ng Rizal. Inaakyat ito tuwing hapon o gabi ng Huwebes Santo at bababa naman ng umaga ng Biyernes Santo. Labingsiyam na taong gulang na ako at kahit kailan hindi pa ako nakapunta rito kahit na tumira ako sa bayang ito nang halos limang taon. Ngunit madalas ko nang naririnig ang mga kuwento-kuwento tungkol sa misteryo ng lugar.

"Nasa dalawang oras din," ika ni Lola Obet matapos kong tanungin kung gaano katagal bago matunton ang lugar. Napatawag agad ako sa mga santo at santa dahil sa tingin ko kalbaryo ito para sa tulad kong nag-aagaw hininga kapag napapagod. Mahina-hina na rin kasi ang baga ko matapos magkaroon ng tuberculosis (TB) noong 2019. Nawala rin naman ito subalit ang peklat na iniwan nito sa aking baga ay hindi na mawawala sabi ng mga doktor. Parang mga sugat ko lang din ito sa nakaraan na tanging hiling ko na sa pag-akyat ko ng Santong Lugar ay masumpungan ko ang ganap na kagalingan.

Una kong narinig ang kuwento ng Santong Lugar sa mga matatanda na naglilingkod sa aming parokya. Nagsimula raw ito nang minsang nagpakita ang mahal na Birheng Maria sa

kahoy ng puno ng Mulawin sa Bagumbong. Ayon sa mga sab-sabi, naghihimala raw ito. Mula rito nabuo ang isang kapilya sa itaas ng bundok ng Bagumbong.

Sabi ng isang matanda, "Naku nasa walo o siyam na bundok ang tatawirin niyo." Talaga nga naming penitensiya ang pag-akyat sa Santong Lugar. Pagsasakripisyo ito at panahon para magsisi sa mga kasalanan na madalas paulit-ulit lang din naman nating ginagawa. Kaya sa huli, pare-pareho lang tayong mga makasalanan.

Sikat na sikat ang Santong Lugar sa bayan namin. Higit lalo itong dinarayo ng mga kabataan mula sa iba't ibang barangay. Para nga itong reunion sa iba dahil pagkakataon ito upang magsama-samang muli ang mga magkakaibigan at magkakakilala na hindi na madalas na magkakasama. Marami na kasi ang mga taga sa amin ang napilitang mag-aral sa Maynila dahil nagbabakasakali silang dito nila masumpungan ang jackpot ng kanilang mga buhay. Agrikultural na munisipalidad ang bayan ng Jalajala kaya pangunahing hanapbuhay rito ang pagsasaka at pangingisda.

Inilagay ko ang extra kong damit (dahil ako'y pawisin), tubig, pagkain, at camera ko sa aking backpack. Bago nga ako umalis sa aming bahay ay may dumalaw pang itim na paruparo malapit sa altar na kinaroroonan ng Nazareno. "Kung si Nanay o Tatay ka nga lumipad ka," sabi ko sa paruparo ngunit tila hindi ako nito pinapansin. Sinubukan kong muli, "Kung si Papa ka

nga lumipad ka," kaagad naman itong lumipad at nagpaikot-ikot na parang saranggola sa aming kisame. Hindi ko alam kung ano ang nais ipabatid nito. Ngunit naramdaman kong ito'y isang paalala mula sa kanya o di naman kaya'y babala na wag na akong tumuloy sa aking pag-akyat sa Santong Lugar.

Tinungo ko agad ang highway upang makabili ng ilang baon bago umakyat ng Santong Lugar. Halos sarado ang mga tindahan. Payapa ang kalsada na tila nakikidalamhati sa kamatayan ni Hesus. Buti na lang bukas ang bakery ni Ma'am Sapungan. Bumili ako ng Ensaymada, Spanish Bread, at Cheese Rolls. Sapat na ito. Ayaw kong magdala ng iba pang pagkain dahil alam kong walang maayos na palikuran doon. Saan ako tatae? Sa may gilid? Edi naging pataba pa iyon sa lupa, sa isip-isip ko.

Alas-otso ang call time namin nina Makmak sa tapat ng Jalajala National High School (Janahigh) sa may Lower Mapacla. Kaya naman dali-dali na akong pumunta rito at baka mamaya ako na lang ang hinihintay. Ngunit pagdating ko roon walang tao. Nakaramdam ako ng mga kalabog sa aking dibdib at tumulo ang malamig kong pawis. Tila may takot akong naramdaman sa pag-iisa. Sa bagay, ito naman kasi ang multong kinatatakutan ko, ang maging mag-isa. Maya-maya'y may tumawag sa likod ko. Nandiyan na pala sila. Sinundo lang pala ang iba pang mga kasama na dati ko ring mga kamag-aral dito.

Kasama namin sina Dimet, mga pinsan ni Makmak, at dalawang JP: isang John Paul, at isang Jhon Paul.

Malaki ang utang na loob ko kay Jhon Paul dahil noong nag-aaral ako rito talagang hindi niya ako pinabayaan. Parang iisang dugo lang ang nanalaytay sa aming mga ugat. Sa kanya ko naranasan ang hating kapatid. Kung ano ang maluto (pack lunch) niya ay siya ring maluto ko. Paano ba naman kasi ang buhay namin noon ay parang mga water lily sa Laguna de Bay na hindi man lang makausad-usad at nakabara lang sa pag-agos ng tubig. Sala-salabat tuloy ang hakbang ng aking kinabukasan at sa mga puntong ito, ang himala lang ang aking kinakapitan.

"Puro bata pala ang kasama natin," mariin kong sinabi kina Makmak habang nakapamewang na akala mo'y bisor sa isang kompanya. Halos nasa 14 hanggang 16 na taong gulang ang mga kasama naming aahon ngayon. Puro babae na taliwas sa inaasahan kong mga lalaki ang mga aakyat. Sa loob-loob ko, makakayanan kaya namin? Baka abutin kami ng Pasko ng Pagkabuhay nito dahil tiyak na magiging mabagal ang aming paglalakad.

Habang binabagtas nga namin ang daan patungo ng Brgy. Paalaman, nasaksihan ko kung paano namamaalam ang kalikasan sa aming bayan. Unti-unti nang nawawala ang mga sakahan, at tinatayuan na ito ng iba't ibang establisyamento tulad ng mga resort. Para sa mga magsasaka sa aming lugar, banal ang kanilang pagpapahalaga sa lupang sinasaka. Ngunit ngayon bakit tila pati sila ay naniniwalang wala na ngang himala sa kanilang

kalagayan kaya napipilitang makisabay sa komersiyalisasyon ng kanilang mga lugar. Napapabuntong-hininga na lamang ako.

Dumaan muna kami sa checkpoint sa tapat ng munting barangay hall ng Paalaman. Tulong-tulong ang mga opisyal upang mapanitili ang sagradong pagpapahalaga sa tradisyon ng ahunan ng Mahal na Araw. Maraming pinagbabawal tulad ng mga madalas na pinagbabawal din sa pagsakay ng MRT o LRT. Bawal ang alak. Bawal ang speaker. Bawal ang mga patalim. May isang lamesa rin doon kung saan kailangan mong mag-register bago payagang magpatuloy sa pag-akyat. May sistemang pinaiiral tulad ng mga nababasa sa bibliya, ganito kaistrikto ang mga opisyales. Para nga silang mga pariseo na nagdidisiplina sa mga hudyo. Banal nga siguro ang Santong Lugar.

May mga ilaw pa naman sa kalye mula sa mga iilang poste. Ngunit sa ilang mga sandali maririnig mo na ang ingay sa ilang mga kabahayan. May nagvi-videoke sa isang bahay. Yung isa naman nag-iinuman na. Na-late ata sila sa "Last Supper" kanina sa simbahan. Kaya ayan, sila-sila na lang ang nag-iinuman. May mga pagkakataon nga na inalok pa kami na mag-shot. Yung isang batang lalaki na kapatid ng dating kong kamag-aral nga'y lasing na nang sumama sa amin. Amoy na amoy ko ang mala-Chico niyang hininga. May pagkakataon pa ngang naghuhubad siya sa daan dahil sa pawis at init. Para bang inaatake siya ng masamang espiritu dahil sa kaligaligan niya. Maingay din ang ibang kasama na akala mo'y nasa bertdeyan. Kaya di ko rin mapigilan ang

sarili ko sa tuwing nagtataray ako sa kanila at susuwayin, "huwag maingay!"

Hindi kasi ako makapagnilay nang maayos. Sa isip-isip ko, piyestahan ba ang aking pinuntahan o Mahal na Araw? Di bali, baka ito lang siguro ang paraan nila upang magluksa sa pagkamatay ni Kristo. Di ba ganito naman kasi tayong mga Pilipino dinaraan sa inom kapag nalulungkot o nagdadalamhati. Alak ang ating kinakapitan. Sa alak tayo umaasang magkakaroon ng himala sa ating mga nararanasan.

"Ano Jobs kaya pa ba?" tanong sa akin ni Jhon Paul na ngayon ay nasa likod ko na. Mas tumatarik na kasi ang daan na aming nilalakbay. Bago pa kami tuluyang tumungo sa mas kalbaryong daanan ay nagpahinga muna kami sa unang tindahan. Dalawa lang kasi ang aming madaraanang tindahan dito. Ilang minuto lang kami nanatili rito dahil alas-diyes na rin ng gabi at malayo pa ang aming lalakarin.

Mas madilim na ngayon ang aming tinatahak na daan. Nasa bundok na talaga kami. Walang mga ilaw rito liban sa aming mga dala-dalang flashlight. Ako ang nasa unahan ng daan. Bida-bida ako na akala mo'y alam ang pupuntahan. Mas matarik na ang aming dinaraanan. May ilang bahagi na nasa gitna kami ng dalawang bangin at kapag nasama ka, si Kamatayan ang makikita mo. Nananalangin na lamang ako sa mga sandaling ito na malampasan namin ito nang ligtas. Kumakapit ako sa himala.

Sa paglalaro ng aking isip, para bang namumuhay kami sa panahon ni Hesus. Kung paano siya dinampot sa halamanan ng Gethsemane. Madilim ang paligid. Hindi mo alam kung sino ang totoo sa mga kasama mo. May dumadagundong sa iyong dibdib at tanging pananalangin at himala ang kinakapitan mo. Sumusunod ka lamang sa mga taong dumampot sa iyo upang makiisa sa pinapasang krus sa mala-kalbaryong daan patungong Golgota.

Isa nga talaga itong penitensiya. Pagtitiis sa paglangoy ng iyong katawan sa init at pawis tulad ng pagtakaktak ng dugo at pawis ni Kristo habang hinahampas sa haliging bato. Nararamdaman ko sa mga oras na ito ang mga sugat na ito mula sa pagtitiis sa kasalanang hindi Niya naman ginawa. Pagtitiis din ito sa uhaw at gutom na tulad din Niya ay hindi ininda upang makamit ang kanyang misyon sa buhay. At higit sa lahat pagtitiis na bawasan ang kalabisan sa buhay. Sabi nga, lahat ng labis ay nakasasama. Kaya heto, tinitiis ko ang penitensiyang ito upang humingi ng pagpapatawad sa pag-akyat sa Santong Lugar. Marahil nga kailangan siguro ng pagtitiis bago makamit ang milagro ng buhay. Hindi ito sa isang iglap lamang nararanasan. Ganundin naman ang dinaanan ni Hesus bago niya nakamit ang kanyang katuparan sa mundo.

Sa mga pagkakataong ito mas naaalala ko ang imahen ng Nazareno. Si Hesus na may pasang krus. Batang Quiapo ako. Parang si Coco Martin lang ah. Nakatira kami noon sa may Quinta

Market. Nagpapadyak si Papa, samantalang si Mama naman ay vendor sa tapat ng simbahan. Bagaman nakatira kami sa lungsod ay hindi ko maiwasang maisip na para akong si Nazareno dahil sa mga pasan-pasang dagok ng buhay. Isipin mong anim na taong gulang pa lang ako ay napipilitan na akong magtinda ng Sampaguita o di kaya'y kuwintas at panyo ng Nazareno. Santong Lugar din kung tutuusin ang aming tinitirhan. Nakalagak dito ang poon na sinasabing mapaghimala. Subalit sa mga puntong ito, hindi niya ako binigyan ng himala. Siguro nga tama si Nora Aunor na walang himala. May himala pa kaya?

Nang marating namin ang ikalawang tindahan ay tumigil muli kami upang magpahinga. May mga bumili ng palamig na hindi naman malamig. Habang ako naman ay naglabas ng tinapay para kumain. Bilog ang buwan nang gabing ito. Ito ang tanging naging tanglaw namin sa istasyong ito. Kagyat kong naalala ang historical fiction na "Ang Nobya ni Antonio Luna" ni Prop. Will Ortiz. Itinuturo nito na lunukin ang galit. Totoo. Sa mga oras na ito may galit akong dala-dala. Galit na pilit kong nilulunok sa aking pag-akyat sa bundok. Na bakasakaling sa Santong Lugar ko lamang mapatawad ang sarili ko.

Nagpatuloy nga kami sa paglalakad at maya-maya'y nabasag ang katahimikan ng bundok. "Saan tayo, kaliwa o kanan?" tanong ko sa kanila dahil dalawa ang daanan sa harap ko. Sabi ni Jhon Paul sa kanan daw. Sabi ng iba kaliwa naman daw dahil puro kaliwa lang ang daan papuntang Santong Lugar.

Kaya ang ginawa ni Jhon Paul ay sinubukan niyang puntahan ang kaliwa. Agad din itong bumalik sa amin sabay sabing, “kanan!” Bangin na pala ang susunod doon sa kaliwa. Kung doon siguro kami dumaan ay baka may nahulog na sa amin. May himala pa rin pala.

Kinakabisado lamang ang daan papuntang Santong Lugar. Walang anumang pananda sa daanan na maaari sanang makatulong sa pagpunta roon. Ngunit may napansin ako sa aking paglalakad. Walang ring signal sa lugar kaya di rin kami makakapag-Google Maps. Sa kabila nito, may mga boses akong narinig sa aking pakikipag-usap sa lupa.

Mga basura ang tumambad sa aming dinaanan. Mga balat ng sitsirya, bote ng soft drinks, straw, at iba pang mga kalat na kumapit sa mga damo. Sa isip-isip ko, pataba pa rin kaya ito? “Ganito talaga dito pre,” sabi ni Jhon Paul. Nanormalisa na ang pagkakalat sa lugar. Marahil ito na ang magtuturo ng daan patungo sa Santong Lugar. Kaya siguro napasabi akong, “sundan niyo lang ang mga basura.” Tama naman ang aming dinaraanan. Tama rin na sa bawat daan na may basura, daan din ito patungo sa aming pupuntahan. Ika nga, kung saan may basura, may tao.

Himala ring maituturing na may wika ang mga basura. Wikang nagbibigay-direksyon upang di kami maligaw sa aming pupuntahan. Para bang may kanya-kanyang dormitoryo ang mga basura rito. May bote sa sagingan. May mga plastik sa talahiban. Kanya-kanyang kuwarto. Buhay na buhay ang mga kalat sa daan

habang dahan-dahan naman nitong pinapatay ang kalikasan ng lugar. Baka may himala! Mabubuhay naman siguro ito after three days, pagbibiro ko sa isipan.

Bigla ko tuloy naalala sina Ate Kat at Inday na kapwa mga katutubong Lumad. Tulad nila, itinuturing ng mga katutubo na sagrado ang kalikasan. Likas sa kanila ang masikhay na pangangalaga rito. May paniniwala rin ang ilan na parurusahan ni Bathala ang sinumang maglalapastangan sa kalikasan, tulad ng kuwento ni Maria Makiling. Kaya siguro pinarurusahan ang mga tao ngayon sa matinding init ng panahon ay dahil tao rin mismo ang gumagawa ng problema. At tao rin ang mananagot kung hindi ito masasagot.

Malapit-lapit na raw kami sabi nina Makmak. Dahil ngayon kailangan naman naming lumusot sa mga nakaharang na barbed wire. Para tuloy kaming naglalaro ng limbo rock na kailangang di masabit upang di masugatan. Hamon ito sa mga umaahon. Mahirap pa naman magkasugat kapag Mahal na Araw na dahil matagal daw itong gagaling sabi ng mga matatanda.

Nang makarating kami sa tinatawag na "Talahiban" ay naramdaman ko ang pagyakap ng malamig na hangin sa aking balat. Mas nakita ko nang malapitan ang buwan. Sandali rin kami dito napatigil. Naupo sa mga talahib. "Nasa Bajombie na tayo!" Sabi ni Jhon Paul na ngayo'y mas nagliligalig na. "Anong Bajombie?" tanong ko. Hindi ko pa kasi ito kailan man narinig simula nang tumira ako rito. "Bagumbong!" paglilinaw nila sa

akin. Mga bakla raw ang nagbigay ng bagong pangalan. Mga bakla na sila rin daw nangunguna sa pag-akyat ng Santong Lugar. Natuwa naman ako dahil ang mga kasamahan pa nating nasa komunidad ng LGBTQIA+ ang nagpapatuloy ng mga tulad nitong tradisyon ng Mahal na Araw. Tinawanan na lamang nila ang aking pagkamangha sa paglalaro ng mga salita. Hindi ba isang himala ito dahil kahit na tinatakwil ng simbahan ang karapatan nila ay narito sila nangunguna sa paglalahad ng pananampalataya?

Tumayo na rin kami agad dahil alas-onse na ng gabi at baka mamaya ay wala na kaming puwestuhan. Nagpatuloy kami sa aming paglalakad. Mas may pagsubok na ngayon. Kailangan na kasi naming magpadausdos sa lupa para makababa. Mabato na rin ang lugar. Delikado lalo na kung ikaw ay mapapasama ng pagbagsak.

Maya-maya pa'y hindi na mga huni ng ibon ang aking naririnig na ingay. May mga nakakasalubong na rin kami na maagang uuwi pabalik ng bayan. Mas tumindi ang ingay nang makaakyat na kami sa isang mala-burol na lugar. Ingay na likha ng mga tao: sigawan, bangayan, kantahan, musika mula sa mga speaker, at ilang mga halinghingan sa kasuluksukan ng lugar. Ito na kaya ang Santong Lugar? Tanong ko sa hangin. Sumagot ito sa porma ng init na sumisingaw mula sa lugar.

**HIMALA NG SANTONG LUGAR**

“Doon tayo pumuwesto malapit kina Ma’am Roque,” sabi ni Makmak. Narito na nga kami sa Santong Lugar. Sa halip na kaginhawaan ang maramdaman ko, mas nakaramdam ako ng galit. Pumungay ang aking mga mata. Nagtikom ang aking mga palad. Handa akong sumigaw anumang oras. Ngunit walang tinig ang lumalabas sa aking bibig. Tanging sunod-sunod na bulong sa sarili ang aking nasabi habang pinagmamasdan ang mga taong posturang-postura.

Mahal na Araw ngayon ngunit para akong nasa piyestahan. May kanya-kanyang tent. Ang ilan ay naglatag na lamang sa talahiban. Magulo ang lugar. Malayo sa pangakong kapayapaan ng pangalan nito. Puno ng ingay mula sa mga kuwentuhan, sigawan, dramahan, at sa mga speaker na nakaligtas sa checkpoint. Walang sinabi rito ang mga sikat na tambayan sa Maynila tulad ng Luneta Park o maging ang Sunken Garden ng UP Diliman. Dito may libreng hiking ka na, may libreng camping ka pa.

Ganito pala gunitain ng bagong dekada ng mga Jalajeño ang pasyon ni Kristo. May mga ingay na akala mo bagong saliw ng kampana o trumpeta. May mga kalat ang paligid na naging banderitas pero hindi sa itaas kundi sa hanay ng mga talahib at damo. At may mga himalang nangyayari sa gitna ng dilim. Mapaghimala ang mga haplusan at halinghingan. Narinig ko pa

nga si Hev Abi na kumakanta sa isang kubol sa lyrics na "Dapat mo na malaman na wala lang."

"May nagkakantutan dito!" sabi sa akin ni Paul. May "naglalaplapan pa nga rito!" dagdag naman ni Makmak. Hindi ko sukat akalain na puno pala ng kabalintunaan ang lugar. Sa liblib nitong kinatatayuan ay may mga nangyayaring hindi ko inasahan. Ito ba ang sinasabi nilang "himala"?!

Maya-maya pa'y nakakuwentuhan ko si Ma'am Roque na isang guro ng Janahigh. Sinabi ko sa kanya kung gaano ako nadismaya sa lugar. Sabi niya, "ganito talaga rito." Ganito nga ba talaga rito? Ganito pala ang lugar ng mga santo. "Dati tinatawag itong Santong Paspasan," dagdag pa niya. Santong paspasan dahil daw sa mabilisang pakikipagtalik ng mga tao rito. Paspas kung paspas. Kaya raw siguro sumipa noon ang mataas na bilang ng sexually transmitted diseases (STD) sa Jalajala. Ganito pala nabubuo ang himala sa Santong Lugar.

Sa isip-isip ko, wala namang masama sa libog. Lahat naman tayo ay nalilibugan. Naalala ko bigla ang tula ni Pete Lacaba. Ayon sa tula, "Sigaw ng puta: Pare-pareho naman tayong puta!" Totoo naman na lahat tayo ay puta. Nagpapakaputa tayo sa ating sariling paraan. Kahit na itago mo pa ang sarili mo sa pagpapakabanal o kahit pa maging santo ka, puta ka pa rin naman.

Maging si Magdalena din naman sa bibliya ay tinuturing na puta matapos itong mahuling nangalunya. Ngunit anong sabi ni Hesus, "Ang sinumang walang kasalanan sa inyo ang siyang maunang bumato sa kanya." Lahat naman tayo ay makasalanan kaya hindi ko rin mahuhusgahan ang mga taong pinili ang tawag ng laman sa gitna ng burol.

May paniniwala nga ang mga Kristiyano na ang pakikipagtalik ay sagrado. Sa sulat nga sa mga taga-Corinto sinasabi na ang katawan ng tao ay templo ng Diyos. Kaya siguro dito ginagawa ng mga tao ang pakikipagtalik ay dahil banal ang lugar. Walang masama para sa kanila ang paggawa ng kung anong himala rito dahil pinahihintulutan ito Diyos. At mas magiging sagrado ang kanilang pakikipagtalik dahil ang lugar ay tinuturing ding sagrado. Santong Lugar nga ito, hindi ba?

Nang puntahan ko ang sinasabing kapilya ng matatanda ay nagtirik ako ng kandila. Nilibot ko ang paligid. Kinuhaan ng litrato ang iba't ibang poon na nasa loob. Nandoon ang iba't ibang imahen ni Kristo at sa gitna naroon ang Birhen ng Mulawin. Habang tinitirik ko ang kandila ay nakita ko ang isang imaheng nagpagimbal sa akin. Isang poon na walang ulo. Si Hesus pala!

Kaya siguro malakas ang loob ng mga tao rito na gumawa ng kung ano-anong bagay ay dahil walang ulo si Hesus. Wala siyang mga mata, tainga, at bibig. Hindi niya nakikita kung gaano nagkakalat ang kanyang mga nilikha. Hindi niya naririnig ang mga ingay mula sa paligid at maging ang mga bulong ng

halinghingan sa madidilim na sulok. Hindi niya kayang magsalita para pagsabihan ang mga ito. Tanging mga kamay niya lamang ang makikita at ang puso na nasa gitna ng dibdib na ito. May puso pa rin naman si Hesus, sa loob-loob ko. At napatatanong tuloy ako kung kaya niya pa rin kaya gumawa ng himala?

**AYAW KO NA NG HIMALA!**

Marami akong itinuturing na Santong Lugar, gaya ng aming tahanan. Relihiyoso ang aking pamilya. Mahilig kami sa mga santo. Ang altar namin sa bahay ng lola ko sa Sampaloc, Maynila ay punong-puno ng maliliit na poon. Nandoon ang iba't ibang anyo ng Mahal na Birhen, naroon si San Roque, Sto. Niño, Nazareno, at sandamakmak na mga rosaryo. Kaya naman maraming himala na ang nangyari sa bahay na ito.

Naalala ko nga na magma-Mahal na Araw din mga 2012, bilog din ang buwan noong panahong iyon. Magwawalong taong gulang pa lamang ako noon nang nagkayayaan kami manuod sa telebisyon sa may kuwarto ng Tito/Ninong Boboy ko. Pinanuod namin yung "Tiktik: The Aswang Chronicles" na pinagbibidahan nina Dingdong Dantes at Lovi Poe. Kasama namin noon yung ninang ko, isa pang tito ko, at yung tatlo kong pinsang lalaki na magkakapatid. Tuwang-tuwa sila noon. Habang ako naman ay takot dahil matatakutin naman talaga ako. Napapadasal na lamang ako sa mga puntong iyon. Habang sila

naman ay kinakantyawan ako. Bakla raw kasi ako. Mahina raw kasi ang loob ko.

Matapos ang palabas, nagkayayaan naman na bumili ng pagkain sa may bandang Blumentritt sa Espanya. Sakay-sakay kami sa tricyle ni Ninong. Masaya ang lahat. Ganun din ako. Syempre kakain kami. At sa wakas nakaranas din ng libre sa ninong kong barat. May himala!

Nang makauwi kami agad naman na nagtungo sina Ninong Boboy sa kanilang kwarto para matulog. Subalit itong tatlo kong pinsang lalaki ay hindi mapakali. Nagbubulungan sila at tila may pinaplano. Paslit pa ako noon subalit matalas ang aking memorya sa mga maliliit na detalye ng aking buhay, lalo na kung nabigyan ito ng matinding epekto sa akin tulad ng mga himalang naranasan ko na.

Naunang nagpaalam si Kuya Angelo na magsi-CR. Subalit sumunod si Kuya Kenneth. Niyakad na rin ako ni Kuya Sandi. Parang nangyari ulit ang palabas na kanina lang namin pinanunuod. Nakaramdam ako ng takot. Namamawis ako. Dumadagundong ang aking dibdib. Maya-maya ay inilabas nila ang kanilang mga dila tulad ng mga TikTik sa palabas na nagbabadyang darampi sa aking balat. Kinain ang aking laman. Pilit nilang ipinasok ang kanilang pagkalalaki sa akin. Habang ang isa ay pilit na pinasusubo ang kanya sa akin. Gumawa sila ng milagro sa mga oras na ito. At sa itinuturing kong sagradong

lugar naganap ang himalang kailan man ay ayaw ko nang maranasan pa.

Sa panalangin ko noon, hinihiling ko na sana ay karmahin sila. Sana ay mabalikan sila ng mga santong tinawag ko noong panahong umiiyak at namimilipit ako sa sakit.

Nang tumira na ako muli sa aking mga magulang sa Quiapo, muli kong naramdaman ang kabanalan. Tuwing Linggo ay nasa simbahan ako upang ipagpatuloy ang aking pagiging choir. Naging malapit din sa akin ang pamilya ng aking ama. Sa sobrang lapit nito ay pinakakatiwala na nila ako rito tulad ng sa Ninang Maica ko at kay Ate Ango (mga pinsan ko rin at magkapatid sila).

May isang beses tinawag ako ni Ninang Maica sa kanyang kuwarto. Buntis siya nito sa kanyang panganay na anak. Wala rin ang kanyang asawa. Akala ko uutusan niya lang ako. Subalit muli kong naramdaman ang takot. Namamawis ako. Dumadagundong ang aking dibdib.

Maya-maya'y naramdaman kong gumagapang na ang kanyang kamay. At pinasok niya ang aking pagkalalaki sa kanya. Wala akong ganap na kamalayan sa mga oras na ito. Pero tiyak kong nandidiri ako rito. Dahil hindi siya nasiyahan sinabi niya na, "Bakla ka ba?!"

Bakla na bang maituturing kapag ang isang tao ay hindi umayon sa libog ng isa pa? Pagiging bakla ba ang hindi pagpatol

sa kalibugan ng iba? Kung ganito ang pagturing natin dito, sige papayag ako. Aaminin kong bakla nga ako.

Akala ko tapos na ang lahat. Ngunit nang minsang niyaya ako ni Ate Ango para maligo ay naramdaman ko muli ang takot. Noong una, naligo lang naman kami nang normal. Wala namang malisya sa akin kung makita niya akong hubad. Ngunit habang tumatagal ay naramdaman kong pinaglalaruan niya ang aking pagkalalaki. Humiga ito at pilit ding ipinapasok ang akin sa kanya. Hindi ako makatanggi. Parang nakatali na ako rito. Gumiling-giling siya at nasiyahan sa kanyang ginagawa. Habang ako, pilit na nagbabanlaw sa tubig, nagbabakasakaling mabura nito ang dungis sa aking katawan na paulit-ulit kong naranasan. Kulang na nga lang ay humingi ako ng holy water sa simbahan upang maging malinis muli sa isang himala.

Sa totoo lang, gusto kong maghiganti. Para silang si Hudas Iskariote. Mga taksil, hindi lang sa akin kundi sa aming buong pamilya. Gusto ko silang sunugin nang buhay kasama ng mga ari nila. Naalala ko ang ritwal na ginagawa ng mga taga-Antique, kung saan sinusunog nila ang effigy ni Hudas kasama ang ari nito bilang pagtatapos ng Kuwaresma. May katapusan din ang araw ng mga taksil. Matatapos din ang aking bangungot at kalbaryo kung ganito ang aking gagawin, sa isip-isip ko.

**ALEGORYA NG MGA HIMALA**

Habang nagdarasal ako sa loob ng kapilya ng Santong Lugar ay naiugnay ko tuloy ang aking sarili sa imahen ni Hesus na walang ulo. Kaya siguro walang nagagawa ang tulad ko noon ay dahil hindi nito tinignan at pinakinggan ang nangyari. Kaya siguro hindi rin ako nakapagsalita noon. Sinisisi ko na lamang ang sarili ko sa mga himalang hindi ko naman nais maranasan.

"Tara na Jobs!" yaya sa akin nina Makmak para bumalik na sa aming puwesto. Nagkuwentuhan kami roon tungkol sa mga nangyayari sa Santong Lugar. Sa mga oras na iyon ay may nag-aaway na pala sa kabilang bahagi ng lugar. At sa gilid naman namin, nakita naming gumagalaw na ang tent nito. Noong una nga akala ko lumilindol lang. Ngunit nagsisimula na pala ang himala. Habang lumalalim ang gabi mas dumarami ang pagmimilagro sa lugar.

Sa paglilibot ko sa lugar, nasaksihan ko kung paano umiiyak yung maoy doon sa isang sulok habang sumusuka-suka. May mga kabataan naman na nagpapalitan ng mga jokes. Yung iba nagpapalitan ng mga kuwento tungkol sa pakikipagtalik daw nila sa lugar. Masaya kung sa masaya dito. Bumabaha ang alak sa bawat tent na akala mo'y wala nang bukas kung makainom. Sa isang sulok naman may nagsusugal na. May naglalaplapan naman doon sa likod ng puno. At may mga pagkakataon nga na

kapag may nakakatitigan ako ay para bang hinahalina ako nito sa isang banda.

Parang nabuhay muli ang panahon ni Moises sa panahon ngayon. Kung paano nagligalig ang mga Israelita sa bundok ng Sinai. Gumawa ng sariling diyos. Nagpakalango sa alon ng mga alak. Nakipagtalik kung saan-saan. Siguro nga ang Santong Lugar ay siyang tunay na bundok ng Sinai. Ngunit ang kaibahan, walang Moises na pipigil sa kanila. Wala si Yahweh na magpapakita sa tuktok ng bundok upang parusahan sila. Pero tiyak na may nangyayaring himala.

"Niyayaya nga kami ng mga tao dun," sabi ng dalawang batang lalaki na kasama namin matapos maggala sa lugar. Inaakay raw sila ng mga ito upang gumawa ng kung ano. Tumanggi naman sila. Mabuti pa sila kaya nilang tumanggi, sa isip-isip ko.

Kinatuwaan ko ang mga batang ito na kahit sa murang edad ay may ahensiya silang magpasya ng sa tingin nilang tama. Na hindi sila pahahaplos upang sa isang iglap may himalang maranasan. Na hindi sa magandang pangangaral nakukuha ang kabanalan ng libog. Kundi sa pangangatwiran ng nararamdaman at mariing pagtutulak sa liwanag ng buwang sumasampal ng katotohanan.

Hindi tuloy mawala sa isip ko ang simbahang Katoliko na laganap ang isyu ng panggagahasa ng mga pari at mga miyembro nito sa kasaysayan. Noong 2019 lang nga naglabas

ang Associated Press ng New York ng tala na halos 1,700 mga pari at ibang miyembro ng Simbahan ang akusado sa pang-aabuso sa mga bata sa diyosesis sa Estados Unidos. Sa kaso naman ng Pilipinas, noong nakaraang taon lamang ay may pinaarestong pari ang korte sa Tuguegarao City sa 20 counts ng acts of lasciviousness, voyeurism, and rape.

Walang sinasanto ang mga taong nang-aabuso. Kahit pa sa mga lugar na tinuturing nating sagrado o mala-santo ay hindi ito makatatakas. Hindi na ito usapin ng kabanalan. Usapin ito ng paghahanap ng katarungan. Na baka sa isang himala ay makuha ito ng mga tulad naming naabuso sa loob mismo ng tinuturing na Santong Lugar.

## SINONG MAY KASALANAN?

Napapaisip tuloy ako kung nagluluksa ba talaga ang mga taga-Jalajala o nagdiriwang sa saya ng kanilang kalayaan? Kung ito ang paraan nila para manampalataya, sino ang sinasamba nila? Kung ganito ang mukha ng Santong Lugar, gugustuhin pa kaya ng mga santong maging santo?

Kung ang matatanda sa bayang ito ang tatanungin tulad ni Lola Obet, sasabihin nitong "hindi ganito noong panahon namin. Wala na kasing disiplina ang panahon ngayon." Eh hindi ba't kapabayaan din naman ito ng matatandang hindi nagturo ng tamang disiplina sa henerasyon ngayon? Kapabayaan din

naman ito ng pamahalaan na hindi nagbigay ng mga tauhan sa lugar upang pangalagaan ito. Sino bang dapat sisihin? Huwag na tayong magsisihan. Lahat naman tayo ay makasalanan. Lahat naman tayo ay may kasalanan.

Sa kabilang banda, napapaisip ako kung kabanalan ba ang nakukuha matapos ang sakripisyo sa mga bundok na inakyat? O isang pagpapala na sa wakas mas malaya sila sa itaas ng bundok?

Tulad ng mga tao rito, sa tingin ko ang pag-akyat sa Santong Lugar ay pagtakas sa realidad. Pagtakas sa kanya-kanyang impiyernong nararanasan. "Leisure ang pagtingin nila dito," saad ni Ma'am Roque. Sa sobrang abala ng taong iahon ang kanyang buhay, ito lang ang libreng panahon upang bigyan ng liwaliw ang kanyang sarili. May ganito rin akong ideya sa pagtahak ko dito. Naghahanap ako ng pahinga. At marahil dito ito nahanap ng mga taga-Jalajala.

Napagtanto ko sa mga puntong ito na hindi ko naman kasalanan na hindi ko nagawang lumaban noon. Sayang nga lang at hindi naipagkaloob sa akin ang kapangyarihan. Dahil kung mayroon man akong kapangyarihan noon, tiyak isang himala ang bubulagta sa aming pamilya. Isang himala ang magpapaalingasaw sa mabahong pagkatao ang masasaksihan nila. Na sa likod ng mga akala mo'y alagad ng diyos, isa palang mga demonyo. May himala na ngayon na kaya ko nang magsalita at lumaban para sa aking sarili, at para rin sa iba.

Dahil pinatawad ko na ang sarili ko sa isang pagkakasalang hindi ko naman ginawa. Nagkumpisal ako sa gitna ng dilim. Isinumpa ko sa bundok na ito na hindi ko hahayaan mangyari muli ito.

Kasabay nito ang unti-unti kong paglakad tungo sa kinabukasang ako na mismo ang tumatayo para sa mga taong pinagsasamantalahan kahit pa sa loob ng itinuturing nilang santong lugar. Tulad ng minsan akong nanindigan sa loob ng PUP upang ipaglaban ang mga biktima ng sexual harassment mula sa kanilang propesor. Himala itong maituturing sapagkat may tapang na akong harapin ngayon ang bangungot na aking tinatakasan lamang noon.  Patunay ito na gusto ko pa rin naman ng himala. Ngunit kung ang uri ng himala ay mapang-abuso lang din naman, di bali na lang.

Sa gabing ito, sinabi ko sa sarili na ang tunay na santong lugar ay tayo mismo. Sa ating sarili lang pala masusumpungan ang kalayaan sa mga panahong nagtatangka tayong tumakas sa mundo. Nasa ating kaluluwa lang din ang lugar ng kabanalan. Na nasa ating mga ginagawa makikita ang tunay na pagiging santo o santa. Na nasa ating mga kamay ang totoong himala. At sa pagkakataong ito, may kapangyarihan tayong gumawa ng mga milagro. Dahil tayo mismo ang santong lugar.

# Lupasay

*Adelle Chua*

Anim na taong gulang ako nang matutunan ko ang ibig sabihin ng salitang "disco."

Sabado ng gabi, at katatapos lang namin kumain ng hapunan. Masaya ako dahil nasa bahay si Mommy; palagi kasi siyang wala. Reporter siya sa dyaryo at lagi siyang may coverage, may interview, at kung ano-ano pang lakad na tunog importante kahit hindi ko naman maintindihan.

Nakapisan kaming mag-ina kay Lola sa isang apartment na two-bedroom sa Valenzuela. Nagsisiksikan kaming tatlong henerasyon ng babae sa isang queen-size bed – iyon ay

kung umuuwi si Mommy – sa silid naming halos wala nang magkasyang ibang gamit.

Noong Sabadong iyon, halatang hindi trabaho ang lakad niya. Hapit ang kanyang blusa at pantalon, at maliit ang kanyang handbag na may gintong kadena na nakasabit sa kanyang balikat. May gintong bilugang hikaw na naglalambitin sa kada tainga. Pulang-pula ang labi ni Mommy, at nakalugay ang masagana niyang buhok na lampas-balikat. Noong lumapit siya sa akin para mag-good night, napaatras ako nang kaunti dahil sa tapang ng pabango niya. Pinigil ko ang aking hininga.

At narinig ko ngang papunta siya sa Stargarzer Disco kasama ang bunso niyang kapatid, ang tiyuhin kong si Papa Edwin, pati ang kapitbahay naming si Ate Cora.

"Sama 'ko," pagsusumamo ko kay Mommy habang nakunguso. "O kaya dito ka na lang, kulay tayo."

Naalala ko kasi ang mga bibihirang okasyon na nakadapa kami ni Mommy sa sahig, nakaharap sa coloring book. Dahil kaliwete siya, siya ang nagkukulay ng mga drowing sa kaliwang pahina. Akin ang kanan. Ibang klase magkulay si Mommy. Kahit de-16 o de-8 lang ang Crayola ko sa kahon, buhay na buhay ang mga larawang dumadaan sa kanya. Ang isang simpleng kabayo, ginagamitan niya ng iba- ibang tingkad ng kulay na brown. Madiin sa labas, na para bang binabantaan ang sarili niyang kamay na huwag lalampas dito sa pagkukulay nang mas

mapusyaw sa loob. Samantala, sa kabilang pahina, flat na flat at ang baduy ng mga pagkulay ko. Ang daming lagpas. Ang lamya ng color combination. Pag minalas, nababalian pa. Pangarap ko sana magkaroon ng Crayola set na tig-64 na kulay, yung matabang kahon na may pantasa sa gitna. Syempre pa, ayaw niya akong bilhan. Hindi raw nadadaan sa dami ng pangkulay ang ganda ng larawang kinukulayan.

Tinawanan ni Mommy ang aking pagsusumamo. "Bawal ang bata roon. Matulog ka nang maaga para tumaba ka pa lalo!" ang sabi niya, sabay talikod sa akin at yuko sa ilalim ng sofa kakahanap sa kapares ng sapatos niyang high heels.

Aba, hindi ako papayag na ako ay maiwan. Ano ba ang dapat ko pang gawin para makinig siya sa akin? Ano pa ba ang hahanapin niya sa disco gayong maulan, gayong mahirap sumakay, gayong mas masayang manatili sa bahay na lang kasama ang anak niya? Boring ba ako? Sobra ko bang taba, o tabil? Bakit ayaw nya sa akin? Anong sigaw, anong iyak, anong mukhang nakakaawa ang makakapagpabago ng isip niya?

Sinunod ko ang naramdaman ko. Humiga ako sa sahig sabay hiyaw, sabay hagulgol, sabay kampay ng mga braso at binti, sabay sabunot pa yata sa sarili kong buhok. "Sama 'koooo! Sama 'koooo!! Huwag mo ako iwaaaannn!!!" Naisip ko, kung magkasakit ba ako, hindi na ba siya aalis? Kung makalunok ako ng sipon o masamid sa sariling laway kakaiyak, kung mauntog ang ulo ko sa sahig, kung mangisay o kapusin ako ng hininga,

pipiliin niya na ba ako? Kung mamatay ako sa sama ng loob, iiyak ba siya sa burol ko, ma-guilty kaya siya sa harap ng kabaong ko habang naiisip niyang sana sinamahan na lang niya ako nung gabing iyon?

Umalis pa rin siya.

Minalat na lang ako sa pag-iyak at nakakita ako ng ipis sa sahig kaya kusa na akong tumigil at bumangon. Sinubukan ko siyang hintayin pero inantok na rin ako.

**Ang lalaki sa Stargazer**

Rudy ang pangalan ng bartender na binabalik-balikan ni Mommy sa Stargazer Disco. Six footer. Maputi, brown ang mata at buhok. Maputi rin ang ngipin kapag ngumiti. Siguro, naglalaro sa 22-23 ang edad niya noon. Si Mommy, matanda sa kanya ng may apat na taon.

Si Rudy rin pala ang lalaki sa maliit na bahay na gawa sa hollow block at walang pintura na dinadaan- daanan namin ni Lola kapag manunudo kami sa bahay ng labandera. "Kilala ko ang kurtina sa bahay na iyan," sabi ni Lola. Kabisado niya ang design – makapal na puting tela na may mga batang bersiyon nina Superman, Spiderman, Wonder Woman, Batman at Robin – dahil sya mismo ang tumahi noon. Minsan, nag-iimbento siya ng dahilan para paulit-ulit naming daanan ang bahay na

hollow block, at subukang aninagin ang mga taong natatakpan ng pamilyar na kurtina. Pero makapal kasi ang tela at parang napakadilim sa loob. Hindi rin namin nakitang nakahawi ito kahit minsan.

Nagkaalaman rin, di lumaon. Buntis pala kasi si Mommy sa kapatid kong si Shelby. At tama si Lola tungkol sa kurtina. Nagpuslit pala si Mommy ng ilang gamit noong magsimula siyang makipag-live in kay Rudy.

Mabilis ang mga pangyayari. Noong mismong gabing nagkabukingan at nagka-aminan, madaliang nag-empake si Mommy para umalis sa bahay ni Lola at hayagan nang makisama kay Rudy. Hindi ko naman inasahang isasama niya ako noong umalis siya. Hindi ko na rin siya tinanong kung paano na ako o kung babalikan ba niya ako sa ibang araw. At lalong-lalong hindi ako umiyak. Parang alam ko na kasi agad ang sagot. Ang sama kaya sa pakiramdam na magwala ka sa kakamakaawa pero hindi ka pa rin pagbibigyan. Yung kaya ka palang tiisin. Yung merong mas importante kaysa sa iyo.

Hindi na nagpaalam sa akin si Mommy. Nasa gate na kasi si Rudy, sinusundo siya, habang nagbubunganga pa si Lola. Paglabas niya, hinabol ko lang ng tingin ang pigura nilang papalayo nang papalayo sa sa akin. Halos hindi sila magkanda-ugaga sa mga bag, supot at kahon. Sa kanto, lumiko sila.

Iyon na pala yon.

“Napakabata mo pa para magdala ng mga ganitong problema,” sabi sa akin ni Papa Edwin. Napansin kong may luhang gumagapang pababa sa pisngi nya. Naisip ko, ang corny naman, parang eksena sa pelikula.

Mabilis ring lumaki ang tiyan ni Mommy, at noong graduation ko ng kindergarten – valedictorian ako at nag speech pa – sila ni Rudy ang nagsabit ng mga medalya ko. Ilang na ilang ako dahil ang kulit ng mga kaklase ko kakatanong. “Ang ganda-ganda ng mommy mo, pinaghalong Lorna Tolentino at Vilma Santos!” “Iyan pala ang Daddy mo...ang pogi!” “Bakit ngayon lang namin sya nakita?” “Magkakaroon ka na pala ng kapatid! Gusto mo ba lalaki o babae?”

Ayoko na ring sagutin ang mga tanong, dahil nasabi ko na sa ilan kong guro, matagal na, na patay na ang Daddy ko – nag crash ang eroplanong sinasakyan niya patungong Canada, kung saan mauuna sana siya para ayusin ang bahay namin doon, bago kami sumunod ni Mommy. Praktisado ko ang kwento na ito kahit na wala akong alaala na nagluksa kami, may pinuntahang libing, o kumausap ng mga kamag- anak ng tunay kong tatay. Ito lang kasi ang itinuro sa akin ni Mommy na isagot ko.

Minsang dumalaw ang mga kapatid ni Rudy sa bahay ni Lola para pormal silang magkakilala. Ang usapan, tanghalian. Pero maaga pang dumating si Mommy sa apartment namin. Pinagtatalikod niya ang mga larawan naming magkasama, pati ang mga certificate ko na nakakuwadro at nakadisplay sa gilid ng

hagdan ay tinanggal niya. Noong dumating ang mga bisita, hindi niya naman ako tinawag at ipinakilala, kahit na saulado ko na ang sasabihin ko. "Ako po ang anak ni Liza. Grade 1 na po ako sa pasukan. Nag-aaral po ako sa Our Lady of Grace Academy sa Kalookan. Gusto ko po maging doktor."

Noong kumakain na, hindi tumabi sa akin ang nanay ko. Tabi sila ni Rudy at ng mga kamag-anak nito, pero tahimik sila – walang tawanan, walang kuwento, panaka-nakang tanong-sagot lang na susundan na naman ng panibagong katahimikan. Sina Lola at Papa Edwin ang katabi ko; kumuha lang kami ng pagkain sa mesa pero sa sala kami kumain. Palabas ang Germspesyal ni Kuya Germs, at nakita ko ang mga Bellestar Dancers na may kanya-kanyang dambuhalang koronang nakapatong sa ulo. Nag-alala akong mabigatan sila, madulas o masubsob sa stage. Pagtatawanan sila, tiyak. Baka mawalan pa sila ng trabaho, kawawa naman.

Nag-away sina Mommy at Lola noong gabing iyon. Narinig ko – at ng kapitbahay siguro – ang palitan nila ng salita tungkol sa larawan, sa kahihiyan, sa kasinungalingan. Matagal na hindi dumalaw si Mommy sa bahay namin. Sunod ko yata siyang nakita noong dumalaw kami sa ospital dahil nanganak na siya.

Di sila nagtagal sa hollow block nilang bahay. Nakahanap sila ng apartment na mas malayo, na kailangan pang mag-tricycle para makapunta sa bahay namin. Mas malaki ito, dalawang kuwarto, at noong inaayos na ang baby's room, nainggit ako

dahil gusto ko rin sana ng sarili kong kuwarto na may dollhouse at may mesa at silyang aralan. Si Lola kasi, kung saan-saang supot at lata nakalagay ang mga gamit, ang kalat-kalat. Gusto ko sana ng sarili kong lugar na lahat ng bagay, may tamang pwesto. Yung maaliwalas sa mata. Ang sarap siguro mag-aral sa ganoong klaseng silid.

Pagkatapos ni Shelby, dumating pa sina Unica at Raissa. Wala akong sinabihan ng mga saloobin tungkol sa bagong apartment at lumalaking pamilya ni Mommy. Hindi na rin ako nangahas na humingi ng munting lugar sa bago nilang bahay. Masaya naman tumira kay Lola – hindi ako inuutusan sa gawaing-bahay basta galingan ko lang daw sa eskuwela. Ang tanging hiling niya daw ay makatapos ako ng pag-aaral.

At tama nga, mas madaling mag-aral na lang mabuti kaysa mag-inarte. Tuloy, lagi akong first honor. At kapag first honor ka, wala kang tuition na babayaran sa susunod na taon. Mas kailangan ni Mommy ang pera pambili ng gatas at diaper ng mga kapatid ko. Yun nga lang, minsan ayoko na ring sinasabi sa kanya ang date ng Recognition Day – baka busy siya, baka bitbitin niya na naman si Rudy, baka sobrang ganda nya na pagkakaguluhan na naman sya ng mga kaklase ko at pag-uusapan ng mga ibang nanay. Isa pa, parang ang saya-saya ni Lola kapag siya ang nagsasabit ng medalya ko. Kilala na ng mga kaklase ko si Lola kaya wala nang mga tanong. Ganun ang gusto ko: tahimik lang, simple, walang komplikasyon.

**Halimaw na kanser**

Malaking bahagi ng third year at unang bahagi ng fourth year high school, tambay ako ng Chinese General Hospital – New Wing, Room 404. Unang sinabi ng doktor na may leukemia si mommy, pagkatapos ay kumalat na at naging kanser sa bituka. Malaking dagok sa pamilya niya ito. Siya lang naman kasi ang nagtatrabaho.

Nakailang round siya ng chemotherapy at ang pinaka-ayaw niya tungkol dito – bukod sa malaking gastos na pirming sinasalo ng mga kapwa nya reporter na lumalapit sa kung sino-sinong pulitiko – ay hindi iyong panghihina ng katawan kakalaban sa lason, kundi ang paglagas ng kanyang buhok, paghapis ng kanyang mukha, at pagkawala ng kinang sa kanyang mga mata. "Ang pangit ko na!" palagi niyang sinasabi. Nagsusuot siya ng wig at katabi niyang matulog ang kanyang make-up kit, para raw kahit anong oras na may bumisita, maari siyang mabilisang mag-make up, at maganda pa rin siya.

Ang gawi ko sa araw-araw pagtapos ng klase, hindi ako uuwi sa Valenzuela kundi didiretso sa ospital para mag-night duty. Mga alas-singko ng umaga kinabukasan ako sumasakay ng dalawang tricycle at isang jeep pauwi, para makapaligo sa bahay at makapasok na naman. Mahirap, nakakapagod, nakakaubos oras at nakakasira ng focus, pero gusto ko. Alam kong malupit ang kanser, pero sa kaloob-looban ko, masaya akong nagbabantay

kay Mommy dahil pagkatapos ng maraming taon, solong-solo ko uli siya. Minsan, kinunsinti ko siya at sinamahan pa nang maisipan niyang tumakas at kumain sa Steaktown sa Ermita. Pagbalik namin, nagkakagulo na sa nurses' station kakahanap sa kanya at pinagalitan pa ako ng nurse dahil hindi kami nagpaalam. Paglabas ng nurse sa kuwarto, nagkatinginan kami ni Mommy na parang dalawang paslit na nabuking sa kalokohan, sabay hagalpak ng tawa.

Naiinis ako kapag may ibang bantay siya o bisita.

Bago matulog, pagtapos ng mga assignment, nagsusulat ako sa diary ko hanggang masilaw si Mommy sa puting ilaw at sabihan akong patayin na ito at matulog na. Pag nasa mood pa ako magsulat, bubuksan ko ang ilaw sa banyo at iiwang bahagyang bukas ang pinto para makalusot ang kaunting liwanag. Ang dami kong steno notebook na napuno noong mga panahong iyon. Tumitigil lang ako kapag sumakit na ang kamay ko sa kakasulat o maubusan ng tinta ang baon kong ballpen.

Ano nga ba ang mga pinagsusulat ko? Ang diin ng sulat ko na halos mabutas ang pahina – parang naghahabol ang kamay sa bilis ng isip. Kwento tungkol sa araw- araw ng isang estudyanteng maraming kaibigan pero may konting lungkot pa rin, naturingang marunong sa klase pero pakiramdam ay tatanga-tanga pa rin.  Tanong tungkol sa hinaharap –saan ako magkokolehiyo, papaano ko tutustusan ang pag-aaral ko, ano kaya ang magiging trabaho ko, magkaka-boyfriend kaya ako nang

matino, ano kaya ang magiging apelyido ko kapag nag-asawa ako, ilan kaya ang magiging anak ko?

At iba pang tanong – bakit ginugupo ng kanser si Mommy gayong ang ganda-ganda niya, gayong ang liliit pa ng tatlong kapatid ko, gayong ang bata niya pa at marami pa siguro siyang gustong gawin sa buhay niya?

Isang Sabado ng Oktubre, namatay si Mommy. Noong mga huling sandali, hirap siyang huminga at hindi makasalita, pero tumutulo ang kanyang luha. 36 years old. 36! Ako naman, 16, kakatapos ko lang mag UPCAT at mag-NCEE. Hindi ba nakakagalit na mabawian ng ina habang hindi niya pa nasasaksihan lahat ng importanteng bagay na mangyayari sa buhay ko? Hindi ba lalong nakakapanggigil na iniwan niya na naman ako kahit hindi pa sya tuluyang nakakabawi sa akino nakahingi man lang ng pasensya para sa nauna niyang mga pag-iwan?

Noong lamay at libing, maraming mausyosong kamag-anak ang nakapansing hindi raw ako umiiyak. Bakit, sukatan ba ng pagmamahal ang lakas ng hagulgol? Kailangan ba maglupasay ako uli? Puwede naman maging malungkot at magluksa kahit walang luha, hindi ba, lalo na kung ikaw ay taong ayaw na ayaw na magwala?

Ang totoo, kahit noong ibinababa na ang kabaong ni Mommy sa hukay – umaambon noon – ang nasa isip ko: paano ko kaya matatanggal ang putik sa sapatos ko, bakit ba yung sirang

payong ang nadampot ko, at ano kaya ang magandang araw na bumalik na sa eskuwela dahil ang dami ko nang absent? Pakialam ba ng mga tao kung iniisip ko lang si Mommy kung mag-isa na lang ako, pag wala nang ibang nakakakita, para sigurado akong walang makakasaksi na pinipilit kong patuluin ang luha pero walang lumalabas, at ang tanging naiisip ko – ang hirap palang maging artista?

**Ang mga sumunod na kabanata**

Lahat ng hindi pa nangyayari sa akin noong namatay si Mommy, di kalaunan, nangyari din.

Nakakuha ako ng scholarship sa unibersidad. Pero hindi pa man ako tapos ng first year, nabuntis ako at nag-asawa. Dalawa na ang anak ko nung makagraduate, pero nakuha ko sa apat na taon ang kurso ko. Nahanap ko rin ang tatay ko, saktong-saktong papatapos na ako ng kolehiyo. Binalaan kasi ako noon ni Mommy na hanapin ko lang ang tatay ko kapag may trabaho na ako, para hindi maakusahang namemera lang. Hindi ko na rin pala ginustong maging doktor – masyado akong maselan at madidirihin sa mga bagay-bagay. Nauwi ako sa pagdya-dyaryo – doon mismo sa dyaryong pinasukan ni Mommy at kung saan naging kasamahan pa siya ng ilan kong kakilala.

Di rin pala sagot sa marami kong tanong ang maaga kong pag-aasawa. Sa edad na 31, nilayasan ko ang asawa ko,

bitbit ang apat na anak. Salat sa pera, oo, pero mayaman sa pangangahas. Nakakuha ako ng isa pang scholarship para sa masters degree. Inabot ako ng 15 taon sa dyaryo – iniwan ko lang ito nang mag-full time akong magturo sa unibersidad. Nag-umpisa na akong kumuha ng doktorado. Malalaki na ngayon ang apat kong anak, kanya-kanya na ring daan ang tinatahak. Ilang taon pa ng pagkayod, pwede na akong magturo at magsulat na lang, wala nang side hustle.

May sarili nang pamilya sina Shelby, Unica at Raissa, yung iba mas maginhawa ang buhay kaysa iba. Hindi naman ako naging malapit sa kanila. Si Rudy, na natanggap kong hindi naman pala masamang tao, ay naging tsuper ng jeep sa Clark, nag-asawa uli, pero namatay sa COVID-19 nooong mga unang araw na wala pang bakuna laban dito.

Ano kaya ang naging papel ni Mommy sa mga desisyon ko kung nandito siya – kung meron man siyang naging papel? Aprobado niya kaya ang mga naging diskarte ko sa buhay? Ipagmamalaki niya kaya na naayos ko ang mga gusot na mayroon ako noon, at lumaki akong palaging mahinahon, bihirang-bihirang umiiyak, at hindi na kailanman uli nagwala? Naging magkaibigan kaya kami di kalaunan? Kami kaya iyong tipo ng mag-inang ilang beses isang araw kung magtawagan, parang kaming dalawa ng panganay ko ngayon?

Nakabawi rin kaya siya sa akin? Naghilom na rin ba sana ang malalim na sugat gawa ng pagpili niyang umalis pa rin noong gabing iyon?

Labindalawang taon na ang lamang ko sa huling naging edad ni Liza. Tumanda – nagtanda – na rin siguro ako. Hindi na masalimuot ang buhay. Wala nang gaanong drama. Nakakapanghinayang lang na hindi ko siya nakasama sa paglalakbay na ito.

Iba kasi si Liza. Hindi siya ordinaryong babae. Para maging anak niya, hindi rin puwedeng ordinaryo ka.

Minsan, bumabalik ang alaala ko sa gabing pinili ni Mommy na iwan ako para mag-disco. Mag-iiba kaya ang lahat ng naramdaman ko kung nagdesisyon siyang hindi na lang umalis noon? Matuturuan ko kaya ang sarili kong itago at ituon sa ibang bagay ang lahat ng galit, lungkot, panlulumo, atpagkabigo kung hindi ako napilitang kalmahin ang sarili sa murang edad, dahil wala naman ibang gagawa nito para sa akin? Mas nakilala, naunawaan, o napahalagahan ko kaya ang nanay ko sa maiksing buhay niya kung siya mismo ang nag-alo sa akin at nagtuyo ng aking luha?

Ang malinaw lang sa akin, noong gabing iyon -- noong napagod ako sa kakaiyak at nagdesisyong tumigil na dahil wala rin namang nangyari sa paglulupasay ko -- pagbangon ko, hindi na ako bata.

# Ang Paghatid kay Ni-Siak

*Arnold Tristan L. Buenaflor*

"North Station."

"PWD lang po rito." Nakasimangot ang aleng sekyu, nakataas ang kilay sa magkahawak na mga kamay nina Danel at Ni-Siak.

"Ah," iniharap ni Danel ang kaniyang bag, madaling binuksan ang bulsa sa gilid at inilabas ang kaniyang wallet. "Ito ho o." abot ni Danel sa kaniyang PWD Card.

Hinigpitan ni Ni-Siak ang kapit sa kasintahan. Nginitian ito at mahinang sinambit ng bibig ang *Ok lang 'yan.*

“Ano tong psycho-social disability?” halata ang inis ng babae sa tono.

“May…may,” nahihiya lagi si Danel tuwing kailangang sabihin ito “depression po ako.”

Nagsidatingan ang mga “Sus” mula sa mga buntis na nanay at matatanda sa likod.

“Depresyon, depresyon kuno. Mga kabataan talaga ngayon,” bulong ng isang matandang lalaki sa pila.

Walang sinabi ang security guard pero nginitian niya ang mga pakuntsada ng mga tao.

“May pwd booklet din ako kung kailangan niyo. Kailangan ko rin ba tawagan doktor ko para sa’yo?” naiinis na sagot ni Danel. Naramdam niya ang malumanay na pagpisil ni Ni-Siak, isang munting paalala na huwag hilahin ng emosyon.

Malamig na tiningnnan ng security si Danel pero kay Ni-Siak ito humarap. “Ikaw ba, PWD rin?”

“Kasama ko ho siya,” agad na punto ni Danel.

“Kung walang PWD card, bawal sa seksyong ito.”

“Ma’am, unang beses ho ng partner ko sa MRT,” nagbulungan ang mga tao sa paligid, pilit itong binalewala ni Danel “at saka, muli, aid ko ho siya.”

Humakbang paharap ang security guard. “Muli,” nginitian nito si Danel, “Kung walang PWD Card, bawal dito.”

“Danel,” tapik ni Ni-Siak sa kasintahan. “Ayos lang, sa katabing compartment na lang ako uupo. Pero,” tinaas niya ang bitbit na maleta “pwede bang sa iyo muna ito?”

Gusto man iprotesta ni Danel ang sitwasyon, nakalma siya ng mahinahong boses, itim na mga mata, makakapal na kilay, at kayumangging tindig ng kasintahan. Sabay ng pagbusina ng parating na tren ay ang pagpayag ni Danel na mahiwalay pansamantala kay Ni-Siak.

“Sige.” Malungkot nitong sabi.

Niyakap siya ni Ni-Siak, nilanghap ni Danel ang amoy ng pabango ng kasintahan. Amoy alaala si Ni-Siak; alaala ng isang kabataang pamilyar. Pinaghalong amoy ng pulbo at pawis. Alam ni Ni-Siak na malungkot si Danel kaya bago siya umalis, hinalikan niya ito sa pisngi. Hindi pinapansin ang busina ng mga tao sa paligid.

“Taft tayo bababa noh?” inosenteng tanong ni Ni-Siak.

Ngumiti si Danel, natutuwa sa Ilocanong tono ng kasintahan. “Oo.”

WOOOOOOT! Anunsyo ng tren. Awtomatikong nagtulakan ang mga tao, parang mga langgam na nakahanap ng bagong butil ng asukal. Nilabanan ni Danel ang pagtulak

sa kaniya ng mga taong nagmamadali sa likod sa kagustuhang siguraduhin na sa tabing compartment lamang makakaupo si Ni-Siak. Sa tulong ng katangkaran at kulay ng balat ng kasintahan, hindi nahirapan si Danel pagmasdan at hanapin si Ni-Siak.

May bahid ng pula ang pagkakayumanggi ni Ni-Siak, isang maaliwalas at makinis na balat. Parang kulay ng mga puno ng pino sa Baguio kung saan nanggaling ang binata at kung saan nagkakilala ang dalawa.

Bago pumasok sa tren, nag-iwan muna ng isang pasulyap si Ni-Siak. Kinindatan nito si Danel at nakangiting pumasok sa loob ng masikip na daang-bakal. Sa kasiguraduhang katabi lamang si Ni-Siak, minabuti na ring pumasok ni Danel sa PWD compartment. Hindi niya napansin na siya na lang pala ang nasa labas.

"Hoy! Pasok na!" Sigaw ng security guard sa kaniya. "PWD, PWD, bakla pa…" dinig ni Danel sa malakas na bulong ng babae habang umaakyat sa kaniyang high-chair.

Hindi muna naghanap ng upuan si Danel, ni hindi niya nga tiningnnan ang looban. Tumayo siya sa tapat ng pintuan ng tren, tumalikod, hinintay magsara ang mga ito. Nang umilaw ng dilaw ang bumbilya sa taas at nagsimulang magsara ang pintuan, kinuha ni Danel ang atensyon ng security guard sa pamamagitan ng pagkatok sa pintuan.

Tumunog ang busina ng MRT, nagsimulang mag-anunsyo ang *voice-over*, dahan-dahang umandar ang tren; tinaas ni Danel ang kaniyang gitnang daliri sa tapat ng security guard at sinabayan ng ngiti.

Nanggagalaiti ang mga mata ng babae. Sigurado si Danel na sumigaw pa nga ito ngunit nagsimula nang maglikom ng bilis ang tren, tumingin siya sa paligid bitbit ang maleta ni Ni-Siak.

Dalawang madre ang nakatingin  sa kaniya at iniiring ang mga ulo. "'Di mo dapat ginawa 'yun, bastos ka."

Unang problema. Mga mananampalatayang pinipili lamang ang maling nakikita.

"Kanina niya pa ho kami pinagtritripan ng kasintahan ko." sagot ni Danel, walang pakielam kahit na uugod-ugod at puno ng kulobot ang kausap.

Huminga nang malalim, paalala ni Danel sa sarili.

Totoo naman. Talagang maluwag at malinis sa PWD section ng MRT. Pero, bilang isang binata na hindi *halata* ang kapansanang mental, bale wala iyon kung ikukumpara sa mga bakal na bulungan at busina nang busina na mga titig ng mga nakakasabay niya rito. Ilang beses na naranasan ni Danel tanungin nang paulit-ulit tungkol sa kapansanan niya, lalo na sa validity nito.

Nakahanap siya ng mauupuan sa dulo ng compartment, sa may bintana na makikita ang katabing bahagi ng tren. Napaalalahanan si Danel na hindi tungkol sa kaniya ang araw na ito nang makita na nasa kabilang dulo lamang si Ni-Siak. Nakangiti, ipit, at nakatingin sa kaniya.

Tinaas ni Ni-Siak ang kaniyang hinlalaki at sinalita ang tanong na *Ok ka lang?*

Tumango at um-oo si Danel. Kahit na inis pa sa looban.

Ihahatid niya ngayon si Ni-Siak sa Victory Liner Pasay. Luluwas na kasi ang kasintahan pabalik ng kabundukan ng Kordilyera. Sa isang lugar kung saan ang daang-bakal ay hindi bakal; madugo; at makasaysayan.

Pinagmasdan ni Danel ang pagkamangha ni Ni-Siak sa riles ng tren. Lalo na nang makita na tumaas na ang MRT ilang talampakan mula sa ibaba. Sa Baguio lamang nalaman ni Danel na hindi pa pala lahat ay nakakaranas makasakay sa MRT.

Parang mangmang na sentimiyento ito pero, dahil laki sa Metro si Danel, lumaki siyang iniisip na lahat ng Pilipino ay nakasakay na sa masikip na tren na 'yon. Buti na lang at sa Baguio siya nakapag-aral. Maraming mga tao at mga leksyon ang nagpalawak sa riles na dinadaan.

Kilala ang Baguio bilang isang student transient city. Kalakhan ng mga estudyante roon ay tulad ni Danel na mga taga-

*baba*. Sabi nila, mga kaibigang nakilala mo sa kolehiyo ang dapat ituring na pangmatagalang kaibigan na laging matatakbuhan at mapupuntahan.

Pero paano iyon, puro taga Hilagang Luzon ang mga kaibigan ni Danel? Hay.

Kaya sobrang tuwa niya nang sabihan siya ni Ni-Siak na isang buwan siya magbabakasyon sa QC matapos ang kanilang graduation noong Hunyo 2019. Unang araw ng Hulyo, dumating si Ni-Siak.

Huling araw na ng Hulyo ngayon.

"Quezon Avenue Station."

"Quezon Avenue Station." ulit ng konduktor.

Isang pultaym na ngayon si Danel. Kaya, sa HQ sa Teacher's Village ng samahan ni Danel tumuloy si Ni-Siak buong Hulyo. Hindi naman ito bago sa kasintahan,siya mismo ay pultaym sa Baguio noong kolehiyo sila ni Danel.

Sa isang discussion circle nga nagkakilala ang dalawa. Ukol sa neoliberalisasyon ang paksa noon. Halos matameme si Ni-Siak nang dumating si Danel at umupo sa kaniyang tapat.

"Crush kasi kita, siempre kinabahan ako." paliwanag ni Ni-Siak, hawak-hawak ang kamay ni Danel sa Session Road, isang taon matapos nila unang magkakilala.

Tumingin muli si Danel sa sitwasyon ng kasintahan. Nang bumukas ang pintuan, nagpasukan lalo ang mga tao at mas nasiksik sa bintana si Ni-Siak. Naiinis si Danel, dapat katabi niya ngayon si Ni-Siak, kausap, at kinukwentuhan ng mga tribya kada estasyon.

Sa PWD compartment, may pumasok na isang pamilya. Dalagang ina, bitbit-bitbit ang sanggol sa braso habang ang kasamang lalake ay bitbit ang bag ng nanay.

Pangalawang problema. Hahanapan din kaya ng personnel ng gatas at sanggol ang lalake? Tulad ng paghanap ng security guard ng PWD card kay Ni-Siak? O, sasapat na ba ang sagot ng babae na "Kasama ko ho siya. Kasintahan ko."

Sumapat nga. Nanatili ang lalake sa tabi ng kaniyang pamilya.

Nang magsara ang pintuan ng tren, nagsimulang umiyak ang sanggol. Sobrang lakas ng iyak nito--hiyaw na nga siguro dapat ang gamiting salita.

"Asus, asus. Ang cute noh?" komento ng mga madre.

*Ano'ng cute? Literal na humihiyaw na ang bata*. Sabi ni Danel sa sarili. Tiningnan niya ang sanggol, iniisip ang mga posibleng dahilan ng pagluha. Nasisikipan din ba siya sa paulit-ulit na pasok-labas ng mga tao? Alam niya kaya na hindi habang-buhay makakasama ang kaniyang nanay at tatay? Dahil ba mahal na ang

bayad sa Beep Card? Sa puntong iyon, pakiramdam ni Danel na siya lang ang nakakaintindi sa sanggol.

"GMA Kamuning Station."

Nanlaki nang sobra ang mata ni Ni-Siak nang makita ang gusali ng GMA, tinuturo kay Danel ang nakikita. Nakakahawa ang hiwaga sa mga mata ni Ni-Siak. Kahit na masaya tingnan ang kasintahan, namuo ang kalungkutan kay Danel. Kahit na alam kung saan pupunta, masalimuot pa rin ang paikli na paikling daang-bakal. Ang bilis ng oras sa tren.

Anino lamang ng mga kulay ng GMA Bldg ang napansin ni Danel. Dahil sa buhay na nilalakaran, takot na siya sa balita. Naging pamilyar na babasahin na ang mga headline tungkol sa pagkitil ng buhay at iligal na mga aresto. Nakakatakot isipin na palapit na nang palapit ang riles na ito sa pintuan ng mga kabahayan. Ilang kaibigan at kaklase na ni Danel at Ni-Siak ang naging laman ng isang malagim na balita.

Pinisil pasara ni Danel ang mga mata. Pinipilit na huwag pumasok sa isip ang mga posibleng balitang mabasa kapag lumisan na si Ni-Siak.

"Araneta Station. Araneta station."

Magaling tumula at maggitara si Ni-Siak. Pero ang kaniyang entablado ay ang lansangan.

"Hindi mapagpalaya ang sining." Alala ni Danel. Nasa isang pag-aaral sila noon tungkol sa halaga ng pagpapanibagong-hubog at ang sinasabi ni Mao Zedong na cultural revolution. Tulad ng maraming pagkakataon, si Ni-Siak ang instruktor sa study circle.

"Hindi ito atake sa mga kultural na manggagawa natin o sa sining. Ito ay mapagkumbabang paaala na hindi swabe, hindi makulay, walang sukat at tugma, ang daan tungong pagpapalaya ng lipunan."

Mahirap iyon tanggapin ni Danel noong una dahil siya mismo ay isang manunulat. Sa pagdaan na lamang ng mga panahon at mga tren nagkaroon ng pag-intindi si Danel rito.

"Santolan-Anapolis Station."

Pangatlong problema. Taksil.

Nagtinginan ang magkasintahan. Seryoso ang titigan nila.

Ang laking halimaw ng pader ng PNP Main office. Ilang tao kaya ang umikit sa mga sining sa pader ng mga iyon?

Ang liit nila tingnan mula sa taas kung nasaan ang tren.

Marami nang karanasan ang dalawa sa pagtakbo, pagharap, at paghila sa mga asul na halimaw. Laging magka-buddy sa mga mobilisasyon ang dalawa noong sila ay bata-bata

pa sa pakikibaka. Kapag bata ka, may natatanging ahetasyon ka na gusto mo'ng mauna sa bulto, ikaw humarap sa barikada ng mga pulis, at makipagbatuhan. Pero habang tumatanda sa samahan, mas napupunta na sa likod, mas nagmamasid.

Tiningnan ni Danel si Ni-Siak, at tulad ng inaasahan, inikot nito ang kaniyang mga mata. Napatawa ang dalawa. Kung saan papunta si Ni-Siak, hindi na lamang simpleng batuta ang posibleng harapin.

"Ortigas Station. Ortigas Station."

Ang dilim ng nakaraang estasyon ay siya namang maliwanag na paalala sa susunod. Pinanood ni Danel ilabas ni Ni-Siak ang kaniyang cellphone at kunan ng litrato ang EDSA Shrine.

"Swerte pala kayo tuwing People Power mob noh? May EDSA Shrine kayo." banggit ni Ni-Siak noong unang araw ng kaniyang pagbisita kay Danel sa QC.

"Sa Baguio kasi diba, madalas sa Igorot Park lang tayo?"

"Maulan din lagi."

Sayang. Hindi na maabutan ni Ni-Siak ang September Martial Law Anniv mob para sana maranasan niya ang pagkilos sa tapat ng Shrine. Pero, ika nga ng mga kasama "Maliit na porsyento lamang ng pagiging aktibista ang pagrarally. Marami pa tayong ginagawa bukod rito."

Pagmamahalan.

Mabilis na lamang nagdaan ang iba pang mga estasyon ng tren. At sa bawat hinto, pabawas nang pabawas ang mga tao. Ika-apat na problema. Trabaho. Pagdating ng Buendia at Ayala Station, halos maubos ang pasahero ng tren. Ito lang din ang mga estasyon ng MRT kung saan pumupuntang underground ang riles.

*UG.*

Minabuti ni Danel na sumabay sa pulutong ng mga taong umaalis sa tren; magbalat-kayo upang hindi mapansin ng rumurondang personnel, pasok sa katabing compartment at umupo sa tabi ni Ni-Siak.

"Huy!" palo ni Ni-Siak sa malaking braso ni Danel. "Pwede ba 'yun?"

Ngumiti ang kapilyuhan ng kasintahan at sumagot "Hindi."

"Loko ka, pag tayo pinaalis."

"Gusto lang kita makatabi. Malapit na tayo dumating sa terminal," malungkot na sambit ni Danel, nakapako ang mata sa sahig.

Malawak at mahangin na ang espasyo kung nasaan sila ngayon. Ipinatong ni Ni-Siak ang kaniyang kamay sa kamay ni

Danel, nararamdaman ang pag-ikli ng riles ng daang-bakal at paglapit ng kanilang oras.

"Buendia papuntang Magallanes ang huling mahabang ruta." matamlay na banggit ni Danel.

"Pikit ka muna." imbita ng kasintahan. Dahan-dahang inilagay ni Ni-Siak ang ulo ni Danel sa kaniyang balikat.

Simpleng nagdaan ang mga sumunod na segundo. Tanging tunog ng mga patalastas at paalala sa tren, ang magkahalong amoy ng pulbo at pawis ni Ni-Siak, at ang init ng kanilang magkatabing katawan ang kanilang naramdaman.

Walang komplikadong eksena, walang inalalang alaala. Dalawang kaluluwang komportable sa mga titig ng mga pamilyar na estranghero; dalawang kaluluwa na sinusulit ang mga natitirang riles ng tren .

Lahat ng mga sumasakay sa MRT, alam ang nakakatawang sampung segundong pagitan ng Magallanes Station at Taft Station.

"Magallanes Station."

Hinigpitan ng dalawa ang hawak sa isa't isa. Hindi pa rin nila binubukas ang kanilang mga mata. Natatakot na baka malapit na ang paglisan.

Isa

Dalawa

Tatlo

Apat

Lima

Anim

Pito

Walong segundo

Siyam na segundo

Sampung segundo

"Taft Av. Station."

Naramdaman ni Danel na si Ni-Siak ang unang dumilat. Siya rin ang dahan-dahang tumapik dito.

Parang hinihila ng lupa ang bawat pagyapak ni Danel. Naging makasarili siya sa mga segundong iyon. Iniisip na sana gutom si Ni-Siak para kumain muna sila, na sana sabihin niya na hindi na pala siya aalis, na sana mahaba pa ang riles ng tren.

Tahimik ang kanilang paglabas ng tren. Kinuha ni Ni-Siak ang maleta na mahigpit na hawak ni Danel. Ibinigay na rin niya ang cellphone kay Danel dahil bawal na ito dalhin sa

puntong iyon ng kaniyang ruta. Kailangang mag-isang pumunta siya sa bus terminal ayon sa kondukta.

Huling problema. Maikli ang riles ng tren. Tinutuldukan nito ang mga damdamin; ipinamumukha nitong mahirap mabuhay kahit na simple lang ito sa dapat.

"Danel," niyakap ni Ni-Siak ang kasintahan.

Mahigpit. Sigurado. Mainit. Matagal.

Sa lahat ng puwedeng sabihin ni Danel. Sa lahat ng libong salita at malikhaing mga sentimento, ang tanging lumabas sa kaniyang bibig ay ang "Mag-iingat ka."

Mahigpit. Sigurado. Mainit. Matagal.

Dito, sa tapat ng mga riles at sa hudyat na busina ng tren, pinanood ni Danel maglaho sa mga taong nagmamadali si Ni-Siak.

# Ang Dalawang Domeng

*Erik Guzman Pingol*

"Domeng Bading! Domeng Bading!" kutya ng mga bata sa labas. Nagpintig ang tenga ko. Kumalampag ang pinto namin nang tadyakan ko ito pabukas. Doon pa lang ay alam na ng mga bata sa labas na nagkamali sila.

"Matatapang na kayo a," 'yon ang tanging warning na nakuha nila.

PAK! Lumagutok ang panga ni Pison nang makipagkilala ang kamao ko sa kaliwa ng mukha niya. Parang slowmo naman ang paglaki ng mata ni Dandan, maging ang pagpihit ni Berto upang tumakbo. Gumugulong pa si Pison sa maputik na lupa—kakababa pa lang kasi ng baha noong nakaraang bagyo—ay

nakatanggap na ng bayo sa ulo si Dandan. Akala naman ni Berto ay maililigtas siya ng tatlong dipang distansiya niya dahil sa pagtakbo. Hinabol siya ng bagong-bago ko pang Rambbo. Oo, dobol B. Rambbo na kulay green ang strap. Umikot-ikot ang makapal at matigas pang tsinelas sa ere na parang isang bala na binabarena ang hangin sa pagitan namin ng tumatakas na gago. "TOG!" sabi ng bungo ni Berto. Subsob sa putik ang mukha niya. Asintado ako e. Ilang lata sa tumbang preso ba ang nayupi ko. Kapag may humarang na binti, lumpo!

"Bakit ba ang bayolente mo?" biglang sabat ng boses sa likuran ko.

Umiiyak pa sina Pison na nakahawak sa panga, si Dandan na sinasalat kung bumuka ba ang bumbunan niya, at si Berto… patay na yata, di gumagalaw. Napatingin ako sa batang nagsalita sa likuran. Nakaupo ito sa tabi ng pintuan ng bahay namin, nakasandal sa sementadong pader. Payatot. Maputla. Plantsado ang buhok.

"At sino ka naman? Ikaw ba si Boy Patpat?" sampung taon pa lang ako noon pero natural na sa akin ang panlalait.

"Ako si Domeng," tumayo ang bata. Humingi ito ng apir. Umapir naman ako kahit di ko pa sinasabi sa kamay ko.

"Ay—" naiintindihan ko na. Nandahas pa 'ko, mali naman pala. Tiningnan ko uli si Berto. Humihinga naman pala.

"Domeng! Domeng din," humingi rin ako ng apir. Ewan kung bakit. Umapir din naman si Domeng.

Natawa si Domeng. Naintindihan na rin niya kung ano ang nangyari. Mukhang magkaedaran lang kami.

"Hindi puwedeng dalawa tayong Domeng sa lugar na 'to. Masikip ang mundo para sa dalawang Domeng!" madalas, galing sa Pinoy action movies ang mga salita ko.

"E di ikaw ang magpalit ng pangalan, ikaw 'yong baguhan dito e," pinagpag ng Domeng 2 ang kanyang tuhod 1.

"Ano'ng baguhan? Anim na buwan na 'ko nakatira rito sa Niyogan oy!"

"Ako, dito 'ko pinanganak. Sino Mag-a-adjust?" ngingiti-ngiti si Domeng 2. Walang ka-astig-astig sa katawan, malamya.

"Basta, ikaw si Domeng B!"

"So, ibig mong sabihin, ikaw si Domeng A? E ako nga ang naunang Domeng dito sa Barangay Niyogan e, bakit ako ang Domeng B?" habang pinapagpag niya ang tuhod 2.

"B for Bading!" sigaw ni Berto na buhay pa nga talaga. Nagtawanan sina Pison at Dandan sabay takbo. Hindi ko na binato ng tsinelas ko pang isa. Natawa rin ako e.

Sa gano'n kami nagkakilala ni Domeng B. Ilaglag na natin ang Domeng "2," mula ngayon, "B" na dapat, mas bagay

naman e. Nang lumaon, napagtanto kong bagay rin sa mga apelyido namin.

Malamya ngang bata si Domeng B. Naging magbabarkada rin kami; kaming dalawang Domeng, si Berto, Pison, at Dandan. Hindi man mahilig si Domeng B sa mga larong panlalake gaya ng basket-suntukan, habulang-gahasa (di naman ginagahasa talaga, punitan lang ng damit at most), patintero with duraan, at kung ano-ano pang imoral at nakakadiring laro ng mga lalake, di naman ibig sabihin ay bading na agad. Mas mahilig lang talaga siya magbasa ng mga libro niya sa eskuwela. Mas mahilig lang talaga siya maglaba, maglinis ng bahay, sumunod sa mga utos, ipinabibili, at ipinatatrabaho sa kanya ng tatay niya. Bata pa kami noon, mahilig man kami mang-asar, hindi naman talaga kami judger. Lalo na ako. Medyo bayolente lang ako. 'Yon lang naman. Pero masasabi kong close kami ni Domeng B. Siguro dahil sa pangalan namin, kaya pakiramdam ko ay team kami.

Noong high school ko lalong nakita ang pagningning ni Domeng B. Magkaklase kami. Napakatalino pala nito sa klase. Madalas nga, kung wala ang titser namin, siya ang pinagtuturo—at ang galing niyang magpaliwanag, talagang nagliliwanag. Nasasagot niya kung ano iyon, bakit gano'n, para saan 'yon, at higit sa lahat ay kung bakit kailangan 'yon sa buhay ng tao. Kahit Math, kahit Chemistry, kahit Noli Me Tangere. Nag-iibang anyo si B kapag siya ang nagtuturo sa amin.

“So, sino ang mas pogi sa dalawang Domeng?” kinikilig na tanong ni Theresa sa grupo niya, isang hapong walang dumating na titser sa PE namin. Nasa gilid kami ng kwadranggel, tabi ng stage.

“Malamang, si Amado,” sagot ni Regine. Ako ‘yong Domingo Amado. Di nila alam na nandito lang ako sa likod ng stage at nagpapalit ng PE uniform.

“Oi, bakit? Pogi rin naman si Bartolome a,” tutol ni Rachelle.

“Oo, pogi rin naman, kaso malamya e…” sagot ni Jorgasma. Tang-inang pangalan ‘yan. Di ako galit kay Jorgasma, pero napopoot ako sa mga magulang niya at pinangalanan siyang ganyan. Kami-kami na lang magkakaklase ang nagremedyo na ‘Ga’ na lang itawag sa kanya. Baka mamundok na lang kasi kung araw-araw na lang ay inaasar namin.

“Tingin n’yo ba bakla si Domeng?”

“Si Amado?”

“Gagu, siyempre si Bartolome! Maiisip mo bang bakla si Amado e bruskong brusko nga ‘yon, baka upakan pa tayo no’n…”

“So, crush mo ba si Bartolome, Rachelle?” tanong ni Ga.

"Di naman…"

"Sus, bakit namumula ka?"

"Di naman. Pero… puwede naman siya. Ganda ng mukha e. Ganda ng mata. Ganda ng buhok. Tangos ng ilong, matangkad…"

"Mahinhin nga lang."

"'Yon nga lang… at parang walang pake e. Ha ha. Parang puro aral."

"Pero kung liligawan ka ba niya, sasagutin mo?"

"Siguro…"

Nangisay sa tawanan ang mga babae na parang mga bulateng binudburan ng pinong asin at paminta. Sapat naman na 'yong asin, gusto ko lang may paminta kasi naaatsing na 'ko sa alikabok dito sa likod kakatago ko. Nang ilang minuto na'y di naman na ako ang pinag-uusapan, lumabas na lang ako.

"Kung ano-ano na naman pinagtsitsismisan n'yo!" ginulat ko sila. At tiningnan ko ang mukha ng bawat isa sa kanila, dahil gusto kong namnamin—in slow motion—ang kaba at pagkapahiya nilang andoon lamang ako at maaaring narinig ko lahat ng mga pinagsasasabi nila.

“Domeng?! G-ginagawa mo d’yan?” si Theresa ang bumasag ng tameme atmosphere nila. Hanggang ngayon, malinaw pa rin sa ‘kin ‘yong alaala ng panginginig ng boses niya.

Isang buwan bago ang final exams namin ay may paligsahan sa eskuwela. Battle of the Brains daw. Ewan, walang originality ‘yong assigned na guro na nagpangalan ng quiz bee e. Walo kaming natira sa semi-finals: ako, si Domeng B, si Berto, si Ga, si Rachelle, si Danica, si Placido, at si Karlton na laging top 2 sa klase.

Sa unang round pa lang ng semis ay laglag na kami ni Berto. Si Berto, wala e, talagang sound defeat kay Danica—tinambakan. Ako naman, close ang laban namin ni Ga. Kaya nga lang, sa ikatlong tanong, kung bakit ba naman imbes na magpokus ako sa tanong ng titser ay napapatingin ako sa nameplate ni Ga na “Jorgasma Fuentes” tapos ay natatawa ako. Naunahan tuloy niya ako sa buzzer at nasagot niya nang tama. Sumunod na tanong ay ganon ulit. At paulit-ulit kinidnap ni Jorgasma ang pokus ko sa quiz bee. Talo. Laglag. Nagharap sa finals sina Domeng at Karlton.

“Tingnan natin ngayon galing mo, Domeng” sabi ba naman ni Karlton. Yabang ampota, mukha namang hippopotamus na naka-uniform. May pa-trashtalk pa, quiz bee lang ‘to, hoy.

Gusto ko sana sabihan si Karlton na "ano pinagmamalaki mo, boy? Kelan mo ba natalo si Domeng? Lagi ka ngang nakabuntot sa likod ng grades niya e!" At di naman na pala kailangan. Pahiyang-pahiya si Karlton e. Nilamon siya nang buo ni Domeng B. Di pa tapos ang tanong ng quiz master ay batid mong alam na ni B ang sagot. Tambak si Boy Hippo. Walang kalaban-laban, zero ang points.

"Ano ang pinakamaikling dula ni William Shakespeare?" tanong ng quiz master.

Napaputang-ina ako, narinig ng isang titser sa kanan ko, siniko ako. Sino namang estudyante sa ikatlong taon ang nakakaalam no'n? Pero alam ni Domeng! Pipindutin na niya ang buzzer pero tumigil siya. Nag-gesture siya sa katunggali na mauna na ito sa pagpindot. Na-gets ko rin, kalaunan, na ginawa niya 'yon para patayin ang claim ni Karlton na nauunahan lang niya ito sa bilis ng pag-buzzer; na matapos niyang masagot ang pagkahirap-hirap na tanong na ito na inimbento ni Satanas gamit ang mga apoy ng impiyerno, sasabihin ni Karlton na "alam ko rin 'yan e, naunahan mo lang talaga ako." Pero hindi sa pagkakataong ito. Napayuko si Karlton. Hindi niya alam ang sagot at nalinaw iyon sa harap ng lahat. Hindi ko alam kung pawis pa ba ang umaagos kay Karlton, o luha na.

"Ang Katatawanan ng Kalituhan. The Comedy of Errors," buong kompiyansang sagot ni Domeng.  Palakpak ng quiz master at hurado ang nagkumpirma ng sagot ni B. Halos

ibenta na namin sa kabilang mundo ang katawan namin ni Berto, maipahayag lang ang tuwa namin. Nagsasayaw. Nagtatalon. Hindi na alintana ang pagbabawal ng titser namin. Nahulog pa si Berto sa upuan at nabaldog. Buhay pa rin naman siya hanggang ngayon. Masigagong palakpakan!

Ilang linggo naming bidang-bida ang kuwentuhang iyan. Si Domeng B naman, patango-tango lang, pangiti-ngiti lang. Ayaw pumatol sa pagpapakaprimitibo namin. Baka solb na siya sa perang premyo niya. Pero hindi lahat sa amin, masaya. Pinagkakalat ni Carlton na nandaya raw si Domeng. Nakita raw kasi ni Domeng iyong listahan ng mga katanungan sa faculty room bago ang araw ng paligsahan noong inutusan ito ng isang titser na kuhanin ang ilang visual aids sa naturang kuwarto. Di ko 'yon pinalampas.

"Hoy, Karlton, lumaban ka kaya nang patas? Talo ka e. Sana kaya mong tanggapin kapag talo ka!" hindi na sumagot si Karlton. Inabangan ko siya noon sa CR, si Berto at Pison ang look out ko. Sa isip ko, 'pag iningles-ingles ako nito, sapok 'to. Wala akong pakialam kung may posisyon sa DepEd ang nanay niya. Wala akong pakialam kung konsehal ang tatay niya. Wala akong pakialam kahit pa tito niya ang nakaimbento ng gasolina o pera o ng Bible. Di naman pumalag.

Sa natitirang mga buwan sa school year na iyon ay naging mapag-isa si Karlton. Walang kumakausap sa kanya. Maging ang dati niyang barkada ay iniiwan na siya. Wala namang titser

na pumansin sa tsismis na imbento niya. Wala ring reaksyon si Domeng B, wala siyang panahon sa mga ganyan. Lumayo sa top ang grades ni Karlton. Sa sumunod ngang taon, ang huling baitang namin sa hayskul, lumipat na siya ng paaralan.

Best in English, Best in Journalism, Best in Math, Best in Science, Best in Breathing, Best in Thinking, Best in Existing, lahat ng best, inangkin; gago rin netong si Domeng B, andamot! Pero sobrang saya ko para sa kanya. Binugbog-lambing nga namin ni Berto at Pison matapos naming malaman. Mukha nga kaming mga tanga kasi kung saan-saan kami naghaharutan. Wala na kasing mga lesson, mga huling linggo na ng pasukan no'n, kaya parang araw-araw ay nagbobolahan na lang kami ng magkakaklase at mga titser namin. Ito ang paborito kong panahon ng bawat school year. Ang mga estudyante, laging nakangiti; umpukan sa tabi, kuwentuhan, may dalang magasin, may dalang Gameboy 'yong mayayaman, iyong mahihirap naman ay nagtitinda ng karyoka—teka, si Domeng B 'yon a.

"Thank you," mahinhin na inabot ni Rachelle ang barya kay Domeng. Kinikilig. Dumiretso sa CR, naiihi na siguro. Pero dala 'yong isang tusok ng karyoka. Ano kaya gagawin n'ya sa karyoka sa CR? Bruhang toh.

"Pre, dami pa ba?" iyon na lang ang itinanong ko, kahit ang una kong naisip ay 'bakit ka nagbebenta ng karyoka?' Itatanong ko pa ba kung alam ko naman na ang nangyari?

Na-stroke kasi si Mang Fred. Wala namang regular na trabaho ang nanay ni B. At hindi naman talaga nakakaluwag sa buhay ang pamilya ni Domeng B noon pa man. Lahat ng puwedeng ipandagdag sa pangkabuhayan ay ginagawa nila. Bata pa lang kami, nagbebenta na 'yang si B kaya nga hindi 'yan sumasama sa mga tambay namin hangga't hindi pa nauubos ang mga nilalakong kung ano-ano—hanger, biko, kalamay, tuwalya, itlog na pula, kung ano-ano. Panganay si Domeng B, siyam pa ang kapatid.

"Nakarami na rin ng benta, Pre, pero dami pa rin," nakayukong sagot ni B, binibilang. "May kinse piraso pa 'to."

"Akin na 'yong tatlo," at inabot ko iyong kinse pesos.

"Salamat, Pre," sagot ni B habang isinisilid sa coin purse ang bayad ko.

Lumingon ako sa mga kaklase namin. Si Joana, si Danica, si Dindin, halata kong may crush kay B mga 'yan, di lang nila alam na alam ko.

"Joana! Danica! Din! Bili na kayo tig-tatlo o, libre kiss kay Dom B!" inabangan ko 'yong slowmo na reaksyon ng mga mukha nila; iyong pamumula, iyong paglaki ng mata. Kaunting bola-bola, napabili naman. Maya-maya'y sinamahan ko si B na maglakad-lakad sa iba pang klasrum. Ubos agad.

"Alam mo, Domeng, madali kang ibenta e, pero manipis mukha mo!" sabi ko sa kanya noong kami na lang.

"Di pa ba makapal mukha ko neto? Ikaw ba kapag ba pinagtinda ka ng magulang mo ng kakanin sa eskuwela, kaya mo?" parang pari kung magsalita si B, kahit na nakikipagtalo na pala.

Pero nasakote niya 'ko ro'n. Alam ko namang iba ang lebel ng intelek at maturity ni B kumpara sa akin. Lagi lang ako nakakatakas dahil nadadaan ko sa biro at macho-machohan. Gaya nito

"Tsss… gusto mo kahit magbenta pa 'ko ng brip e!"

Natawa lang siya. Alam ko namang di ko kaya magbenta ng brip. O kakanin. Lalo't manatiling top sa eskuwela sa kabila ng lahat ng pasan-pasan niya sa buhay.

"Pero, Pre, thank you, ha? Tama ka naman. Minsan mahiyain din kasi ako. Konti rin kakilala. Ikaw kasi, parang kahit di mo kilala, kaya mo kausapin e. Sa ngayon siguro, hindi mo kayang magtinda dahil hindi naman kailangan. Pero kung alam mong umaasa sa'yo ang pamilya mo, alam kong kakayanin mo rin—ikaw pa!" sagot ni Domeng B, sa pagtatangkang (muling) sagipin ang kaluluwa ko.

Sa huling araw ng klase namin ay nagkaroon ng kumpulan. Kami-kami lang magkakaklase. "Open forum" daw. Pauso ni Miko.

May nagtanong kung ano ang balak kuhaning kurso sa college at saang unibersidad magsusubok ng exam (kahit pa next year pa naman kami talaga graduating), merong nag-open ng problema sa bahay, may nagtapat ng sama ng loob sa isang kaklase, etsetera, busetera.

"Domeng B," tanong ni Clyde, "ngayon ka lang naman talaga namin nakasama nang ganito, lagi ka kasing busy e, may tanong kami sa'yo… may crush ka ba sa klase natin?" at sinundan ng hiyawan ang tanong ni Clyde.

Ang tagal sumagot ni Domeng B, akala mo ba ay nagko-compose pa ng essay. Tapos, nang sumagot na nga ay

"Wala e."

Ayaw maniwala ng mga kaklase. Kulang na lang ay mag-boo. At sumigaw ng "ibagsak!"

"Normal lang naman may crush a. Imposible naman kung walang crush o kahit na naging crush man lang kahit noon pa…"

"Oo nga—"

"Wag ka na mahiya—"

Kanya-kanya na ng bato. Bentang-benta ang topic. Lahat interesado. Lalande.

"Ikaw, Clyde sino crush mo rito?" tanong ni Melvin.

"Si Franz," sagot ni Clyde. Naisip ko tuloy na sinet-up lang niya itong tanungan para siya ang matanong at sumagot tuloy. Hiyawan. Tuksuhan.

"Ikaw, Franz, sino crush mo?"

"Si… Domeng. Domeng A, ha?" balik at habol ni Franz.

"Ay," reaksyon ko. "Alam ko naman 'yon." Kinindatan ko si Franz. Hiyawan na naman. "Sino pa may crush sa akin dito? Aminin n'yo na, marami akong pera—"

"Ikaw ba, Domeng A," tanong ng isa. "Sino crush mo rito?"

"Pakahirap na tanong naman niyan!" sagot ko. "Dami ko crush e, sugapa ako sa babae! Si Jacinth, si Jasmine, si Angeli, si Dindin, si Danica, si Feli…" kilig na kilig bawat isang nababanggit, mga haliparot, namumulitika lang naman ako, "si Mrs. Cruz, si Ginang Elizarda…" nakahalata na silang nanggagaga lang ako.

"Taena naman, Domeng, seryoso—"

"Bakit ba kasi?" galit-galitan ko. "Medyo totoo naman 'yon…"

Natapos rin naman ang turn ko kasi wala silang mapala sa 'kin. Binalikan nila si Domeng B.

"Dali na, Domeng [B], sino crush mo? Sige na," parang People Power na ang ginagawa ng mga kaklase namin. Nagkakaisa na sila, mapasagot lang itong si B.

"Wala kasi talaga e. Hindi talaga pumapasok sa isip ko e…" mahinahong sagot ni B.

Bumulong ako sa kanya sa pagitan ng nakapinid kong mga labi, "sumagot ka na lang, ungas. Kahit na sino, matapos lang 'to… pili ka na lang ng pinakapanget…" tapos ay sinisiko-siko ko.

"Sige na, Domeng, kahit na hindi talaga crush na crush, 'yong nagagandahan ka na lang sa girls natin dito…" May pagpikit-pikit pa ng mata, may pagkagat-labi pa ang ibang babaeng nangungulit kay B.

"Okey…" huminga nang malalim si Domeng B. Huminga rin nang malalim ang mga kaklase. Nagsimulang mag-rosaryo sa ilalim ng armrest ang iba.

"Bakla ako e"

Parang nabiyak ang lupain ng paaralan at nilamon kaming lahat. Di ko na maalala kung paano natapos ang anak ng animal na open forum na 'yon. Basta natapos. Basta nag-merge muna ang mundo ng mga tao at mundo ng mga halimaw. Nawalan muna ng sense sa daigdig. Basta maraming babae ang umiyak sa mga unan nila noong bakasyong 'yon.

Basta.

Basta.

Basta noong sumunod na taon ay nag-iba na ang turing nila kay Domeng B. 'Yong mga babae ay kaswal lang naman. 'Yong mga lalake, may aura na kapag nakakatabi o nakakasama si B sa isang grupo o tumpukan, akala mo ay pumopogi sila nang ilang antas o muma-macho nang ilang masel. Para bang pakiramdam nila ay nakalalamang na sila.

Parang ang bilis lang nagdaan ang huling baitang namin. Nagtapos si Domingo Bartolome bilang valedictorian. Nag-college kami sa Maynila, magkaibang unibersidad nga lang. Education ang kurso niya at ako naman ay Accounting. Nagkakasama naman kami paminsan-minsan, pero hindi rin mahahabang kuwentuhan. Saktong kumustahan lang. At sa bawat pagkikita namin ay naninibago ako.

Noong una'y long hair na siya. Noong ikalawa'y nagme-make up na siya at hindi na panlalake ang bihis niya. Ikatlong

pagkikita, may dibdib na. At paglipas pa'y hindi na pads lang ang boobs niya. Tuluyan nang nagbago ang anyo ni Domeng B at nakahiyaan ko na siyang akbayan. Nakahiyaang tawagin sa pangalan namin.

"Ano na ba itatawag ko sa'yo, Pre?" dumulas pa rin ang "pre," nailang tuloy akong di mawari.

"Bee ang tawag sa 'kin ng mga katrabaho ko, Ms. Bartolome tawag sa 'kin ng mga estudyante ko," natatawang sagot niya sa akin, at nagpahabol pa ng "Pre."

Hindi na siya parang pari magsalita. Parang madre na. Iyong pahabol niyang "pre" ang parang tumapik sa balikat ko na, "relax, ako pa rin ito." Gumaan naman ang loob ko. Pinilit kong huwag manibago, pinilit kong ituring pa rin siya kung paano kami dati. Sa mga sumunod pang pagkikita at pagkakausap ay ipinadama ko sa kanyang suportado ko siya sa lahat ng pagbabagong iyon. Mga simpleng

"Ganda ng buhok mo, Bee, hindi naman masyadong bruha…"

"Bagay sa'yo damit mo a. Kapag ako nagsuot ng ganyan hahabulin ako ng aso…"

"Waw, Madam, bakit masyadong maganda?"

na lagi naman niyang sinasagot ng tawa at biro. Minsan, kinukurot na ako.

Cum laude si Bee nang magtapos at nag-top rin sa LET. Isinabay pa niya ang pagtatrabaho sa pag-aaral no'n. Napag-aral ang mga kapatid. Naalagaan ang amang may sakit. *Paano ka naman hindi hahanga kay Bee?*

May pagkakataong bumalik ako sa Niyogan upang magdala ng tulong sa mga nasalanta, binagyo na naman kasi ito. Super typhoon. Doon kami nagkasama nang matagal-tagal. Guro na kasi siya sa mataas na paaralan doon. Kaming mga volunteer sa rescue at relief, kasama ang mga guro doon, nag-o-organisa at namimigay ng tulong sa mga residente ng barangay.

"Grabe naman, Bee, may bagyo na't lahat, pang-Miss Universe pa rin ang arrive," panimula ko.

"Pakabolero mo, Domeng!"

Hinatak ko si Bee. Inakbayan. Parang kusa ko lang nagawa nang di nag-iisip. Dati ko naman nang ginagawa iyon. Matagal ko naman nang ginagawa iyon. Pero na-realize kong ibang-iba na ang katawan at anyo ng dati kong Domeng B. Pero kahiyaan na e, ayoko maipahalatang awkward. Itinuloy ko na ang akbay. Hinigpitan ko pa. Kasi, naramdaman kong na-miss ko pala siya higit sa inaakala ko.

"Kumusta ba, tikbalang? Bakit wala ka pang boyfriend?"

"E wala kasing tikbalang na nagagawi rito, puro kapre," sagot ng gaga.

Nagtawanan kami. Di ko yata 'yon in-expect na marunong nang sumagot-sagot.

"Seryoso, hoy, bakit?" nag-follow up ako.

"E hindi ka naman kasi single e, kung di lang ikaw, wag na lang!" tumawa si Bee. Isang segundo. Dalawang segundo. Tatlo. Natahimik kami. Beenatukan ko.

"'To naman, parang ewan—"

"Hinde… wala. Wala lang. Ewan. Di ko naiisip e…"

"Dahil ba puro pamilya iniisip mo? Pakasaya ka naman."

"Siguro. Pamilya. Lagi ko kasi nauunang isipin na mabigyan ng ginhawa sina Ma at Pa e, alam mo naman, matatanda na rin… Masaya naman ako."

"Masaya ka naman?"

"Oo. Ewan ko rin kung bakit, pero hindi ko naiisip na maghanap ng karelasyon e. Baka gano'n lang talaga ako. Wala *pang* interes. O baka, hindi ko nakikita sa iba ang ligaya, kung ano man 'yon. Parang mas nade-define ko kasi sa pagpo-provide sa pamilya ko ang kaligayahan ko e. And I have never tried to critique or analyze myself e…"

Tumango ako. Tiningnan ko siya. Tumango akong muli. Pinisil ko ang balikat niya. Tapos ay binitiwan ko na.

“Kung masaya ka. Basta masaya ka. That’s it. Lagi naman akong proud sa ’yo.”

Ilang araw at gabi kaming magkasama do’n sa gymnasium na ginawang evacuation at help center. Di nauubos ang kuwentuhan. Kumakain magkasama. Tawa nang tawa. Parang dati pa rin. Nabalitaan kong ayos-ayos na ang pamilya niya, kahit paano. Naka-graduate na rin ang ilan sa kanyang mga kapatid, kaya lang ay nagsipag-asawa na agad. E di malamang, siya pa rin ang kasama ng mga magulang niya. Hindi naman daw siya napipilitan, gusto naman daw niya ‘yon.

Isang araw ay may dumalaw na grupo sa gym. May dala silang karagdagang relief goods, mga gamot, kagamitan. Parang politikong may mga bodyguard ang dating. Big time ang entrada. Hindi ko nakilala agad, pero alam kong pamilyar. Si Bee ang nagpaalala sa ‘kin.

“Domeng, si Karlton Mendez, alala mo pa?” pormal ang pagpapakilala ni Bee sa mamang mataba na malapit nang maibaon sa lupa ng nagbibigatan nitong mga alahas.

“Karlton?! Oh! Okay…” mataas ang energy ng mga bisig ko na humingi ng pagkamay sa dating kaklase. Na-surprise ako, at totoong nagalak din.

“I remember you—” kinamayan *naman* ako ni Karlton. Pero para siyang humawak ng tae. Bitaw agad. Nangasim ang mukha. Di ko alam kung ilusyon ko lang na ipinunas niya ang

kamay niya sa likod. "O, guys, mauna na ako sa inyo, I have a lot on my plate!"

Akala ko'y babagyong muli sa lakas ng hangin e. Talagang ipinadama sa amin ni Karlton na mahalaga ang oras niya. Kasing mahal ng oras niya ang mga damit at alahas na suot niya sa isang relief operation sa gitna ng mga sawimpalad. Ipinadama niyang hindi siya nagagalak na makita akong muli. Pweh. Kung ganon, ako rin. Di ako mahilig sa hippopotamus. I like my tikbalangs more.

Balita ni Bee, board director si Karlton sa eskuwelang iyon. Basta na lamang dumating isang araw. Mataas ang mga koneksiyon nito at malakas ang kapit. Pero bakit sa dinami-dami ng eskuwelahan ay dito gusto magpadestino?

"Mag-ingat ka d'yan, Bee," paalala ko. Ngumiti siya. Mukhang alam n'ya iyon.

Medyo gago lang ang ilang mga tao sa paligid. 'Yong iba'y kasamahan ko mula Maynila, ang iba nama'y kasamahan ni Bee—sa mismong faculty pa. Dahil nga magkasama kami sa lahat ng pagkakataon, may kumakalat na palang tsismis sa amin. At sa huling araw ito pumutok. Naabutan kong pinagkukuwentuhan ng ibang kasamahan namin si Bee. Sina Marko at Loi, mga kasama kong volunteer galing Maynila, sina Arnold at Badet na mismong katrabaho ni Bee sa eskuwelang iyon.

“Tang-ina, bro, akala ko talaga noong una, babae talaga!” nagtatawanan sila sa bawat pagitan ng mga pangungusap.

“So, nalibugan ka naman? Gago ka talaga, Marko, pakahilig mo—”

“Yuck, ulul! Di ako pumapatol sa may lawit—”

“Tingin mo?”

“‘Tingin mo,’ ano?”

“May lawit pa kaya ‘yon?”

“Puta malay ko! Tanong natin kina Arnold, sila nakakakilala d’yan e—”

“May lawit pa ‘yon, Ser!” sagot ng Arnold na katrabaho. Halakhakan ang mga perpekto.

“Paano mo nasabi?”

“Binosohan niya—” ang lulutong ng tawa.

“Saan ba ‘yon nagsi-CR, Ms. Badet? Sa inyo ba?”

“Hindi!” hagikhik naman iyong Badet na mukhang bidet. “Sa disabled nagsi-CR ‘yon. Takot lang namin kung makasabay namin sa CR ‘yon—”

"Edi takot din namin kung makasabay namin sa CR namin 'yon—" akala ni Arnold na panot ay mas nakakatawa ang hirit niya kaysa sa mukha niya.

"Bagay lang sa disabled 'yon—" nagkaisa na naman sila.

"Iyong kasama natin, si Domeng, parang may something sila a…"

"Baka boypren?"

"Baka kailangan lang ng pera" tawa na naman, parang demonyo na.

"Ikaw ba, pre? Di ba sabi mo kinakapos ka ng budget? Simplehan mo na bago tayo umalis—"

"Gago, baka mahuli ako ng boypren niya—"

Di ko rin alam kung bakit lagi akong napupunta sa ganitong sitwasyon. Pero kagaya nga ng dati ko pang polisiya, ako lang ang puwede mang-asar kay Domeng B.

"Kakagulat na ganyan pala kayo magkuwentuhan," natigilan sila sa sabat ko. Para akong switch ng mga tawa nila. Abrupt. Walang warning. Off agad. "Di siguro ako nagulat kung paglabas ko rito sa CR e nakita kong mga tambay na walang pinag-aralan ang makikita kong ganyan mag-usap. Wow. Kayo pala. Ganyan pala kayo kababaw."

“Pre, joke lang, Pre. ‘Kakatuwaan lang kami dito—” awat noong Loi na kamuha ni Long Mejia.

“E di pagkatuwaan ninyo mga sarili ninyo!” heto na naman ako, action star. “Lawit ng may lawit, may isyu kayo? E di pag-usapan na lang ninyo kung sino ang may maliit na tite sa inyo!”

Tumayo na si Marko. Nangangamoy suntukan na. Umawat na rin itong Arnold—guro ka pa namang hayup ka. Napaatras naman iyong panget na Badet.

“Okay, trans si Bee. O sabihin na lang nating bakla, malamang naman na di n’yo alam kaibahan e. Ngayon, ang tanong, porke ba bakla papatol na agad sa’yo? Porke bakla, laging naghahanap ng matsutsupa? 24/7 gusto humada? At kung sakali ngang gano’n, tingin mo naman type ka na agad? Feeling mo agad may gusto sa’yo? Brader, hiyang-hiya naman ako sa ilong mo! Hiyang-hiya naman ako sa kutis mo, puwede kita ipangliha ng bagong gawang aparador a. At ikaw? Panot! Ikaw naman, para kang tae ng aso na natuyot sa kalsada. Ikaw naman, babae ka nga, mukha ka namang kargador sa piyer!”

Kailangan ko pa bang ikuwento na nagrambulan kami sa evacuation center?

“Bakit ba ang bayolente mo?” tanong ni Bee sa akin habang isinisilid sa bagahe ko ang pouch na may lamang Betadine, bulak at plaster.

"Sorry na. Toxic masculinity na nga tawag nila d'yan ngayon e," sagot ko sa kanya. May putok ako sa labi.

"E ikaw, ano tawag mo d'yan?"

"Aktibismo," diretsong tingin at diretsong sagot ko sa mukha ni Bee. "Sa tuwing may gumagawa ng mali, sasawayin ko sila. Hindi ko 'yon puwedeng palampasin. Kailangang hindi sila maging kumportable sa ginagawa nila. Alam naman nilang mali, di ko na kelangan ituro 'yon. Pero kailangan ay matakot sila na hindi basta-basta nakalalampas ang mga gano'n."

"Edi basag-ulo na naman abutin mo?" bara ni Bee sa 'kin.

"Hindi naman suntukan ang hanap ko. May ipinaglalaban naman ako, Bee. Di naman ako basta lumalabas sa kalsada at naghahanap ng away. Salitaan lang naman sana. Sumbatan lang naman. Laitan lang naman sana. Pero kung papalag, handa ako! Di naman ako nangunguna—"

"Pero di mo naman 'yon kailangan gawin, Domeng!"

"At hindi rin naman nila kailangang gawin ang gano'n!"

"Ibig kong sabihin, di mo naman ako kailangang ipagtanggol all the time!"

"Alam ko. Pero gusto 'yon gawin, Bee!"

Sinamahan niya ako pati sa pagsakay ng taxi papuntang piyer. Ayoko kasi sumabay kina Markong ilong at sa iba pa. Niyakap ko si Bee. Hinigpitan ko na. Dinama ko ang banayad na kaluluwa sa loob ng katawang iyon. Tapos ay umapir ako, gaya ng dati. Umakyat na ako sa barko. At lumingon ako ng isang huling lingon para makita ang maganda niyang mukha.

"Salamat," sabi ng hugis ng buka ng bibig ni Bee. Hindi ko na narinig dahil nalunod na sa ingay ng mga tao at barko. Pero nakuha ko ang ibig niyang sabihin.

Isang araw ay nakatanggap ako ng masamang balita. Binayo na naman ng bagyo ang buong rehiyon, at gaya ng dati ay nag-flash flood sa Barangay Niyogan. Ngunit sabi ng mga tagaroon ay mas matindi kaysa nitong huli. Lumikas ang mga tao patungo sa gymnasium ng paaralan nila Bee. Gamit ang kakaunting rescue equipment ng barangay, gaya ng rubber boat at ilang life vest, ay sinagip nila ang ilang residenteng naiwang trapped sa kanilang mga bahay, kanilang mga bubong. Isa si Bee sa mga sumagip ng tao lulan ng rubber boat.

"Kuya Domeng, malaking bagay na nandirito ka," pinisil-pisil ni Dante ang bisig ko.

Si Dante ang kasunod ni Bee. Ikalawa sa magkakapatid. May pamilya na siya. Siya ang kumontak sa akin para ihatid ang

balita. Sampung taon muli ang lumipas mula nang huling umuwi ako rito sa Niyogan at makasama si Bee.

Naiyak ako sa kabaong ni Bee nang makita ko siya sa loob nito. Hindi ko makilala ang mukha niya. *Parang ibang tao.* Parang wax lang. Parang shell na walang laman. Artipisiyal ang hugis ng ilong at isang pulgada ang kapal ng make up. Mukhang hindi alam ng makeup artist ng patay kung lalake ba o babae ang dapat na ayos kaya't pumagitna na lang. Tangna. Pero kung ano-ano man ang gumagambala sa isip ko noo'y hindi naman iyon ang nagpaiyak sa akin. Hindi ko alam. Akala ko nga'y matibay naman ako. Akala ko'y natanggap ko na sa biyahe pa lang sa barko. Pero iyong mismong pagkakataong makita ko si Domeng B na wala nang buhay sa loob ng kahon, wala, sumuko na lang ako.

Matapos kong ipinakilala ang asawa at anak ko sa pamilya ni Bee ay nagkuwentuhan kami ni Dante tungkol sa lahat lahat ng nangyari.

May tatlong taon na pala ang nakalilipas ay natanggal sa trabaho si Bee bilang guro. Mayroon daw kasi siyang ibinagsak na estudyante. High school na ito. Delingkuwente raw talaga ang bata. Minsa'y pumapasok na lasing. O sabog. Nakiusap ang magulang nito kay Bee upang bigyan ng pagkakataon ang bata. Pumayag naman si Bee pero hindi sa paraang babaguhin lang niya ang grado nito na parang magic dahil sa awa. Binigyan niya ng remedial class kada-Sabado. Pinagtiyagaan at pinagsumikapan

niyang i-one-on-one ang binatliyo para lang matuto. Kaya lang ay naging eskandalo. Kumalat ang balita na minolestiya raw ni Bee ang estudyante. Itinanggi ito ni Bee. Wala namang ebidensiyang ano man pero talagang komplikado ang sitwasyon. Sa opisina ni Dir. Karlton Mendez nauwi ang huling desisyon.

"Matulog ka na ngayong gabi, Kuya Domeng," inayos na ni Dante ang kuwartong tutulugan ko ngayon. Si Misis at anak ko, nasa lumang bahay muna namin, kasama mga tito ko't pinsan.

Tinangka ko namang makatulog. Pero ang hirap. Paulit-ulit kasi ang pagbisita at pag-torture sa akin ng biswal na imahe ng mga pangyayaring ikunuwento sa akin ni Dante.

Kung paanong nagpumilit pa rin kasi si Bee na balikan iyong nag-iisang batang nawawala sa bilang ng mga na-rescue. Nag-iiyak daw ang nanay nito. Binalikan pa raw kasi ng bata ang mga gamit nito pang-eskuwela kaya't nasalisi sa batch ng mga isinampa sa rubber boat. Nang magronda sa bawat pamilyang nailigtas, doon nalamang wala iyong isang bata. Pinigilan ng mga taga-barangay si Bee. Isinara nila ang evacuation center at talagang humahagupit kasi ang habagat. Nang mapawi nang kaunti ang hampas ng bagyo, napansin nilang nawawala ang isa sa tatatlong rubber boat at ilang life vest. At nawawala si Bee.

Kinaumagahan, nang lubos nang bumaba ang baha, ay nakita ng mga rescuer ang batang nawawala sa tuktok ng board

ng basketbol ring. May suot itong life vest at may tali ito sa baywang na nakabuhol sa isa sa mga bar sa bakal na bahagi ng basketbol ring. Buhay ang bata, bagama't tulala pa. Sa di kalayuan ay natagpuan ang rubber boat na bahagyang nakabaon sa putik, patagilid. Ilang metro pa, ang walang buhay na katawan ni Bee.

May nagsasabing baka kuryente. May nagsasabing baka nahulog, nabagok sa kung saan. Walang makapagbigay ng eksaktong sanhi. Ang malinaw lang ay wala na siya.

Na-imagine ko kung paano siya nagpakahirap sa pagtatrabaho sa pabrika sa umaga at paglalako ng paninda sa hapon hanggang gabi, buhat nang matanggal sa pagiging guro. Mag-a-apply raw sana siyang guro muli sa Maynila—o baka nga raw abroad kung sakali, sabi ni Dante—nag-iipon lang pansamantala. Na-imagine ko ang kanyang mga kabiguan. Na-imagine ko ang kanyang mga pagbangon.

Kinabukasan, sa ilalim ng maliwanag na kalangitan ay pinarangalan ng lokal na gobyerno ang mga natatanging mamamayang tumulong at naka-survive sa "pagsubok ng kalikasan" na iyon. Iyong mga matatapang na naging bahagi ng rescue. Iyong mga dakilang nag-donate at nag-volunteer para sa pamimigay ng relief goods. At iyong mga nasawi sa kalamidad. Hindi lang naman si Bee ang nasawi. May ilan din. Pero bukod-tanging binigyan ng parangal at eulohiya ang "bayaning guro na nag-alay ng buhay para sa kapwa, para sa isang batang nanganganib." Isa-isang nagsalita ang malalapit na kamag-anak,

mga katrabaho't kaibigan. Umagos ang mga luha, umulan ng papuri't palakpakan. *Mahal na mahal pala* nila ang kaibigan ko. Iniabot sa akin ang mikropono.

Hinagod ng mata ko ang mga tao sa harap. Nandoon si Karlton, nagtatago sa mamahalin niyang shades. Nagpapanggap na nakikiramay. Tiningnan ko ang bawat mukha ng mga taong naghihintay ng aking sasabihin. Gaya rin ng dati, ito ang hilig ko: aabangan at pagmamasdan ko nang slowmo ang reaksyon ng kanilang mga mukha.

"Si Bee, ang pinakamatapang, pinakamatatag, pinakamabait, pinakabusilak, at pinakamaganda sa ating lahat!"

"Sa mga lalake—pinakamagandang lalake!" Nagpalakpakan sila, may natawa pa.

"Sa mga babae—pinakamagandang babae!" Nagpalakpakan ang kalahati.

"Sa lahat ng tunay na nagmahal kay Domingo Bartolome, mahal niya kayo. Alam naman ninyo kung sino kayo. Mahal na mahal niya kayo…"

Nagpunas ng luha ang nanay ni Bee. Yumuko ang ilang kapatid.

"Sa lahat ng mga putang-inang nag-aakalang mas magaling sila kay Bee, sa lahat ng putang-inang nag-aakalang

kaya nilang pabagsakin si Bee—ito ang tuldok sa lahat ng araw ng pagkainggit ninyo."

Natahimik ang lahat. Naalerto ang mga sekyu.

"Walang sino man sa inyo ang may bayag para tanggapin ang katotohanan na ang liliit ng mga tite ninyo. Putang-ina ninyo."

Nagbigay ako ng mahinhing pagtango. Marahan kong inilapag ang mic sa monoblock na malapit sa akin. Lumakad ako palayo nang hindi lumilingon. Toxic ba? Pake ko sa inyo. Hindi ako nagpapaliwanag sa mga plastik. Tao lang ang kaya kong kausapin. Tao lang ang kaya kong mahalin.

## ANG MGA AWTOR

Guro ng Agham Panlipunan, Filipino, Malikhaing Pagsulat, Pananaliksik, at Panitikan sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges at Wesleyan University- Graduate School si **R.B. ABIVA**, MA-MP. Awtor ng labinlimang (15) libro ng mga tula, maikling kuwento, dagli, at nobela. Kamakailan ay ginawaran ang kanyang MA-Tesis na "Uma(a)limbukay ang Dugo at iba pang Kuwentong Bilanggo" ng Pinakamahusay na Tesis Antas Gradwado (MA) ng Gawad Antonio MercadoAbad para sa Akademikong Taong 2023-2024.

Si **JOY R. ARGOTE** ay kasalukuyang nag-aaral sa kursong Malikhaing Pagsulat sa Filipino ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Hilig niya ang pagbabasa ng mga personal na akda at mga kuwentong pambata ng iba't ibang manunulat sa Pilipinas. Bukod dito, interes rin niya ang pangangalaga at pakikipaglaro sa kaniyang mga alagang hayop na sina Bella, Twinkle, at Mat-mat. Maaari kayong makipag-ugnayan sa kaniyang email na ligaya.argote@gmail.com.

Si **ARNOLD TRISTAN L. BUENAFLOR**, o mas kilala bilang Trist'n, ay isang Instruktor at unyonista mula sa UP Baguio, nagtuturo ng mga subjects sa ilalim ng  Departamento ng Wika, Panitikan, at Sining. Kasalukuyan din siyang isang gradwadong estudyante sa UP Diliman sa ilalim ng MA Malikhaing Pagsulat.  Naging fellow siya sa,  Palihang Rogelio Sicat 15 , 7th Amelia Lapena-Bonifacio Workshop, Ubbog 2023 Workshop, at paparating na 63rd UP National Writers' Workshop. Si Trist'n ay ang founding chairperson din ng Kinaiya: Kolektibo ng mga LGBTQIA++ na Manunulat, ang pinakamalaking samahan ng mga baklang manunulat sa bansa.  Tuwing iniimbitahan magsalita sa mga paaralan at advocacy group, madalas patungkol sa kwentong pambata, pananampalataya, at kabaklaan ang kaniyang mga paksa.  Sa labas ng pamantasan, siya ay naging founding chairperson ng Bahaghari UP Baguio. Noong 2018, siya ay nagawaran ng Ignite Brave Award ng Amnesty International Philippines. Siya ay isang bakla at PWD (Psychosocial disability) na manunulat. Siya ay miyembro ng The Writer's Bloc, Manunulat sa Kordi, at Ubbog Cordillera Writers. Siya rin ang Founder ng Kinaiya: Kolektibo ng mga LGBTQIA++ na Manunulat. Noong nakaraang taon, siya ay ginawaran bilang Grand Champion sa 2023 Salanga Prize ng Philippine Board on Books For Young People .Itinanghal ng Dulaang UP Baguio ang kaniyang unang dula na "Ang Pagpapalayas Kay Bakunawa" ngayong Mayo 2024. Ang kaniyang pen name ay T.El.

Si **ADELLE CHUA** ay Kawaksing Propesor sa Departamento ng Peryodismo, Kolehiyo ng Komunikasyong Pangmadla sa UP Diliman. Bago siya magturo sa UP, naging opinion editor siya sa pahayagang Manila Standard kung saan siya rin ay kolumnista at manunulat ng editoryal. Kasalukuyan siyang kolumnista sa Rappler at nagsusumite rin siya ng guest essays sa *Manila Standard*. Nagtapos siya ng AB English Literature at MA Journalism sa Ateneo de Manila University. Nag-aaral si Adelle ng PhD Malikhaing Pagsulat dahil gusto niyang maging manunulat sa dalawang wika, subukang magsulat sa iba pang anyo ng panitikan, at tangkaing gamitin ang mga tekniko sa MP sa pagsusulat ng mga piyesang pamperyodismo.

Si **Gerome Nicolas Dela Peña**, kasalukuyang mag-aaral ng PhD Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman, ay guro ng Filipino at Panitikan sa Manila Tytana Colleges at De La Salle University – Manila. Awtor siya ng walong (8) aklat ng mga tula at sanaysay. Ang kaniyang pinakabagong aklat ay pinamagatang "Ang Sabi Mo, Ang Sabi Ko" (8letters Bookstore and Publishing, 2023). Patuloy siyang nagsusulat at nagsasaliksik para sa panlipunang pagbabago.

Si **Kaian Isaac Duran** ay kasalukuyang mag-aaral ng programang BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino. Isinilang siya sa Tondo, Maynila. Mahilig siyang maglaro ng Volleyball, maglakad-lakad, mag-makeup, at makipagkuwentuhan sa mga

kaibigan. At ang pinakapaborito niyang kulay ay bughaw, ulam ay sinigang, at numero ay 7.

Si **MARVIN B. PERILLO** ay dating nangamuhan sa mga kapitalista, napagod dahil may Endo pa rin. Nakalusot bilang guro sa pampublikong paaralan. Kasalukuyang mag- aaral sa MA-MP sa UP Diliman. Nakahiligan magbasa-basa at nagpalutang-lutang kaya't nakapagsusulat.

Isang iskolar ng bayan at lider-estudyante sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman si **G. JOBERT DELA CRUZ PILLAS**. Kasalukuyan niyang tinatapos ang Associate in Arts sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa UP-Diliman. Nakapagtapos siya ng senior high school sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) nang may pinakamataas na karangalan at natatanging parangal bilang isang lider-estudyante.

Si **ERIK GUZMAN PINGOL** ay isang manlilikha. Ng mga teksto: nobela, maikling kuwento; ng literaturang grapiko: komiks, graphic novels, graphic short stories, at kung ano-ano pa. Siya ang may-akda ng *Kung May Sining sa Pagkabulok: Hinagpis at Iba pang Kuwento* (2023) at ng 2019 Palanca Grand Prize (Nobela) na *Agaw-Anino*. Kasalukuyan siyang nag-aaral ng MA sa Malikhaing Pagsulat upang subukin ang pagsusulat na impluwensado at gabay na ng akademikong sipat.

# Manlilikha

Tomo III, 2024

Literary Folio ng mga mag-aaral ng Malikhaing Pagsulat
ng UP Departamento ng FIlipino at Panitikan ng Pilipinas

## Mga Awtor

R.B. Abiva

Joy Argote

Arnold Tristan Trist'n L. Buenaflor

Adelle Chua

Gerome Nicolas Dela Pena (enye ang N)

Kaian Isaac Duran

G. Jobert dela Cruz Pillas

Erik Guzman Pingol

## Mga Editor

Elyrah Salanga-Torralba

U Z. Eliserio

DEPARTAMENTO NG FILIPINO AT
PANITIKAN NG PILIPINAS
KOLEHIYO NG ARTE AT LITERATURA
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
LUNGSOD QUEZON 1101 PILIPINAS
TELEPONO (+63.2) 981.8500 LOCAL 2123